


MGA TANONG AT MGA SAGOT

 Iyuko natin ang ating mga ulo. Panginoong Jesus, nagpapasalamat kami sa Iyo ngayong umaga para sa pagkakataong ito na makadulog sa Iyong Presensya, at sa oras na ito ng pagsasama-sama, at ang makaupo rito sa makalangit na mga dako kay Cristo Jesus. Ngayon, Panginoon, dalangin namin na patuloy Mo kaming samahan habang nag-uusap kami tungkol sa Iyo. Mapuno nawa ng kagalakan ang aming mga puso habang tinutunghayan namin ang Iyong Salita at ang Iyong mga pangako sa amin. Pagpalain Mo ang aming pastor, ang aming mga kasamahan, ang lahat ng mga kapatirang lalaki at babae na pumupunta rito para makipagkita sa amin at makapagtipon-tipon dito sa maliit na lugar na ito na itinalaga namin bilang isang tagpuan para sa Iyo. At dalangin namin na pagpalain Mo po kami sa bawat gagawin namin sa maghapon. Sa Pangalan ni Jesus ay hinihiling namin ito. Amen.

Makakaupo na kayo. (Nakuha ko na ang aklat mo, Kapatid na...?. . .)

² Medyo kaunting kagaanan ito para sa akin nang kaunti. Nagkaroon ako nung mga gawain dito at mga panayam; Magkakaroon sana ako ng mga panayam o alinman—o—o kukuha't sasagot ng mga tanong. Halos lahat ng dumating ngayong umaga'y mga pangitain, at medyo kinailangan ko lang na...Nabanggit ko kay Billy, na kung di gaanong abala si Kapatid na Neville, dadamputin ko na ang isang bunton ng mga tanong na ito at tatakbo na rito, para medyo pagaanin ang isipan ko nang kaunti. Ito'y...medyo pinapanglaw ako nito, parang...Ang mga 'yun—ang mga pangitaing 'yun ay... Pero natulungan naman ang mga tao; 'yun naman po ang pinakamahalaga. Ang pinakamahalaga, natulungan sila; 'yun —'yun ang mainam na nangyari. At kaya naman, pagkatapos ay kukunin ko ang mga 'yun nang medyo mas maaga-aga mamayang hapon, para makapagsimula na ako mamayang hapon sa mga espesyal ko, 'yung mga panayam.

³ Ngayon, nagagalak tayo ngayong umaga na makita ang mga kaibigan natin at...Ngayon, ito...Huwag n'yo itong isisi kay Billy. Mangyari kasi'y...Dapat sana'y ipinabatid niya sa mga tao kung ipagpapatuloy kong sagutin ang mga tanong na ito. Inisip kong baka malaanan ako nito ng isang, marahil isang—isang oras o humigit-kumulang ganoon para sagutin ang mga tanong. Ang ilan sa aking...gusto kong...ayaw kong umalis; gusto kong tapusin na ang mga nakabinbin ko. Kita n'yo? Pagkatapos ang mga tanong na ito at iba pa, nais ko—nais ko—nais ko lang sabihin, na aking—aking—aking natapos na ito. Napakarami kong ipinapasok...sa isipan ko; pinanenerbiyos

ako nito. At ayaw kong nerbiyusin tungkol sa anumang bagay; ako'y—ako'y uuwi na sa aking Tahanan sa Kaluwalhatian isa sa mga araw na ito.

⁴ Sinabi ng isang matagal ko nang kaibigan sa akin ilang araw na ang nakalipas, sabi, “Sobrang napapagod na ako sa pagtira sa isang maleta.”

Sabi ko, “Mahal na kapatid, may gusto akong itanong sa'yo. May gusto akong sabihin sa'yo. Uwing-uwi na ako sa aking tahanan. Uwing-uwi na ako sa aking tahanan sa loob ng dalawampung taon na, at wala naman akong tahananang uuwian.” Siyanga. Totoo po. Hindi 'yun kanais-nais na bagay para sabihin. Maaari akong maupo at umiyak para makauwi sa kung saan mang tahanan. Wala naman akong tahanan na mapupuntahan. Sa lahat ng dakong pinupuntahan ko, hindi ako puwedeng manatili roon nang ilang araw; nakahanda akong magpunta sa iba pang lugar. Ako lamang . . . naging ganoon ako; ako'y—ako'y isinilang na ganoon na. Ang tawag sa akin ng maybahay ko'y “Hanging Di-Makapirmi.” Ako nga'y—ako nga'y parito't paroon mismo. At hindi kanais-nais na mapasa ganoo ng kalagayan, pero sa palagay ko'y kailangan kong maging ganoo para sa pagmimistryo ko. Pero marami sa inyo ang humahanga sa . . . Buweno, hinahangaan natin ang paggawa ng anumang bagay para sa Diyos, pero huwag n'yong kailanman . . .

⁵ Ngayon, tayo po'y isang grupo lamang dito ng mga tagabayan ngayong umaga. Kita n'yo? Pero ako'y—ako'y uwing-uwi na sa aking tahanan. Gusto ko nang umuwi at hindi ko alam kung saan pupunta. Sasabihin n'yo, “Papaano naman ang pagpunta mo sa Arizona, naroon ang pamilya mo?” Nakakapirmi naman ako nang dalawa o tatlong araw, at pagkatapos kailangan ko nang dumako sa ibang lugar. Pumupunta ako roon, at pagkatapos nakakapirmi naman ako nang maayos doon nang dalawa o tatlong araw, at kailangan ko na naman dumako sa iba pang lugar. Kaya sadyang walang tahananang mapupuntahan, at ako'y uwing-uwi na.

⁶ Buweno, may isang Tahanan. Ako'y—ako'y uuwi roon balang araw, pero kailangan ko muna kayong tulongan. Kita n'yo? Yun ang ipinarito ko, ang matulungan kayo. At hanggang sa dumating ang oras na 'yun, hanggang sa di ko na kayo kayang tulongan pa, saka ako—ako magnanais na makauwi na sa Tahanan. Gusto ko na talagang umuwi sa Tahanan sa panahon na 'yan. Pero may isang Lugar sa kung saang dako na magugustuhan ko nang husto, na di ko na gugustuhing bumalik pa.

⁷ Siyanga't iiwan ko ang Jeffersonville; mawawala ako nang ilang linggo; gusto ko na namang bumalik. Pupunta ako sa Arizona; sa tingin ko napakainam dun; haya't gusto ko na namang bumalik. Pupunta ako sa iba pang lugar; gusto ko na

namang bumalik. At pupunta ako rito, pupunta roon, at ako . . . tapos sa tingin ko'y gusto kong pumunta rito. Darating ako rito; nandito lang ako nang ilang araw, at makikita ko kayong lahat; gusto ko na namang pumunta sa ibang lugar. Kita n'yo, nakakalat ang mga anak ko sa buong mundo, at ako—ako . . . sila na mga ipinanganak ko kay Cristo. At ako . . . Tapos wala akong tahanan. Gusto ko silang tipunin lahat isa sa mga araw na ito, kita n'yo, titipunin sila ng Ama, at pagkatapos tayo'y—tayo'y magkakaroon na ng isang Tahanan kung saan di na natin kailangang magpagala-gala pa. Kita n'yo? Nakakapagod ang pagala-gala at ang walang lugar na mapirmihan.

⁸ Papayuhan ko ang sinuman, huwag kayong maging isang batong pagulong-gulong (kita n'yo?) maliban na lang kung ito'y isang uri ng pagmiministeryo na tinatawag kayong maging ganoon, dahil . . . Aking—aking ibibigay ang kahit ano, ngayong umaga, kung mayroon akong lugar dito sa lupa na mapupuntahan at masasabi, “Ito ang aking tahanan!” Aking—aking . . . kung mayroon ako nito, magbibigay ako ng isang milyong dolyar. Kung mayroon akong lugar na masasabi ko, “Naku, gustong-gusto ko talaga rito; ayaw ko na itong iwan pa,” Aking—aking ibibigay ang kahit ano. Pero ako—ako nga'y di makahanap.

⁹ Ako'y parang tulad ni Abraham noon; hinahanap ko ang isang Bayan. Kita n'yo? Hindi ko nga ito mahanap-hanap, pero alam kong naroon ito. Pero talagang hindi ko kayang umangkop sa isang lugar man sa lupang ito. Sadyang parang hindi ito . . . Mabubuting tao, magagandang lugar, at pupunta ka rito, masyadong basa; pupunta roon, masyado namang tuyo; pupunta rito sa taas, masyadong malamig; pupunta rito sa baba, haya't, masyadong mainit. Kita n'yo? At kayo . . . Walang lugar; sadyang hindi ito ang ating Tahanan. Ayaw kong gugulin ang oras ko na umiiyak sa inyong balikat, pero ako'y . . .

Buweno, nagpapasalamat tayo sa Panginoon. Amen! Maging mapagpasalamat kayo para sa lahat ng bagay. Ganito ako, dahil sa ganito ako. Ginawa ako ng Diyos kung ano ako. Hindi ako maaaring maging ano pa mang iba kundi kung ano lang ang pagkagawa Niya sa akin, mapanglaw, at mga ganoong uri ng bagay. Sinasabi nila sa akin na sadyang kinakailangan kong maging ganoon para magsilbing tulong kung para saan Niya ako isinugo. At gusto kong maging ganoong uri ng tao. Kung ganoon ang nararapat sa akin, 'yun ang gusto kong maging. Anuman ang kalooban ng Kaharian ng Diyos, o kalooban ng Diyos, ganoon ang gusto kong maging.

¹⁰ Ngayon, manalangin tayong muli. Panginoong Jesus, nasa harapan namin ang mga tanong na ito rito, Ama. Hindi ko kayang sagutin ang mga ito, Panginoon. Ako—ako po'y hindi sapat para sa mga tanong na ito, pero alam kong Ikaw ang buong kasapatan, dahil nasa puso ito ng mga tao. Gamitin Mo

ako, Panginoon, upang pagaanin ang kanilang mga mabibigat na dalahin, maaari po ba, Ama? Sa Pangalan ni Jesus Cristo hinihiling ko po ito. Amen.

Ngayon, magsisimula na tayo sa . . . Sa palagay ko'y hindi nila ito itinetyp, kaya mangyari pong . . . Ayos lang, sa palagay ko.

¹¹ Ngayon, ang isang bagay na . . . Ang dahilan kung bakit nag-aalala ako tungkol sa mga tanong, palaging may isang nakakatuwang bagay . . . matinding bagay, pala, na palaging bumabagabag sa akin: 'yun ay ang pagsagot sa tanong tungkol sa pag-aasawa at diborsyo. Oh grabe, ang mga tawag sa telepono, maging mga liham, at isang kapatid na lalaki ang nagbalot ng kumot sa kanyang sarili at naupo sa balkonahe ko mula alas dose hanggang lumiwanag kinaumagahan. Mga ministro na tumatawag mula sa lahat ng dako, na mga ikinasal nang dalawa o tatlong beses at lahat na. Mga ministro . . . Gusto kong hilingin sa inyo ang isang bagay. Mayroon akong ilan sa mga ito na nandito pa rin, alam ko. Hindi ko pa natingnan ang lahat ng mga ito, pero may ilan sa mga ito na nandito pa rin.

¹² Tandaan n'yo lang ito! Sa inyo na mga ikinasal noon, at nakipagdiborsyo, at nagpakasal ulit, ipangako n'yo sa akin ang isang bagay. Kita n'yo? Inilagak n'yo ang tiwala n'yo sa akin. (Sa palagay ko—sa palagay ko hindi ito itinietyp. Hindi ko . . .) Inyong—inyong—inyo pong . . . Pinaniniwalaan n'yo ako bilang propeta n'yo na ipinadala mula sa Diyos, ang inyong lingkod, kung ganoon ay pagtiwalaan n'yo ang salita ko ukol dito, maaari ba? Magpatuloy kayong mamuhay kung paano ang pamumuhay n'yo ngayon. Huwag n'yong susubukan ang anumang iba pa na gaya nito, bagkus mamuhay kayo, magpatuloy lang, basta mamuhay kayo nang masaya. Mayroon kayong . . . Ligtas na kayo. Kung mga Cristiano kayo, magpatuloy lang kayong mamuhay para kay Cristo; mayroon Siyang dahilan para iligtas kayo.

¹³ Ngayon, pagbalik ko, loobin ng Panginoon, ipapaliwanag ko 'yun sa inyo sa Biblia. Kita n'yo? At huwag kayong mapanghinaan ng loob. Maraming lalaki ang nagsabi sa akin, sabi, "Buweno, mahal ko ang asawa ko, pero ako'y . . . Sadyang kailangan ko siyang iwan; ayaw ko—ayaw kong di ako makasama sa Pag-agaw." Huwag n'yong gagawin 'yun! Manatili kayo gaya ng kung ano na kayo ngayon hanggang sa makapakinig uli kayo sa akin (kita n'yo?) ukol sa paksang ito. Pagkatapos kapag ako . . . hindi ko kasi ito kayang maipaliwanag sa loob ng sampu o labinlimang minuto lang; gugugol talaga ng ilang oras para maipaliwanag ito, dahil kailangan nga na ito'y Kasulatan. Kailangan mismo na ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kung hindi, hindi ito tama.

¹⁴ Alam ko na ang mga tanong na ito na sinabi rito ni Jesus, “Kung makipaghihiwalay ang isang lalaki sa kanyang asawa at mag-aasawa ng iba maliban na lamang kung ang dahilan ay pakikiapid ay nagkakasala siya ng pangangalunya, ang sinumang mag-asawa sa babaing hiniwalayan, siya’y nabubuhay sa pangangalunya”: Ang mga bagay na ito, may dahilan si Jesus kung bakit sinabi Niya ‘yun. Diyos Siya; ‘yun ang Salita Niya.

¹⁵ Ngayon, bumalik tayo sa pasimula at alamin kung anong ibig sabihin nitong lahat, kita n’yo, tapos saka natin ito talakayin. Siyanga’t hanggang sa gawin natin ‘yun, magpatuloy lang kayo kung paano kayo ngayon, kung paano ang ginagawa n’yo noon pa man, kung kayo’y Cristiano. Kung kayo’y mag-asawang Cristiano, at kasal na kayo, at may mga anak, at mga ganoong bagay, kung anong maliliit na ugnayan ang nagbubuklod sa inyo, huwag n’yong iwan ang asawa n’yong babae o ang asawa n’yong lalaki. Huwag n’yong gagawin ‘yun. Kita n’yo? Maghintay kayo hanggang sa makarinig kayong muli sa akin ukol sa paksang ‘yun. Maaari n’yo bang ipangako sa akin ‘yun? Itaas n’yo ang inyong mga kamay! Ngayon, nagtiwala kayo sa akin na pinaniniwalaan n’yo ako. Ngayon, inyong pinagtitiwalaan ako hanggang ngayon; kaya ngayon, pagtiwalaan n’yo ako nang kaunti pa ukol sa naturang paksa.

Ngayon—ngayon, tingnan po natin, mayroon akong ilan dito na talagang maiinam na tanong sa umagang ito, ilang. . .

325. Kinakailangan bang manirahan ang lahat ng kabilang sa Nobya sa loob ng labinlimang daang milya ng tabernakulo (Sa paniwala ko’y naulit na ito noong nakaraang Linggo. Kakailanganin ko lang na kunin ang mga ito at gamitin ang mga ito sa abot ng makakaya ko.) —**labinlimang daang milya ng tabernakulo, gaya nung maririnig sa teyp numero dos ukol sa “Magiging Tahanan ng Nobya”?** Noon pa ma’y inisip ko nang magmumula ang Nobya sa lahat ng bahagi ng mundo sa oras ng Pag-agaw. Mali ba ako?

¹⁶ Hindi, mahal kong kaibigan, hindi ka mali, tama ka. Ngayon, kung may sinabi akong anuman sa teyp na magdudulot sa inyo na maniwala. . .

Ngayon, hindi ko. . . Siyanga’t ang lahat ng ito’y bago sa akin ngayon, hindi ko pa natingnan ang—ang mga ito rito. Kita n’yo? Mga bagong tipon po ang mga ito na nakuha ko noong nakaraang Linggo, at ibinalik ang mga ito sa sobreng ito, at ipinatong uli ang mga ito roon.

¹⁷ Ngayon, dito. . . Hindi, hindi kinakailangang ang Nobya ay nasa anumang partikular na lugar. Marami sa kanila ang nasa alabok na ng lupa. Sila’y nasa palibot ng mundo; marahil naroon sila sa mga yelo sa—sa mga niyebe sa hilaga, at—at alikabok naman sa mga tropikal na gubat, at—at sa buong mundo. Subalit pagtunog ng Trumpeta ng Diyos, ang mga patay kay Cristo ay

magsisibangon, magigising, at lalabas mula sa alabok ng lupa, nasaan man sila. At ngayon, dito, magiging pangkalahatan ang pagkabuhay na mag-uli. Kita n'yo? Bawat nilalang sa globo ng mundo na nakay Cristo ay magsisilabas kasama Niya kapag dumating na Siya (kita n'yo?), kahit nasaan man kayo.

¹⁸ Isipin n'yo na lang 'yung arena noong panahon ng mga naunang martir, noong itinapon ang mga Cristianong 'yun sa yungib ng mga leon, at pinatay nung mga leon ang mga Cristiano at kinain ang kanilang mga katawan. Kita n'yo? Nakakalat pa rin sila, ang mga katawan nila'y mga labing iniwan ng leon sa buong balat ng lupa. Nasaan pa man ito, hindi n'yo. . . Kita n'yo, gawa kayo sa isang sangkap na hindi nakikitang gawang-materyales, at ang Diyos ay—ay ibabalik 'yung—'yung sangkap na 'yun. Kita n'yo?

¹⁹ Ngayon, gaya ng kukuha kayo ng isang—isang selyula. Himayin mo 'yun mula sa isang selyula, at hahantong 'yun pagkatapos sa isang—isang selyula sa isang selyula, at sa isang atom, at sa isang molekyula, at patuloy na pabalik kagaya nun; at sa huli'y hahantong sa hindi na nakikita. Tumutugaygay ito mula sa isang natural, na bagay na mahahawakan mo ng mga kamay mo, patungo sa pagka-gas; mula gas papunta sa pagka-asido—asido patungo sa pagka-gas, at gas, pabalik nga mismo gaya nun, hanggang sa dulo'y hahantong itong lahat sa isang maliit na bagay, at 'yun ay espiritu. At ang espiritong ito na umokupa sa gas na ito. . . Maaaring hindi parehong gas, subalit ang mga katangian mo'y magiging eksakto sa kung ano sila muli. Kita n'yo? Kinokontrol 'yun ng espiritu.

²⁰ At ngayon, sa madaling salita, kapag naging binata ka o isang dalaga, at para nga itong, kinukunan ka ng larawan ng Diyos. . . Ngayon, kahit gaano ka man tumanda at mangulubot, gaano mang masira ang anyo mo, ano man ang mangyari, hahantong 'yun pababa hanggang sa dulo. At maaaring masira ang katawang 'yan, masira ang anyo, masunog, makain ng mga leon, anupaman, pero gawa ito sa gas, sa labing-anim na elemento ng lupa. Yun nga'y calcium, at potash, at petrolyo, at kosmikong liwanag, at iba pa, ang lahat ay nagkakalakip-lakip upang mabuo ang katawan. Ngayon, kahit pa, 'yun ay. . . Ang buong lupa'y punung-puno ng ganoon.

²¹ Pero ngayon, ang larawang ito ang pangunahing bagay. Tapos sa pagkabuhay na mag-uli, ang mga gas na 'yun, at mga asido, at mga bagay ay babalik mismo sa puwesto nito at bubuuin ang larawang ito muli. Ngayon, hindi kinunan ang larawang ito noong ikaw ay labing-anim, o labing-walo, o dalawampung taong gulang sa iyong pinaka kainaman. Kailan ito kinunan? Bago pa man nagkaroon ng patatagan ang mundo, inilagay na ito sa dakilang salansanan ng Diyos. At pagkatapos, ang tanging ginawa nito'y ihayag ang sarili rito para magawa mo ang pagpili. Kita n'yo? Pagkatapos ay naging lingkod ka na

ng Diyos. Dahil sa nalalaman na ng Diyos 'yun noong una pa lang, ginawa Siya nitong isang Manunubos, gaya ng natalakay na natin.

²² Pagkatapos ang larawang 'yun ay ganap na... Ito ang negatibo. Ang negatibong bahagi ng buhay ay itong dako na ginagalawan n'yo ngayon. At ang anuman, kung may isang negatibo, kinakailangang may isang positibo bago maaaring magkaroon ng isang negatibo. Samakatwid, kung negatibo ito, kinakailangang may positibo sa kung saang dako. At hindi ito ang tunay na bagay; anino lang ito nung tunay na bagay na darating. Ngayon nakukuha n'yo na ba?

²³ Kaya, hindi ko alintana kung ano man ang gawin nila sa inyo; hindi nila kayang sirain ang anyo na 'yun, ang larawang 'yun sa dakilang galeriya ng Diyos doon sa itaas. Hindi nito ito masisira, nasa Langit ito. Maaari mo itong sunugin, ipakain sa mga leon, gawin dito ang kung anu-ano mang naisin mo; lilitaw itong muli nang kasing tiyak na ang dalawang dalawa ay apat. Kasing tiyak gaya ng pagkakabigkas dito ng Diyos, lilitaw at lilitaw ito. Kaya, saan man kayo naroon. . .

²⁴ Ngayon, kung aking... Sa tingin ko kung pakikinggan n'yo ang teyp... (hindi ko alam kung sinong sumulat nito; walang nakalagdang pangalan, isang maliit na kapisaso lang ng papel na may asul na tinta, isinulat sa isang maliit na kuwaderno. Mukhang pinunit mula sa isang maliit—isang—isang maliit na kuwaderno.) Pero tandaan n'yo, dito, sa—sa tanong na ito ngayon, sa teyp, kung mapapansin n'yo, sinabi ko na ito, bagay na tungkol dito (maaaring hindi salita sa salita mismo, kung babalikan n'yo ang teyp para ihambing dun sa isa pa): Sabi ko, “Halimbawa, narito tayo ngayong umaga. Ang Bayan na ito na inaasam nating makita ay magiging humigit-kumulang labinlimang daang milya kuwadrado.” Sabi ko, “Aabot 'yun nang mula Maine hanggang Florida, at mula sa Eastern Seaboard hanggang sa walong daang milya pakanluran sa Ilog ng Mississippi, labinlimang daang milya kuwadrado.” Sabi ko, “Isipin n'yo 'yun, dito mismo ngayong umaga, may mga taong nakaupo rito mismo na—na talagang nanggaling nang ganoon kalayo, mula labinlimang daan milya kuwadrado, nakaupo sila rito.” Ngayon, hindi ko alam kung saan ilalagay ang Templo sa lupa, pero mayroon akong ideya na malalagay ang Templo mismo sa kung nasaan ang Palestina ngayon. Marahil dun 'yun sa taluktok ng bundok doon. Aabot ito roon. Mangyari nga, na wala nang dagat sa panahon na 'yan. Kita n'yo, ang mundo'y dalawampu't limang libong milya sa paikot nito, pero ang labinlimang daang milya ay hindi kalakihan mula roon. Siyanga't ang dakilang Bayan na ito'y naroon sa labinlimang daang milya kuwadradong bundok.

²⁵ Ngayon, ang dahilan kung bakit pinaniniwalaan ko 'yun ay dahil sa mga propesiya't mga bagay-bagay tungkol sa Bundok ng

Sion sa Jerusalem at sa mga bayan na 'yun. At doon hinahanap ni Abraham na propeta ang Bayan na 'yun, at ito yaong Nagtayo at ang Gumawa ay ang Diyos. Hinanap niya ang Bayan na 'yun sa lupaing 'yun. Naniniwala akong ito'y mapaparoon sa dako nung lupain na 'yun.

²⁶ Ang lupaing 'yun, halos hindi mo ito mahahanap sa mapa. Napakaliit na tuldok lang nito. At tingnan n'yo ang lupain na 'yun ng Rusya, at ng Estados Unidos, Timog Amerika, at ng lahat ng mga lugar doon. . . Bakit nasasabik ang Diyos sa lugar na 'yun (kita n'yo?), sa isang lugar na 'yun? Yun ang tanong. Hindi ko 'yun mapatutunayan, pero sadyang ganoon ang tingin ko rito. Pero saan man ito, papunta tayo roon, kaya purihin ang Panginoon para dun.

²⁷ Ngayon, kung nagkaroon kayo ng palagay na aking—aking sinabi na ito'y mapaparoon sa. . . sa palibot ng labinlimang daang milya ng tabernakulo, maling palagay po 'yun (kita n'yo?), dahil hindi po. Ang tabernakulong ito'y may. . . Maliit na lugar lang ito na mawawasak. At—at masusunog ang mundo, at mawawala ang lahat ng ito. At ang Indiana na ito, at Estados Unidos, at ang lahat ay matutunaw at basta malulusaw sa ibayong 'yun na magiging nagbabagang mga bato't putik. Kita n'yo? Ang lahat ng kasalanan, lahat ng mga sakit, lahat ng mga mikrobyo, ang lahat ng iba pa'y mapupuksa. "At nakita ko ang isang Bagong Kalangitan at isang Bagong Lupa, sapagkat ang unang. . ."

²⁸ Bulayin n'yo! Anim na libong taon ang Diyos sa pagtatayo ng mundong ito, na binubuo ito, inaanyuan ito. Paano Niya ginawa 'yun? Sinabi ng Biblia, "Ginawa Niya ito mula sa mga bagay na hindi nakikita"; ganoon nga, na nilikha Niya ang lupa. Ngayon pansinin n'yo; ang ganda nito. Ang mismong Manlilikha na lumikha sa lupa para sa isang layunin (sinalaula ito ni Satanas), bumaba ang Diyos para tubusin kung ano ang natira rito. At nagpunta Siya sa kung saang ibang dako at nasa Kanya pa ring layon at gawain na lumikha.

²⁹ Ngayon, gumugol Siya ng anim na libong taon para gawin ang—ang lupa, at gugugol Siya ng dalawang araw upang likhain ang Bayan na mapupunta sa lupa. Siya'y. . . "Sa Bahay ng Aking Ama ay maraming tahanan: kung hindi gayon, sasabihin Ko ba sa inyo. Ako'y paroroon upang ihanda Ko ang lugar para sa inyo (magtatayo Siya ng isang Bayan mula sa nanganganinag na ginto, na ang mga lansanga'y gawa sa ginto)." Napakagandang lugar.

Saan Niya ito kukunin? Mayroon bang anumang materyales sa mga iba pang lupa, o sa mga buwan, at mga bituwin, at mga bagay-bagay? Hindi Niya kailangang magkaroon nito, Manlilikha Siya. Umalis Siya para itayo ang Bayan. Amen! Sapat na 'yun para sa akin, hindi ba't ganoon din sa inyo?

Mabuti. Dahil kung itinayo Niya ang isang ito, at nasisiyahan ako sa isang ito, ano pa kaya kapag itinayo na Niya ang bagong ito? Oh naku, napakaganda nga. At kaya naman nagagalak akong papunta na tayo sa Bayan na 'yun. Buweno.

326. Kapatid na Branham, mahal ko ang Panginoon, pero sa nakalipas na taon ako'y—ako'y kumaharap sa isang problema. Para bang kung minsan halos wala ako sa pag-iisip ko. Ano kaya ito? Pakipanalangin po ako at ang asawa ko.

³⁰ Buweno, kung walang...Kung nasa pribadong panayam ang tao na ito, gaya n'yo na mga nanggaling doon kaninang umaga, huhugutin nito 'yun ano man ito, anuman ito. Kita n'yo? Ipapahayag ng Panginoon kung ano ito. Pero ngayon, hindi ko alam kung sino ka, at wala ka rito ngayon; sabi lang nito, "Isang kapatid na babae kay Cristo."

³¹ Ngayon, ngayon, kung ito...kung mayroong bagay na ginawa ka na mali, na bumabagabag sa iyo, kung ganoon ay siyasatin mo ito sa Biblia at tingnan mo kung anong dapat mong gawin. Pero kung wala kang ginawang anumang mali at hindi ka kinokondena sa kung ano man, malamang ito'y nerbiyos mo. Kita n'yo? Maaaring maraming bagay ang nangyari: maaaring isang nakaraang problema sa buhay mo. Marahil isa itong—isang babae rito na maaaring nasa panahon na ng menopause. Yugto kasi 'yun kung kailan ang lahat ng bagay ay tila ba suliranin sa babae, at wala namang diperensya sa kanya, gayong tila suliranin ang lahat sa kanya. At hindi naman siya nagkukunwari lang, talagang ganoon ang pakiramdam niya; totoo talaga ito. Ang sinumang tao na ninenerbiyos ay ganoon. At huwag na huwag kayong makipagtalo.

³² At kayong mga asawang lalaki sa inyong mga asawang babae, kapag naroon sila sa panahon ng buhay na ganoon, kung kayo nga'y...kung siya'y iyong sinisinta kailanman, hayaan mo siyang maging ganoon sa panahong 'yun, dahil kailangan ka niya. Talagang kailangan niya ang tulong mo; kailangan niya ng isang lilingap sa kanya, at uunawa sa kanya. Kausapin mo siya, buhatin mo siya sa iyong mga bisig na parang—parang—parang siya'y iyong kasintahan, at marapat naman talaga 'yun. At—at unawain siya, dahil dumaranas siya ng yugto na nagbabago ang kabuoan niya, at dapat na maging mabuti ka sa kanya sa panahong 'yun.

³³ Sa tingin ko 'yun ang dahilan kaya nakagawa ng mabigat na pagkakamali si G. Rockefeller. Minahal siya ng bansa, malamang naging susunod sana nating presidente. Pero noong nagsimulang magmenopause ang asawa niya, at dumanas na ng menopause, at iniwan niya ito at pinakasalan ang sekretarya niya, nakita n'yo ang nangyari? Ipinapakita nun na mayroon

pang mangilan-ngilang Amerikano na talagang malinaw pa ang pag-iisip.

Ngayon, gusto ko si G. Goldwater, sa tingin ko, o—o, si G. Rockefeller, isa siyang. . . gusto ko rin naman si G. Goldwater; gusto ko lahat. Pero ayaw ko—ayaw kong. . . Ang ilan sa inyo—ang ilan sa mga kapatid kong Republican ay nariyan na naririnig akong sinasabi 'yun, ako'y. . .

³⁴ Pansinin n'yo, pero hindi ako isang pulitiko, ang nais ko'y—nais ko'y maging isang Cristiano. Kita n'yo? At hindi ito lugar para sa pulitika. Kita n'yo? Tapos naman na ang buong bagay na 'yun, ano't anuman, pero itong pinag-uusapan natin ay Walang Hanggan. Democrat o Republican. . . Oh, napakagulo nito; hindi na ito kailanman maihahango. Tapos na ito, kaya huwag na kayong magtalo tungkol dun. Ang bagay na dapat gawin ay ang mabuhay para sa Kahariang ito. "Sapagkat dito'y wala tayong bayan na magtatagal, anupa't hinahanap natin ang Isang darating." Amen! Tama. Siyanga, po!

³⁵ Kaya ang pulitika'y isang panig ng bakod, at nasa kabila ako. Sabi ko, "Ako'y—ako'y bumoto noon; bumoto para kay Cristo; kaya sigurado akong mananalo." Siyanga. Kita n'yo? May paghalal na darating sa inyo. Kita n'yo? Inihalal kayo ng Diyos, at bumoto naman laban sa inyo ang diyablo. Ngayon, kung saan mo ilalagay ang boto mo ay kung saan ka lilitaw.

³⁶ Kaya ngayon, naniniwala akong ang tao na ito'y ano lamang. . . Iisipin ko na pagka-nerbiyos lang ito. Kung walang kumokondena sa iyo, magpatuloy ka lang at sabihin lang, "Lumayo ka sa akin, Satanas!" Basta magpatuloy ka lang. Magpursige ka't mabuhay para sa Diyos.

327. Ngayon. Mayroon bang anumang kondisyon kung saan pinahihintutulang mag-asawang muli pagkatapos ng diborsyo, ayon sa (Ngayon, titingnan ko kung ito'y isang. . . Sa tingin ko'y may dalawa o tatlong tanong tungkol dito.)—**ayon sa mga Kasulatan? Kung hindi ako—kung hindi ako nananatiling kasal sa nakara-. . . mula sa mga nakaraang panahon, ito. . . mayroon bang anumang batayan para sa diborsyo na nagpapahintulot sa iyo na muling mag-asawa man lang? Ako ay—Ako ay (b-i-b-. . .) ang. . . bibili ng teyp (Oo!) para makuha ang sagot na ito. Maraming salamat. Aasahan ko sa Linggo.**

³⁷ Buweno ngayon, sinabi ko na ito, nakita n'yo. Huwag—huwag. . . ako—ako. . . Hayaan n'yo akong isantabi muna 'yan (kita n'yo?) hanggang sa makarating tayo sa isang dako kung saan ngayon. . . kung saan ating. . . maitutuwid ang lahat ng ito. At ngayon, tatandaan lamang n'yo, 'yun ay loloobin ng Diyos, pagkabalik ko uli. Sa susunod na darating ako, loobin ng Panginoon, mangangaral ako tungkol sa paksang 'yun. Kita n'yo? At ngayon. . . At pagkatapos, ite teyp din natin ito ano't

anuman. At kung—kung masakit ito, masakit po talaga ito; kung magbubunsod ng kalinawan, magbubunsod talaga ng kalinawan. Pero magpakatampang lang kayo. Kita n'yo?

328. Minamahal na Kapatid na Branham, posible bang matamo ng isang tao ang bautismo ng Espiritu Santo at hindi magkaroon ng mgaandang kalakip, sa—sa panahon marahil hanggang sa...ilang panahon sa hinaharap at mga kondisyong itinakda ng Espiritu?

³⁸ Ngayon, maaaring mukhang nakakalito ang tanong na 'yun, pero maganda ang isang 'yun, napakaganda. Kita n'yo? Ngayon, binibigyan ako nito ng kaunting pagkakataon, na nakita kong gumagana sa aking—sa aking pamilya rito ngayon (kita n'yo?), Ang ibig kong sabihin kayo, na pamilya ko, at ang pamilya sa mundo kung saan ating...kung saan makarating ang mga teyp natin.

³⁹ Ngayon, isang malaking bahagi ng kongregasyon ko ay binubuo ng mga Pentecostal, at dahil ang Pentecostal ang pinakahuling mensahe na mayroon tayo sa mga hanay ng denominasyon. At para sa akin, tunay na sumasang-ayon ako sa kanila nang higit kaysa sa anupamang ibang iglesyang denominasyon. Nakakiling ako sa Pentecostal, dahil ito'y isang...ang mas huling mensahe. At ang lahat ng mga naakay ko na dinadala ko kay Cristo, sinisikap kong ituro sila sa ilang iglesyang Pentecostal. Pero sinasaway ko sila sa bawat paraan na alam ko kung paano, na mali sila sa Kasulatan sa pagiging denominasyon at ayaw magsilakad sa Liwanag gayong ipinapakilala na sa kanila ang Liwanag. Pero ganoon pa man, kung kailangan kong pumili ngayon na papipiliin ng anumang iglesya sa mundo, pipiliin ko ang Pentecostal pagdating sa denominasyon. Pero pagdating sa mga indibidwal, bilang kalalakihan at kababaihan, may mga tunay na Cristiano sa lahat na mga denominasyon: Methodist, Baptist, Presbyterian, mga Lutheran, at iba pa. Pero ang sinasabi ko ay tungkol sa mga sistema na kinapapalooban ng mga taong ito, hindi kailanman ang indibiduwal, kundi ang sistema kung saan nasilo ang mga taong ito sa kanilang denominasyon. Malinaw na nauunawaan nila 'yan ngayon (kita n'yo?), na sa tingin ko—sa tingin ko ang mga tao...Kung Romano Katoliko sila, Jehovah Witness, Orthodox Jew, ano pa man sila, hindi 'yun mahalaga sa akin; anupa't sila'y mga indibiduwal na kinamatayan ni Cristo para ilitas.

⁴⁰ At ngayon, ako...At nakikiayon sa kanilang sistema na kinapapalooban nila...Naniniwala akong kung gaano karami mismong mga Cristiano roon sa Baptist, ganoon ding karami sa mga Methodist, o sa Presbyterian, o kung sa ano pa. Mga Cristiano sila, mga tunay na mananampalataya. At doon mismo sa iglesyang Romano Katoliko ay may mga tunay na tao roon na tunay na kalalakihan at kababaihan na umiibig sa Panginoon.

At hindi sila umaanib sa iglesyang 'yun para malihis, umaanib sila para maituwid. Pero ito'y isang sistema roon na nagtutuon sa kanilang isipan sa maling daan. At kung dumating kailanman ang panahon na gagawa ako ng denominasyon, nilinlang ko kayo at dinala kayo sa isang sistema; malayo nawa ako roon sa ganoon. At panatilihin nawa ako ng Diyos sa tama kong pag-iisip upang ituro kayo kay Jesus Cristo, na Salita. Manatili kayo na nakapamalagi Roon. Kita n'yo?

⁴¹ Pero ngayon, tinatanong nitong tao rito ang tanong tungkol sa posibilidad ng pagkakaroon ng bautismo ng Espiritu Santo na walang mga tanda na kalakip 'yun. Ngayon, ito'y... Kung naipanganak kayong muli, kayo ay... Kung naipanganak kayong una bilang isang tao at isang normal na tao... Ngayon, sinasagot ko ito sa isang—sa isang—ising talagang madaling intindihin na paraan. Siyanga't kung naipanganak ka na isang normal na tao, gagawin mo talaga ang mga bagay na gagawin ng isang normal na tao. Tama ba?

⁴² Kapag ipinanganak ka bilang isang tao, lalakip ang mga likas na katangian ng isang tao sa iyo. Hindi ka titira sa isang punongkahoy, at susubukang lumipad gamit ang mga pakpak mo gaya ng isang ibon, o—o—o bagay na gaya nun. Hindi 'yun—hindi 'yun maituturing na isang normal na tao, na mga normal na kilos ng isang tao. Ang normal na kilos ng isang tao ay ang magtrabaho, magkaroon... mag-asawa, magkaroon ng pamilya, at gawin ang mga bagay na ito. Ganoon nga ang likas, na normal na mga tao, dahil ipinanganak kayong ganoon. Kaya naman kapag kayo'y ipinanganak bilang isang Cristiano, ipinanganak ng Espiritu ng Diyos, likas mong nakukuha ang mga katangian ni Cristo. Kita n'yo?

⁴³ Ngayon, kung kumuha tayo rito ngayong umaga sa kongregasyong ito rito diyan sa kinauupuan n'yo at makikinig araw-araw at kung ano pa sa pagtuturo, malalaman mo na magkakaiba kayo sa isa't isa, dahil kayo—kayo'y iba. Kayo'y—kayo'y iba't iba ang pagkayari; ang inyong—ang inyong mga gusto'y magkakaiba; kayo'y—kayo'y magkakaiba pagdating sa pagkain; pero lahat kayo'y kumakain ng pagkain. Pero ngayon, mula lang sa... Siyanga't ang isang indibiduwal ay gaya lang ng iba, magkakaiba kayo sa isa't isa. Gayon din ang ginagawa ng mga Cristiano. Hindi mo puwedeng sabihin, "Ngayon ang lahat..." Lahat ba'y nagsasalita ng mga wika, lahat ba'y nagsasalita ng propesiya, lahat ba'y...? Kita n'yo?

⁴⁴ Kailangan n'yong antabayanan ang mga bagay na ito, dahil nakukuha ng isang Cristiano ang—ang mga asal ng isang Cristiano; at namumuhay sila na gaya ng isang Cristiano. Sabi ni Jesus, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga nananampalataya." Pansinin: "Magpapalayas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan; sila'y hahawak ng mga ahas o... iinom sila ng mga bagay na nakamamatay; at magsasalita sila

ng mga bagong wika.” At—at ang mga bagay na ito’y aktuwal na lalakip sa mga Cristiano.

⁴⁵ Ngayon, may isang napakagandang punto ’yung tao rito: “. . . o maghihintay ba kami hanggang sa dumating ang panahon o sa mga kondisyon na itinalaga ng Espiritu Santo?” Gusto ko ’yun. Kita n’yo? Ngayon nakukuha n’yo na ba ang ideya? Kapag dumating ang panahon na itinalaga na ng Espiritu Santo! Nagtatalaga ang Diyos ng mga bagay-bagay.

At doon, sa tingin ko kung tatangkain ng mga Pentecostal (na nakikinig sa teyp na ito), mauunawaan n’yo ako kung makukuha n’yo rito kung bakit naiiba ako sa inyo sa pagdidiin sa ideyang ’yun na dapat silang magsalitang lahat ng mga wika. Hindi ko—hindi ko makita-kitang tama ’yun, dahil ito’y magiging. . . Gusto ko ng cherry pie, pero hindi na kailangan, at ako’y isang tao, pero hindi marapat na ipagpilitan kong sabihin sa inyo, “Kung hindi ka kumakain ng cherry pie, hindi ka tao.” Kita n’yo? Siyanga’t ang pagkain ng cherry pie ay isa lamang sa mga bagay na ginagawa ng isang tao. Kita n’yo? Maaaring hindi kayo sumasang-ayon sa akin doon, pero—pero ito—ito’y totoo. Ngayon, ang isa’y kakain ng ganito, at ’yung isa naman ay iba ang gagawin.

⁴⁶ Ngayon, itinalaga ng Espiritu Santo ang mga tungkuling ito, pero kapag ipinipilit mong puwersahin ang sarili mo rito. . . Kung sinabi kong kailangan mong kumain ng cherry pie, papaano naman kung nasusuka ka sa cherry pie? At mangyari nga, na sumusuka ka’t susubok pa rin na kumain ng cherry pie at nasusuka naman, at. . .? . . . Kita n’yo? Inyo—inyo—inyo lang sinasaktan ang sarili n’yo, at ganoon na ganoon ang parang ginagawa n’yo kapag nagpupumilit kayong puwersahin ang sarili n’yo na gumawa ng bagay na salungat sa Espiritu. Inilaan na Niya ang buhay n’yo para sa isang partikular na bagay. Nauunawaan n’yo ba? Kita n’yo?

⁴⁷ At kayo, kapag puspos kayo ng Espiritu, heto ang isa sa mga pinakamagandang tanda na nalalaman ko: labis kayong umiibig kay Cristo at sinasampalatayanan ang bawat Salita na sinasabi Niyang Katotohanan. Kita n’yo? Katunayan ’yun na nasa inyo na ang Espiritu Santo. At puno ng kagalakan ang buhay n’yo, at—at oh naku, ang lahat nga’y ibang-iba na (kita n’yo?) kaysa sa dati. Yun ang Espiritu Santo.

⁴⁸ Ngayon, ang mga kaloob na ito ay nasa Espiritu Santo. Ngayon, kung ang kongregasyong ito ngayong umaga, itong. . . isa lamang munti’t maliit na simbahan na puno ng. . . (Ang mga karagdagang silid, hayon nga, ay apaw-apaw na.) Pero sa. . . Isa mismong. . . (Hindi ipinabatid na sasagutin natin ang mga tanong na ito, pero ang mga taong ito’y dumalo.) Pansinin n’yo, kung ang bawat tao rito’y nasa ganap na pagkikipagkaisa sa Espiritu Santo, na puspos ng Espiritu Santo ang bawat isa sa

inyo at nasa pakikipagkaisa sa Espiritu Santo, sadyang dadami ang mga tandang ito sa gitna n'yo sa tuwina (kita n'yo?); tuluy-tuloy mismo ito. Pero kung saan may kalituhan, kung saan may pagkakaiba-iba, at kung saan tayo'y talagang pormal na, hindi na makakakilos ang Espiritu Santo sa sarili nito. Nakita n'yo? Hindi na Ito makakakilos sa pamamagitan ng mga tao. Kita n'yo?

⁴⁹ At doon, kung sinabi ko, “Ngayon kayo, ang bawat isa sa inyo, nagsasalita ba kayo ng iba't ibang wika?”

“Oo.”

“Buweno, natanggap n'yo na Ito.” “Nagsalita ba kayo ng iba't ibang wika?”

“Hindi.”

⁵⁰ “Hindi n'yo pa Ito natanggap.” Ngayon ginagawa ko ang sarili ko na isang tagahatol. Ang Diyos ang Tagahatol ng mga bagay na ito.

⁵¹ Pero masdan n'yo, sabi ni Jesus, “Ang mga tandang ito'y lalakip sa kanila.” Kita n'yo? Ang mga grupo na nagsisisampalataya, dumadaloy sa kanila ang buong kalikasan ng Espiritu Santo, at silang lahat ay puno mismo ng pag-ibig, at kagalakan, at—at sila'y isang dakilang bigkis mismo ng—ng—ng—ng mga totoong puspos-ng-kabanalan na mga tao. Kita n'yo, 'yun ang Espiritu Santo. At pagkatapos doon, nagsasalita sila ng mga wika sa pagkakataong ang mga wika'y lumilitaw (bakit), o kapag kinakailangan, haya't nagsasalita sila ng mga wika. At kapag may propesiya, winiwika nito. At oh, talagang ganap na ganap ito sa tuwina.

⁵² Tanungin n'yo 'yung labinlima o dalawampung tao na pumunta roon sa panayam kaninang umaga kung may isang salita man, na napalampas sa anumang paraan, at ganap pa nga na mga estranghero. Siyanga't. . . Humukay mismo ang Espiritu Santo roon, at tinumbok ang mga bagay na 'yun, at inilabas ang mga 'yun mismo, at sinaysay ito sa kanila. Kita n'yo, kita n'yo? Walang pagkakamali rito. Sinabi sa kanila nang eksakto kung ano *ito*, at kung ano *ito* noon, at kung ano *ito* ngayon, at kung ano *ito* na dapat gawin, at mga ganoong bagay, at kung anong ginawa nila, at kung ano ang dapat nilang gawin. Kita n'yo? Sadya ngang. . . Inilagay ito mismo sa ayos. Ngayon, kinakailangan nilang kumilos ukol dun.

⁵³ Noong isang gabi, kausap ko ang isang mag-asawa, at ako'y nasa isang—isang tahanan kung saan kami nagtitipon, o basta—nakaupo lamang sa palibot ng isang mesa't naguusap-usap. At bigla na lang, bumaba ang Espiritu Santo sa amin, at sinabi ko sa isa roon, “Nakita ko ang isang *partikular* na lalaki, at sila. . . siya'y litong-lito sa kanyang isipan tungkol sa ilang bagay,” at sabi ko, “gaya ng kalituhan sa—sa—sa espirituwal na pagkilala.” Sabi ko, “Ngayon, narito mismo ito ngayon.” Sabi ko, “Alam ko

ang iniisip mo.” At bumaling ako kaagad at di ko diretsahang sinabi ’yun at sinagot ang bawat tanong na mayroon ang lalaking ’yun sa isipan niya sa kanya, na kanyang . . . Walang nakakaalam kung ano mismo ang sinasabi ko kundi siya lang. Kita n’yo? Pero nakuha niya ’yun. Alam niya kung tungkol saan ’yun. Nakita n’yo? At ano ’yun sa kanya? Ipinapakita sa kanya, kinukumpirma sa kanya na ipinapahayag ng Espiritu Santo sa akin kung ano ang nasa isip niya. Nakita n’yo? At hindi ko na kinailangan pang sabihin sa iba pa sa kanila. Nakikinig ang lalaking ’yun sa akin ngayon mismo. Ngayon, siyanga. Ngayon, nakikita n’yo na ba kung paano ’yun? Isa ’yung pagkukumpirma.

⁵⁴ Ngayon, kung kikilos na may pagkakaisa ang buong iglesya na gaya nun, kung magkagayon siyanga’t sa gitna natin ay magpapalayas tayo ng mga demonyo, magsisihawak ng mga ahas, makaiinom man ng mga bagay na nakamamatay, haya’t lahat ng klase ng mga bagay na ito na nagaganap. Pero kapag ipinagpilitan n’yong puwersahin ’yun sa mga indibiduwal, mangyari nga na inilalagay n’yo ang sarili n’yo. . . Yun nga ay pagka-Pentecostal muli. Mangyari nga na hahantong kayo sa pagka-Babilonia, kalituhan. Hindi n’yo maaaring kondenahin ’yun. Kita n’yo? Ang mga puso natin ay puno ng kagalakan, at kaligayahan, at oh grabe, nag-aawitan ang mga ibon, ang. . . Lahat ng bagay ay sadyang maganda, grabe, talagang puspos ng Espiritu ng Diyos, at lubos-lubos nating iniibig si Jesus, gusto nating manalangin magdamag.

⁵⁵ Ngayon, hindi ko ipapahiya ang madla rito, o maging ang sarili ko sa inyo. Pero iniisip ko, kung maaari kong itanong ngayong umaga kung sino sa madlang ito ang mayroong Espiritu Santo, baka siyamnapu’t limang porsiyento sa inyo ang magtataas ng inyong mga kamay na nasa inyo ang Espiritu Santo. Pagkatapos bubuwelta ako’t bibigyan kayo ng katibayan ayon sa Biblia, haya’t isa lang, isang katibayan ayon sa Biblia; at duda ako kung may isa o dalawa pa kayang kamay na magtataas. Kita n’yo, kita n’yo? Mangyari ngang . . . ikakabit mo ito sa isang dako, pero kapag ginawa mo na ’yun (kita n’yo?), sinasaktan mo na rin ang kongregasyon mo. Pero kailangan mo silang alisin sa pagiging sanggol na ’yan at dalhin sila sa ganap na pagkagulang. Kita n’yo?

⁵⁶ Gaya ng isang sumulat nung tanong noong isang araw, dito po, na nagsabi ng tungkol. . . na may sinabi tungkol kay Kapatid na Junior Jackson. May nagpunta roon, at ang sabi nila, “Pumupunta ka lang sa mga ‘patay na patani,’” o kung anong bagay na gaya nun o kung ano. Si Kapatid na Jackson. . . Dahil ang kongregasyon ni Kapatid na Jackson, pinahihintulutan nila silang magsalita ng mga wika sa simbahan mismo. Saan man sila maabutan na nadarama ang Espiritu at gustong magsalita ng mga wika, sige mismo sila’t ginagawa ’yun. Buwen, ganoon sa simbahan ni Kapatid na Jackson. Ayos lang po ’yun. Wala

naman akong anumang laban doon, na kahit ano. Isa sa mga pinakamatalik kong kaibigan si Junior Jackson, at isang totoong banal na tao, puspos ng Espiritu ng Diyos, at magkapatid kami. Ngayon, hindi niya kailangang kainin ang cherry pie ko, maaari kong . . . O hindi ko kailangang kainin ang kanyang apple pie (kita n'yo?), pero pareho kaming kumakain ng pie. Pareho kaming naniniwala sa Mensaheng ito mismo. Yun ang kaayusan ng iglesya. Sabi ko, "Gusto kong ang iglesya ko'y magsikap na makapagtipun-tipon." Sabi ko . . . Kapag nagsimula na tayo rito, na nagsasalita na ang Espiritu Santo ng mga wika't iba pa, sabi ko . . . May nagtanong sa akin, at ang sabi, "Ngayon, Kapatid na Branham, tunay ba ang lahat ng 'yun?"

⁵⁷ Sabi ko, "Hindi ako tagahatol." Sabi ko, "Sasabihin ko sa iyo kung ano, ilagay natin ito sa pagsusulit. Pabayaang natin ito pansumandali't ilagay ito sa pagsusulit hanggang sa maiharap ang Salita rito. Pagkatapos masdan n'yo ito. Kung ang Espiritu Santo Ito, aayon Ito sa Salita; kung hindi, hindi ito aayon." Kita n'yo? Yun lang ang tanging paraan para masabi n'yo ito; pagkatapos hahatulan nito—nito ang sarili nito. Nakita n'yo? Buweno, ito—ito'y mag-aalboroto kung hindi ito ang Espiritu Santo, magagalit ito. Kita n'yo? Pero kung Ito ang Espiritu Santo, may pagpapakumbaba Itong tatalima mismo sa pagkakalinya, dahil ganoon Ito; Ang Espiritu Santo na tumatalima mismo sa sarili Nitong kaayusan.

⁵⁸ Ngayon, sa pagsasalita ng mga wika na ito at iba pa, inaasam kong ang bawat isa sa inyo'y nagsasalita sana ng mga wika. Oo naman inaasam ko. At maraming beses, ang mabubuting Cristiano . . .

⁵⁹ Nakita n'yo, kung sasabihin ko sa inyo na naroon 'yun sa programa . . . Nakakita na ako ng isang tao . . . Hindi po pala programa, ipagpaumanhin n'yo, kundi sa mga panayam kaninang umaga. May isang tao (sa palagay ko'y narito pa rin sila sa gusali) siyanga't kanilang . . . Tungkol sa pagsasalita ng mga wika . . . Totoong tao ang indibiduwal na ito, isang tunay na tao, at namuhay sila nang matuwid. At narinig nila akong sinabi na ang katibayan ng Espiritu Santo ay hindi ang pagsasalita ng mga wika, at hindi nga ito, pero pinayuhan ko ang taong 'yun na hilingin sa Diyos na mapahintulutan sila ng alinman sa pagsasalita ng mga wika o pagproposeya, dahil ito'y ang kalikasan.

⁶⁰ Ang una mismo, tinalunton ko ang taong 'yun at nalaman ko ang lugar ng kapanganakan nila, at sa ilalim ng kung anong tanda sila ipinanganak, at para masabi kung ano ang kanilang kapanganakan. Kung ano ba ang direksyon ng kanilang natural na kalikasan na nagtatakda sa kanila sa isang partikular na direksyon. Pagkatapos, noong maipanganak silang muli, narito na sila sa iba nang kalikasan. At pagkatapos, kapag natalunton mo ang kalikasang ito, 'yun ay ang loob, kalooban,

panloob na budhi. . . Yung panlabas na budhi’y nagpapakilos sa inyo sa isang paraan; ’yun ang natural n’yong kapanganakan. Pagkatapos, gagawa sila ng kung anong bagay at inilalagay sila nun sa ano? Sa ilalim ng apat, at inilalagay sila sa isang kalagayang hati. Hindi nila namamalayan ang bagay na gagawin. Sasabihin nila, “Nais ng Panginoon na gawin ko *ito*.”

61 Sa loob, “Oh, akin—akin ngang nalalaman na ito’y—ito’y—ito—ito nga’y nakalinya sa Kasulatan.” At sisimulan nilang gawin ito, at malalaman mo na lang, pakikitaan sila ni Satanas dito sa labas ng lahat ng klase ng mga depekto rito. At pagkatapos sasabihin nila, “Buweno, sa palagay ko ako’y. . .” Kita n’yo, kita n’yo? Nakikinig sila kay Satanas. Kita n’yo? Kinakailangan mong pakinggan ang bagay na ’yun na nasa loob, ’yang kung anong bagay na nasa loob mo na ayon sa Kasulatan. At huwag mong pababayaang si Satanas na tumayo kahit saan. Ito’y. . .Gawain niya ’yan na tumayo riyan at kalampagin ka nang gaya n’yan. Pero huwag na huwag kang makikinig sa kanya.

62 Pero, ang tao na ’yun, sinabi ko sa kanila. Ang sabi nila, “Buweno ngayon, kung matitiyak ko lang sana ang pagkakaroon ng Espiritu Santo.” Kita n’yo? Isang mabuting tao, talagang tapat na tao na may Espiritu Santo, pero makabubuti sa kanya na sabihin, “Ama, ibigay Mo lamang sa akin ito bilang bagay na matatayuan.”

63 Ngayon, kung itinuro ko ito ng gaya nun, ang mga tao’y aabot at susunggaban agad ’yun nang wala sa kanila kung anong mayroon ’yung tao na ito. Kita n’yo? Nagsasalita nga ang Espiritu Santo ng iba’t ibang wika, pero kailangan munang mapasa inyo ang Espiritu Santo bago Ito makapagsalita ng mga wika. Ngayon nakukuha n’yo na ba? Kaya, kung aabot ka’t hahawakan ang isang kaloob ng pagsasalita ng mga wika nang walang. . .

64 Ngayon, tandaan n’yo, maaaring tunay na kaloob ’yan; maaaring ang Espiritu Santo ’yan na nagsasalita sa inyo sa mga di-kilalang mga wika, at kayo’y mapapahamak pa rin at pupunta sa impyerno. Sinabi ’yun ng Biblia. Naniniwala ba kayo roon? Gusto n’yo bang kunin ang Kasulatan ukol dun? Gusto n’yo ng Kasulatan, itaas n’yo ang inyong kamay. “Kung ako’y nakapagsasalita ng mga wika ng mga tao’t ng mga Anghel. . .” Tama ba? Pareho mismo, ’yung isa na maaaring maipaliwanag at ’yung isa na hindi maipaliwanag, na tunay na mga wika mismo ng Espiritu Santo. “Ako’y wala pa ring kabuluhan,” kita n’yo, maliban na ’yung isa’y kalakip dito. Maaari kayong magkaroon *nito* (kita n’yo?), kaya huwag n’yong abutin *’yun* nang wala *ito*. Kamtin n’yo muna *ito*, at pagkatapos ay tunay na susunod na lalakip na *’yun* dito.

⁶⁵ Ngayon, pumapatak ang ulan sa matutuwid at sa di-matutuwid. Sumisikat ang araw sa masasama't sa mabubuti. Bumabagsak ang ulan para pahinugin ang pananim; pinahihinog din naman nito ang damo, nang iisang ulan. Maaaring bumaba ang Espiritu Santo sa isang grupo ng mga tao, at papagsalitain ng mga wika, at gawin itong tumpak mismo, kakalat sa gitna ng mga tao, at papagsasalitain ito ng propesiya, at lalabas na tumpak mismo. Ganoon nga!

⁶⁶ Kung minsan maaari kang pumunta sa isang-isang mangkukulam o isang nakikipag-ugnayan sa patay, at kaya nilang sabihin sa iyo ang isang bagay na tumpak na tumpak. Tingnan n'yo 'yung mangkukulam sa Endor kay Saul. Maaaring tumpak nga 'yun mismo; pero hindi pa rin 'yun 'yun. Mga mangkukulam sila. Pagsasalita ng mga wika, nakakita na ako ng mga demonyong nagsasalita ng mga wika, at nagsusulat sa mga di-kilalang wika. Walang ibig sabihin 'yun na anuman. Pero ang totoong bagay ay ang Salitang 'yun muli. Balik dapat sa Salita!

⁶⁷ Kaya, magagawa n'yo ang mga bagay na ito nang wala ang Salita. Pero kapag tinanggap n'yo ang Salita, at ginagawa Nito 'yun, pagkatapos nga'y masdan n'yo ito na eksaktong magaganap, eksakto mismong tama. Kita n'yo? Pagkatapos nga'y nakalinya na kayo nang eksakto.

⁶⁸ Oo, ginagamit ng Espiritu Santo ang mga tao kung papaanong itinalaga ito ng Kanyang Sariling Makalangit na karunungan. Pero ang unang bagay . . .

⁶⁹ Ngayon ano? Hayaan n'yong bigyan ko mismo kayo ng kaunting hamon na tanong dito pansumandali. Sasabihin ko, "Ilan sa inyo ang kamit ang Espiritu Santo?" Itaas n'yong lahat ang inyong kamay. Sasabihin ko, "Sige, titingnan ko kung mayroon nga kayo." Sinabi ng Biblia na ang mga mayroong Espiritu Santo ay nagbubuntong-hininga at dumadaing araw at gabi dahil sa lahat ng kasuklam-suklam na ginagawa sa lungsod. Ngayon, ilang kamay kaya ang tataas? Ilan sa inyo ang hindi matahimik sa gabi, na labis-labis ang kagalakan, ng kapangyarihan ng Diyos, at nalulungkot nang husto para sa mga tao na naliligaw, na araw at gabi'y umiiyak at dumadaing kayo dahil sa mga kasuklam-suklam na 'yun? Maaari ba ninyong . . . Kita n'yo? Sino kaya ang ganoon sa lungsod? Ilan kayang ganoon, na nasa simbahan? Ganoon ang sinabi ng Biblia na katibayan ng Espiritu Santo.

⁷⁰ Sinabi Niya sa Anghel na tagapagtatak (Ezekiel 9, hayan nga), sabi Niya, "Kunin . . . Umikot ka sa buong lungsod at lagyan mo ng tanda ang mga nagbubuntong-hininga at dumadaing dahil sa mga kasuklam-suklam na ginawa sa lungsod. Ang iba pa sa kanila, ay hayaang malipol sila ng tagapagwasak na Anghel." Kahit ilan pang miyembro sila't ilang

bagay ang ginawa nila, sabi, “Maglagay ng isang . . .” At isang lalaking may tintero ng manunulat, na nakadamit ng puti (na kumakatawan sa Espiritu Santo) ang dumating at naglagay ng tanda sa kanilang lahat na nagbubuntong-hininga at dumadaing dahil sa mga kasuklam-suklam na nagawa sa lungsod. Ngayon, sasabihin n’yo . . . At masdan n’yo kung anong sinabi Niya rin naman doon. “Lipulin ninyong lubos, maging ang maliliit na bata, matatandang babae, mga sanggol, patayin silang lahat!” Maliliit na bata? Opo!

⁷¹ Noong pumasok si Josue sa lupain ng Canaan, ang sabi niya, “Huwag ninyong hahayaang mabuhay ang isa man sa kanila. Maging isa man itong magandang sanggol, isang munting Amalecita, o Amorrheo, patayin n’yo ito! Tandaan n’yo, ang batang ito’y lalaki bilang isang Amalecita; kanyang dudungisan ang kampakamento.” At kapag bumalik ang maliliit na bagay na ’yun nang gaya nun na hindi sumasang-ayon sa Salita ng Diyos, alisin n’yo ang bagay na ’yun. Wala akong pakialam kung anong denominasyon ito nabibilang.

⁷² Sasabihin n’yo, “Buweno, mabuti sila . . .” Wala akong pakialam gaano man sila kabuting mga tao! Kung salungat sila sa Salitang ’yun, alisin n’yo ang bagay na ’yan sa inyo. Lumalaking maliit na Amalecita ’yan. Mukhang nakatutuwa, mukhang inosente; mukhang ayos lang, pero huwag kayong magkakaroon ng anumang kaugnayan dito. Layuan n’yo ito.

⁷³ “Buweno, Kapatid na Branham, ako—ako’y pumupunta rito, dahil . . . Buweno, hindi ako . . .” Tatandaan n’yo lang, ang sinumang Amalecita, anumang tumatanggi sa Salita, layuan n’yo ito; huwag kayong magkakaroon ng anumang kaugnayan dito sa anumang paraan! Ilan ang naniniwalang ’yun ay ang Katotohanan? Tunay na ito nga. Kita n’yo? Layuan n’yo ito!

⁷⁴ Sinong nagbubuntong-hininga at dumadaing dahil sa mga kasuklam-suklam na nagawa sa lungsod . . . Saan n’yo makikita ’yun? Makakapagpakita ako sa inyo ng sampung libong nagsasalita ng mga wika sa isa lang na talagang nabibigatang lubha para sa kasalanan . . . na mga di makapanalangin maski isang oras. Pero alam n’yo bang sinabi ng Biblia na . . . tatakan lamang ’yung mga nagbubuntong-hininga at dumadaing dahil sa mga kasuklam-suklam sa lungsod? Ilan po ang nakabasa na nun? Tunay! Ang Espiritu Santo ’yun na dumating para tatakan ang mga tao, at nagsabi sa tagapagwasak na Anghel, “Humayo ka’t lipulin mo ang lahat ng bagay na walang tanda sa kanila.” At ang tanda ng Diyos ay ang Espiritu Santo, ang Tatak ng Diyos.

⁷⁵ Ngayon, nasaan na ’yung mga tao na ganoong kainteressado? Naririnig ko kayo na mga tumatalon-talon at umiiyak sa simbahan; makakapagpakita ako sa inyo ng mga taong sumisigaw at nagtatatakbo sa buong gusali; makakapagpakita ako sa inyo ng mga taong nagpropropesiya, at nangyayari ito;

makakapagpakita ako sa inyo ng mga nagsasalita ng mga wika, at—at pabalik-balik na nagtatatakbo sa mga gusali, at nagsasabi ng mga bagay na talaga namang nabibigyan ng interpretasyon, na nangyayari; pero nasaan 'yung tao na nagbubuntong-hininga at dumadaing dahil sa mga kasuklam-suklam na nagawa sa lungsod? Nasaan ang nabibigatang lubha na kaluluwang 'yun? Maaari kayong bumuklat ng ilang bagong pahina roon. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

⁷⁶ Ngayon, sinubukan ko ang lahat kong makakaya para—para—para sabihin sa inyo at gabayan kayo na gaya ng paggabay ng isang tatay sa kanyang mga anak. Kayo'y mga anak ko; ipinanganak ko kayo kay Cristo sa pamamagitan ng Ebanghelyong ipinangangaral ko. Kita n'yo? At gusto ko—gusto ko—gusto kong lumaki kayo na mga ganap na ang pag-iisip na mga bata, o—o mga anak. At gusto ko kayong iharap kay Cristo sa araw na 'yun, gaya ng sinabi ni Pablo, “Isang dalagang malinis.” Na walang anumang bagay sa Salitang 'yun na hindi mariing tutugunan ng “amen” ng inyong puso.

⁷⁷ Ang kasalanan ay walang. . . Oo naman makagagawa kayo ng mga bagay na mali, pero kapag may isa, na sa simula pa lang ay kumokondena na sa inyo, “Ama, patawarin Mo po ako.”

⁷⁸ Sasabihin ko ito. Tingnan n'yo lang ang isang tao kanina. Itinanong ito sa akin ng isang mabuting binata noong isang araw. Namamaril kami ng mga squirrel. Nakakuha ako ng lima noong umagang 'yun; nag-iwan ako sa kanila ng isa para sa hapon na 'yun. Makakakuha ka lang kasi ng anim sa estado ng Kentucky; 'yun lang ang dami na pinapayagan. Kaya 'yung *naturang* lalaki na ito ang sabi niya, “Nakakuha ako ng siyam.” Cristianong kabataan, mabuting binata.

Sabi ko, “Nakagawa ka ng pagkakamali. Mali ang ginawa mo!”

Sabi niya, “Buweno. . .”

⁷⁹ Sabi ko, “Nakakuha na ako ng lima noong umagang 'yun, nag-iwan ng isa para sa hapon na 'yun. At noong nakuha ko na 'yung isang squirrel, tumanaw ako sa isang punongkahoy, at lima o anim ang nabilang ko na naroon sa dako kung saan ko sila natatanaw, umalis na't iniwan ang mga 'yun.” Sabi ko, “Lumapit ako, sa isang puno rito kanina lang, at mayroong mga labinlima o dalawampu ang naroon. Kumuha lang ako ng takdang dami, at umalis na, at pinabayaan na ang iba roon.” Sabi ko, “Kung pupunta ako sa lalawigang ito, na mangangaral sa inyo na mga kalalakihan, at sa inyo na mga taga-rito, ng bagay na tama, kinakailangan kong ipamuhay ang halimbawang 'yun.” Ang pagiging Cristiano'y hindi ang bagay na sinasabi n'yo, ito'y ang bagay na ipinamumuhay n'yo, bagay na ginagawa n'yo; ito'y isang huwaran. Kayo ang asin ng sanlibutan. Sabi ko, “Pagkatapos, sinasabi ng batas. . . sabi ni Jesus, ‘Ibigay n'yo kay

Cesar ang mga bagay na kay Cesar.' Kapag nilalabag mo ang batas para sa bilis ng pagpapatakbo roon, anong ginagawa mo? Mali ang ginagawa mo; nagkakasala ka. Ibigay mo kay Cesar kung ano ang kay Cesar, at sa Diyos ang sa Diyos."

⁸⁰ Sasabihin, "Buweno, mali ang kautusan." Hindi ko maididikta kung ano ang mali; haya't mali na labagin ang utos ni Jesus. At kung hindi mo ibinibigay kay Cesar ang mga bagay na kay Cesar, kung ganoon nagawa mo ang bagay na sinabi sa iyo ni Jesus na huwag gawin, at ang pagsuway sa kautusan ay kasalanan. Tama ba?

⁸¹ Nagkasala tayong lahat; nagagawa natin 'yun. Pero kapag nakita n'yo ang sarili n'yo na mali, itigil n'yo na ito! Minamatyagan kayo ng mga tao; ayaw magsimba ng mga tao, pero babasahin nila kayo, sinusubaybayan ang ginagawa n'yo.

⁸² Kaya, papasukin n'yo si Cristo sa puso n'yo; 'yun ang isang totoong... Si Cristo at ang Espiritu Santo'y iisa lang. Ang Espiritu Santo, ang ibig sabihin ng *Cristo* ay "Ang pinahiran." At ang Espiritu Santo ay ang Pahid na 'yun at kayo ang siyang pinapahiran. Kita n'yo? At si Cristo na nasa inyo ang nagpapahid sa inyo. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

⁸³ Kung gayon ay nasa inyo ang tamang bagay. Pagkatapos Kanyang magagamit na kayo sa anumang nais Niyang paggamitan sa inyo, dahil kayo'y nasa Katawan at napapailalim sa alinman sa mga kaloob na 'yun. Pero kita n'yo, ang magkaroon ng mga kaloob na labas sa Katawan, wala itong maidudulot na mabuti sa inyo. "Kung ako'y magsalita ng mga wika ng mga tao't ng mga Anghel, kung wala namang pag-ibig, wala akong mapapakinabang. Kung mayroon akong pananampalataya at nauunawaan ko ang lahat ng mga hiwaga ng Diyos, wala akong mapapakinabang. Kung ibigay ko ang aking katawan para sunugin bilang isang hain, ipamigay ko ang lahat ng aking ari-arian sa mga dukha, kung mayroon akong pananampalataya para mapalipat ang isang bundok, wala akong kabuluhan." Kita n'yo? Huwag kayong umasa sa mga bagay na 'yun. Ang Espiritu Santo ay isang Katauhan; Ito'y ang Diyos, ang Diyos na nasa inyo, ang Persona, Diyos, na nagliwanag sa buo n'yong pagkatao. Binago na kayo; kayo'y bago nang nilalang. Anumang maliit na bagay na mali, sasabihin Niya sa inyo na mali 'yun, kaya naman hinihinto n'yo na; hindi n'yo na ginagawa ito. "Ama, hindi ko po sinasadyang gawin 'yun, patawarin Mo po ako." Kita n'yo? At 'yun ay—'yun ang Espiritu Santo.

⁸⁴ Wala akong pakialam gaano ka mang nakakapagsalita ng mga wika, gaano ka mang nakakatakbo, gaano ka mang nakakatalon, gaano mo mang ginagawa ang *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*. Kita n'yo? Kahit ano pa ang nagawa mo, walang katiting na halaga 'yun kung wala roon ang Espiritu Santo para magkondena sa inyo sa mga bagay na tama at mali.

⁸⁵ Ngayon, 'yun ang dahilan kung bakit ang personang ito rito'y tama. Hayaan mong ang Espiritu Santo ang gumawa nito. Pero ngayon (kita n'yo?), ngayon, ano ang sanhi nito... Hayaan n'yong sabihin ko ito nang may pag-ibig, na diniligan ng pag-ibig at—at pinahiran ng Salita. Kita n'yo? Kung nasa iyo ang tunay na Espiritu Santo, hindi mo pag-aalinlanganan 'yun. Batid mo ito mismo, isa itong pang-individuwal na bagay sa pagitan mo't ng Diyos. Kita n'yo? Alam mong may bagay na nangyari. Alam mong may pagbabago, kung may anumang—anumang ibang bagay pa, ay ikaw mismo, ikaw 'yung pagbabago. Kita n'yo? Ikaw ang gumawa ng pagbabago, sa loob mo, at nalalaman mong nasa iyo na Ito. Nakapagsalita ka man ng mga wika, nakatalon ka man, nakasigaw, o anumang iba pa, nalalaman mong nabubuhay sa loob mo ang Diyos, na hindi ka na lumalakad sa sarili mong pag-iisip, ang pag-iisip na ni Cristo ang pumapatnubay sa iyo sa pamamagitan ng Salitang 'yun, nang sadyang eksakto sa daan na tinatahak Nito.

⁸⁶ Ngayon! Pero ibig kong...Kung sasabihin ng mga tao, “Buweno, kung ganoon, Kapatid na Branham, hindi ka ba naniniwalang dapat kaming makapagsalita ng mga wika?” Kita n'yo? Mangyari nga na taliwas ka mismo sa bagay na kasasabi ko lang. Tunay, naniniwala akong dapat kayong magsalita ng mga wika. At ang ilan sa inyo rito... Kita n'yo? Pero nakukuha n'yo ang mga ito, at...nakukuha ko ang mga ito, katulad dito na labinlimang daang milyang ito (nakita n'yo?), mula rito sa tabernakulo. Mangyari nga, na kung hindi n'yo ito nauunawaan, siyanga't tanungin n'yo ako. Kita n'yo? Sulatan n'yo ako rito kung hindi n'yo nauunawaan. Sabihin n'yo lang kung ano ang sinasabi ko rito. Kita n'yo? At ako... At kayo... Gaya ng sinabi ni Pablo, “Tularan ninyo ako gaya naman na tinutularan ko si Cristo.” Kita n'yo? Mangyari nga na kung makikita n'yong mali ako, kung ganoon ay lumayo kayo sa akin, kita n'yo, ganoon lang, dahil ako—ako yaong mali. Kita n'yo?

329. Pakipaliwanag po. Sinasabi ng mga tao na higit pa sa isang tao si Kapatid na Branham, na kaya niyang lumikha, at maaaring kamukha ni Jesus si Kapatid na Branham.

⁸⁷ Ngayon, hayaan n'yo akong... Ang taong may sabi nito. Sino man ito, hindi ko alam. Pero ako po'y kapatid n'yo. Kita n'yo? Si Jesus ang Tagapagligtas n'yo. Hindi ako maaaring maging Tagapagligtas n'yo, dahil kayo'y iniligtas na Niya. Ngayon, napakalapit mo sa pagiging Katotohanan doon, at gayumpaman ay napakalayo sa Katotohanan, siyanga't itong tao na nagsabi nito sa taong ito. Ngayon, ito lamang ay isang... Mukhang sulat-kamay ng babae para sa akin, napakagandang sulat-kamay. At masasabi kong sulat-kamay ito ng isang babae hindi ba? Kapatid na Capps, hindi ba't iisipin mong sulat-kamay 'yan ng isang babae? Isang magandang sulat-kamay. At hindi ko alam kung sino ito. Kita n'yo?

⁸⁸ Ngayon, “Kapatid na Branham, maaari kayang kamukha mo si Jesus, o ikaw si Jesus, o bagay na parang ganoon?” Sa isang kahulugan nung salita, ay ’yun mismo ang Katotohanan; pero ang isa pang kahulugan nung salita ay isang anticristo. Yun ang kaibhan sa pagitan ng tama at mali. Ang gawin akong Persona ng Panginoong Jesus Cristo, ay magbubunsod ng pagiging isang anticristo (kita n’yo?), dahil ang Persona na ’yun ng Panginoong Jesus ay nakaupo sa kanan ng Karangalan sa kaitaasan, at muling darating sa dakilang kapangyarihan at kaluwalhatian. Pero para sa Kanyang Buhay na nasa Kanya noon ay napasaakin, at napasainyo na taglay Siya, ito mismo ang Katotohanan; at kayo’y naging si Cristo.

⁸⁹ Naaalala n’yo pa ba ’yung mensahe ko tungkol sa maliliit na Mesiyas? Kita n’yo? Kayo’y . . . Ang ibig sabihin ng salitang *Mesiyas* ay isang . . . “ang Isa na pinahiran.” Ngayon, kayo ay ganoon nga, kung nasa inyo ang Espiritu Santo, kayo’y nagiging isa na pinahiran. Kita n’yo? Gayunman ay may lahat ng iba’t ibang klase ng mga pinahiran.

⁹⁰ Ngayon masdan, kung ito’y mga pinahiran ng Biblia. Marami sa kanila ay pinahiran . . . Kita n’yo? Ang buong bagay ay napakalaking kalipunan nga ng . . . bawat klase ng mga pinaghalo-halo; at—at ng . . . Pumasok si Satanas gamit ang lahat ng kanyang katusuhan at ginaya ito nang sadyang eksaktong-eksakto, halos eksaktong-eksakto. May iisang paraan lang para lubos kang makatiyak; suriin mo ang salita sa salita, salita sa salita! Yun ang tanging paraan na matitiyak mo.

⁹¹ Pero sa akin bilang isang—isang tao, bilang William Branham, o—o sinumang iba pang lalaki o babae para ipaging ang Panginoong Jesus Cristo, na ating Tagapagligtas, ’yun nga’y isang kamalian. Pero ang mapahiran ng Kanyang Espiritu, na nagdadala ng Kanya Mismong Persona ng Kanyang Buhay sa inyo . . .

⁹² Ito’y napakagandang pagtitipo kina Elias at Eliseo, noong kinuha paitaas si Eliseo, si Elias, ang matandang propeta, pauwi na ng Tahanan. At pagod at nanghihina na siya; at may isang karwahe na nakatali roon sa kabila ng ilog, at siya . . . para dalhin na siya pauwi sa Tahanan sa pamamagitan ng mga kabayong apoy. At napansin n’yo ba noon, noong tinawid ni Elias at Eliseo ang ilog? Naroon ang paaralan ng mga propeta na nakamatyag sa kanila. At kinuha ni Elias ang kanyang balabal at, o, hinampas ang ilog. At noong nahampas ito, nahati ito, at tumawid siya. At sinabi niya sa batang propeta, “Ano—ano’t sinusundan mo ako? Ano—ano—ano ba ang gusto mo?”

⁹³ Ang sabi niya, “Na ang dobleng bahagi ng iyong espiritu’y mapasaakin.” Dobleng habagi ng makapangyarihang propetang ’yun ay mapasaakin?

Sabi niya, “Ang hinihingi mo’y isang mahirap na bagay; gayunma’y kung makita mo ako sa pag-alis ko, kung ganoon ay mapapasaiyo Ito.” Kaya makikinita n’yo kung gaano niyang binantayan ang propeta.

⁹⁴ Ngayon, noong araw na ’yun, ang propetang ’yun ay ang Salita, dahil siya ang kahayagan ng Salita sa mundo. Kita n’yo? At alam niyang tiyak na may darating na isang mas dakilang pagmiministryo, dahil nangangailangan ito ng mas dakilang bagay. At noong naparito si Jesus sa lupa, Siya ang Elias. “Ang mga bagay na ito na Aking ginagawa ay gagawin din naman ninyo; lalong dakila kaysa sa mga bagay na ito ang gagawin ninyo, sapagkat Ako’y pupunta na sa Aking Ama.” Ngayon, papaano n’yo ito gagawin? Bantayan n’yo Siya! Sino Siya? Ang Salita! Kita n’yo? Bantayan n’yo Siya!

⁹⁵ Ngayon, pagdating sa paglalang ng mga bagay, totoo ito. Hindi kailanman diretsong lumikha si Jesus ng anuman at pinalitaw ito. Kumuha Siya ng isang sangkap muna. Kumuha Siya ng tubig, gumawa ng alak. Kumuha Siya ng tinapay at gumawa ng mas marami pang tinapay. Kumuha Siya ng isda at gumawa ng mas marami pang isda. Pero ipinangako Niya na lalong dakilang mga bagay kaysa rito ang gagawin. Kita n’yo? Nakita n’yo? Ngayon, bakit? Ito kasi’y nasa mas masamang panahon kaysa sa noong narito Siya. Kita n’yo? Siya pa rin ito, pero ginagamit ang inyong tabernakulo. Kita n’yo?

⁹⁶ At ang tao na ito na nasa inyo, na inyong kapanganakan . . . Ikaw si John Doe; ipinanganak ka sa isang *partikular* na buwan, at ipinanganak ka sa ilalim ng isang *partikular* na bituwis; ipinanganak ka sa ilalim ng isang *partikular* na bagay, at may kinalaman ’yun sa iyo. Tunay nga!

⁹⁷ Alam kong dati akong . . . Sinasabi dati ni tatay, “Hindi ko puwedeng itanim ’yang mga patatas sa ganitong oras, dahil hindi tama ang buwan. Hindi mo pa puwedeng itanim ’yang mga patatas, Billy.”

⁹⁸ At sabi ko, “Hindi ko naman itatanim ang mga ito sa buwan, itatanim ko naman ang mga ito sa lupa!”

Sabi, “Buveno, nagmamarunong ka’t, bahala ka na nga riyon! Di bale’t kapag nakakakuha ka na ng ilang bukol sa ulo mo’t may matututunan ka.” Natuto nga ako. Natuto nga.

⁹⁹ Sinasabi ko sa inyo: kumuha kayo ng tabla’t ilapag n’yo ’yun doon sa damuhan sa dilim nung buwan at tingnan n’yo ang mangyayari. Mamamatay ang damong ’yun ora mismo. Ilapag mo ’yun sa liwanag ng buwan; maaari mo itong hayaang nakalapag lang doon nang isang linggo; hindi ’yun makakapinsala rito maski kaunti.

¹⁰⁰ Masdan n’yo ’yung dagat kapag nagbabago ang buwan doon. Kapag ang tubig . . . Kapag umaalis ang buwan, sinusundan ito ng tubig, at milyun-milyong milya nga ito mula sa lupa. Hindi

lang 'yun, pumunta kayo rito sa estado ng Kentucky at ibaon mo ang isang tungkod sa lupa hanggang sa marating mo 'yung tubig-alat; at panoorin mo ang tungkod na 'yun, kung gaano nang kalalim kapag 'yung buwan. . . kapag dumating 'yung taas ng tubig at panoorin n'yo kung papaanong lulubog 'yung tungkod, diretso sa ilalim ng lupa. Ganoon nga!

¹⁰¹ Magtanim ka ng bagay na gumagapang sa ibabaw ng lupa. Sa dilim ng buwan panoorin mo itong pumapailalim at nagiging parang sa isang labanos o singkamas. Itanim mo ito sa kabaligtarang paraan at panoorin mo itong gumapang sa ibabaw ng lupa. Tunay, may kaugnayan ito.

¹⁰² Bakit may bato ng kapanganakan ng bawat isa sa mga patriyarkang 'yun si Aaron sa kanyang pektoral? Tingnan n'yo 'yung mga nanay noong magbigay sila ng pananalita. Noong ang mga nanay at ang mga babaing Hebreo na 'yun na nanganak ay nagbibigay ng pananalita ukol sa mga batang 'yun na isinisilang, inilalagay nun ang kanilang pangalan; sinasabi nito ang kanilang kapanganakan; inilalagay sila nito sa sariling-bayan; inilalagay sila tungo sa walang hanggan.

¹⁰³ Isa sa mga araw na ito kapag dumating ako't mananatili nang kaunting panahon, gusto kong talakayin ang paksang 'yan. Mismo! Pagkatapos masdan n'yo si Jacob noong mamamatay na siya roon, noong ipinatong niya ang kanyang mga kamay sa mga patriyarka't binasbasan sila, sinabi niya sa kanila kung saan mismo sila. At 'yun ay ayon mismo sa kanilang pangalan, at ayon mismo sa kanilang kapanganakan. At oo, may kaugnayan ito sa inyo.

¹⁰⁴ Ngayon, 'yun ang landas ng inyong pagkasilang; 'yun kayo mismo, isang natural na lalaki o isang natural na babae. Pero kapag naipanganak kayong muli, hindi 'yun ang panlabas na budhi. Ang panlabas ay kung anong nakikita n'yo, nalalalahan, nararamdaman, naaamoy, at naririnig, pero ang loob nun ay kung ano talaga kayo. Ngayon, ito rito sa labas, tinutukso kayo at pinatutumba kayo ni Satanas sa lahat ng paraan dito; pero sa loob dito ay hindi niya magagawa 'yun maliban na pahintulutan n'yo siyang gawin 'yun. Dahil dito mayroon kang pananampalataya, at hindi nagmumula ang pananampalataya sa panlabas na budhi, nagdadahilan ito. Anupa't sa pananampalataya'y walang pagdadahilan. Nakuha mo kasi ito mula sa Diyos, at alam mong naroon ito. Di ko alintana kung gaano man itong mukhang mali, alam mo pa ring tama ito; ito'y GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Kita n'yo? At walang makagagambala roon. Walang makagagambala roon; patuloy lang ito sa pagkilos. Wala lang para rito ang mahirap; patuloy lang ito sa pagsulong, dahil Ito ang Salita. At ang Salita ay ang Tabak, at humihiwa ang Salita. . . pinapalaya ng Tabak ang Sarili Nito sa lahat ng iba pa. Nakikita n'yo? Kinakailangan

ng kamay ng pananampalataya para panghawakan ang Salitang 'yun. Kailangan ng pananampalataya na 'yun na . . .

105 Ngayon kita n'yo, kapag ang panloob na budhing 'yun. . . . Heto ang loob; heto naman ang labas. Nahahayag Ito rito, ang Katotohanan; dito sa labas, ito'y pagdadahilan. Ngayon, hindi ba't mukhang makatwiran kung sasabihin lang natin, "Pumunta na lang tayong lahat at sumama sa Assemblies?" Ngayon, gusto ko ang Assemblies of God, gusto ko ang Oneness, gusto ang lahat ng mga iglesyang 'yun. "Bakit hindi na lang tayo pumunta't makianib sa kanila, marahil makabubuti 'yun." Yun ay pangangatwiran, ang panlabas. Pero doon sa loob, masdan n'yo ito. Kapag nakita n'yo rito, ito'y—ito'y di sasang-ayon, tapos. . . . Tingnan n'yo ang Assemblies. Maraming bagay ang ginagawa nila na hindi ako naniniwalang ito'y—ito'y batay sa Kasulatan, at mapapatunayan sa kanila na hindi 'yun batay sa Kasulatan. Pero napakaraming kaisipan ang naroon. Libo-libo sa mga kapatid na lalaki't babaing Assembly na naniniwala rito, sa Salita, at hindi naniniwalang tama ang itinuturo ng Assemblies. Pero nasasala-salabid sila.

106 Ang mga Baptist, ang Presbyterian, ang Oneness, at ang lahat ng iba pa sa kanila, naroon sila't nasasalabid sa dako kung saan nagtitipon ang isang grupo ng mga kalalalahanan at pinangangatwiran ito. At napakalaking karangalan ang ibinibigay sa isang tao. Narito ang isang obispo na nakaupo rito, pangkalahatang tagapangasiwa; kapag may sinasabi siyang anumang bagay, ano naman ang masasabi ng mababang tao? Takot nga siyang sabihin ang anuman. "Sumasang-ayon ako sa iyo. Oo, tama 'yan! Uh-huh! Opo, Obispo, o—o Presbitero, ika'y. . . 'yan nga'y tumpak talaga." Sumasang-ayon siya sa kanya.

107 Heto, ipagpahalimbawa na lang natin ang isang lasenggo rito sa lansangan, na nilalagpas-lagpasan lang ng isang ordinaryong mamamayan sa kalsada't nakakapagsabi pa, "Ang matandang palaboy, walang mapapala sa kanya." Pero dalhin mo siya rito, ipasok mo siya sa kapulisan, at maglagay ng isang tsapa sa kanya, at isang baril sa kanya. "Magandang umaga, John, napakasayang makita kang muli!" Kita n'yo? May respeto't pagtatangi na sa isa't isa.

108 Sabi ni Jesus, "Paano ka magkakaroon ng pananampalataya kapag mayroon kayong pagtatangi?" Yaong tipo, na alam n'yo na, na hinihingi sa atin, pagrespeto sa isang. . . . Haya't hindi ko lang naaalala kung ano mismo 'yung termino roon. Pero, kapag ang ibig n'yo ay pagtatangi sa isa't isa. Kita n'yo? Hindi maari 'yun.

109 At kapag umaanib ang tao sa isang organisasyon, nauupo sila; at natatakot ang mababang tao na magsabi ng anuman, dahil obispo na ang nagsabi, ganoon na ang sinabi ng presbitero.

Siyanga't huwag n'yong balewalain 'yung tao, paniwalaan mong isa siyang mabuting tao; pero palagi n'yong tatandaan, ang Salita ng Diyos ay tama at ang lahat ng iba pang salungat ay mali. "Ang Aking Salita ay maging katotohanan, at ang salita ng bawat tao'y maging kasinungalingan." Nakikita n'yo? Iyon ang gusto nating gawin, ang sampalatayanan 'yun.

¹¹⁰ Ngayon tandaan n'yo, hindi tayo ang Salita, pero tayo ang Salita. Uh-huh! Nakukuha n'yo na ba? Si Jesus ay hindi Diyos, pero Siya ang Diyos. Isa Siyang Tao, gayunman Siya ay Diyos. Maaari Siyang umiyak, at sa kabila nun ay kaya Niyang buhayin ang patay. Maaaring umiyak Siya para sa isang tao na namatay at buhayin ang taong 'yun muli. Siya ay Jehovah-jireh, Jehovah-rapha, Jehovah Manasses; Siya si Jehovah, nang buo't lubusan. Siya ay Jehovah, at gayunman isa Siyang Tao. Kanya ang lupa, at ginawa ang lupa, at walang lugar na mapaghihimlayan ng Kanyang ulo. Sabi Niya, "Ang mga ibon na ginawa Ko ay may mga pugad, at wala Akong lugar na mahihimlayan ng Aking ulo. Ang mga lobo, na ginawa Ko, ay may mga yungib sa lupa, at ni wala Ako isa man sa Aking Sarili, kahit mapaglilibingan man lang." Siyanga. Kinailangan Niyang humiram ng libingan ng iba para mapaglibingan.

¹¹¹ Nilikha Niya ang bawat sinapupunan na nasa isang babae. At wala Siyang sinapupunan para mapagsilangan; kinailangan niyang humiram ng isang sinapupunan. Nilikha Niya ang lupa at walang lugar na mapaglilibingan; kinailangan Niyang humiram ng li-...yungib sa lupa, para mapaglilibingan, kay Jose ng Arimatea. Kita n'yo? Kinailangan nila—kinailangan nilang—kinailangang humiram ng lugar, gayunman ay Diyos Siya, pinatunayang Siya ang Diyos.

¹¹² Ngayon, nauunawaan n'yo na ba? Hindi tayo... Maliliit na Mesiyas tayo, pero hindi ang Jesus na 'yun. Siya ang ating Ama; pinahiran lamang tayo ng Kanyang Espiritu, at 'yun ang dahilan kung bakit ang Kanyang Buhay... At ibinubunsod nun ang mga tao. Kita n'yo, kung hindi ka hihinto't pagbubulayan ito nang mabuti, siyanga't maibubunsod nito na maniwala ang mga tao, "Buweno, ang lalaking ito ang Mesiyas." Tiyak siya nga.

"Itong isa naman dito'y maaari nga." Pareho sila. Kita n'yo? "Buweno, papaanong dalawa sila?" Libo-libo sila. Kita n'yo?

¹¹³ Pero nakita n'yo, ang Kanyang Buhay ay nabaha-bahagi noong Araw ng Pentecostes. Noong bumaba ang Haliging Apoy, nabaha-bahagi Ito na tulad ng mga dila at lumagay sa ibabaw ng bawat isa sa kanila, binaha-bahagi ng Diyos ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga tao, dahil ang Iglesya at si Cristo ay Isa, kung paano mismo na ang asawang lalaki at ang asawang babae ay isa.

330. Kapatid na Branham, paano ko maipapakita sa maybahay ko na talagang may malasakit ako sa kanya at gayunman ay

maglaro . . . o manatili sa Salita (Ang sabi'y)—manatili—manatili sa Salita, pero may tanong pa rin na gaya nito na sinasabi: “Bakit hindi mo isagawa kung ano ang ipinapangaral mo o sinasampalatayanan mo?”

114 Buweno kung ganoon, kung ang maybahay, kung sinasabi ito sa iyo ng maybahay mo kapag siya'y . . . may karapatan siyang sabihin ito, kaya dapat ka nang umayos. Kita n'yo, kita n'yo? Mangyari rin naman na kung siya—kung sinasabi niya ito para lang umasal nang masama, tandaan mo, ang sabi ng Biblia, “Mas mabuti pang bitinan ang iyong leeg ng malaking batong gilingan at malunod sa kailaliman ng dagat kaysa sa magbigay ng ikatitised sa pinakamaliit sa mga ito, na aking mga anak.” Ngayon, 'yun nga 'yung inyong . . . ? . . .

115 At maaaring hindi ganoong tipo ng tao ang maybahay na ito. Maaaring iba siya. Maaaring mabuting tao siya. Baka sinusubukan ka lang niya para tingnan kung anong gagawin mo.

116 Ngayon, manatili kang umiibig sa kanya't hayaang makita niya si Jesus sa iyo. Gawin mo 'yun. Kita mo? Magpatuloy ka lang. Ilang . . . magbibigay ako ng kaunting paglalarawan ngayong umaga tungkol sa isang tao na . . . Minsan may munting babae na—na tumanggap ng Espiritu Santo. Kalugud-lugod nga siya't mababang-loob. Kanilang . . . Sabi niya . . . Buweno, dumanas siya ng mahirap na buhay, at isang lasenggo ang asawa niya. At kaya, patuloy lang siya; kinakaya niya. Sabi nung lalaki, “Gusto mong magsimba, Mahal, bahala ka!” Pero ngayon, nagpunta 'yung lalaki roon sa bahay-inuman, doon sa lumang Brown Derby, rito. Nagpunta roon. Mangyari nga na lagi silang nagpapalipas ng oras doon, sa dating Bonifers. Marami sa inyo na mga datihan na dito ang naaalala pa 'yung Bonifer noong araw na naroon sa kanto ng . . . Tinatawag na itong Brown Derby ngayon, sa paniwala ko.

117 Mangyari nga, nagpapalipas siya ng oras doon, at bigla na lang, isang gabi napag-usapan na lang 'yung tungkol sa simbahan at tungkol sa mga Cristiano. Sabi nung isa sa talamak na lassenggo na nakaupo roon, “Wala nang ganoong bagay na tulad sa mga Cristiano. At wala nang ganoon. Lahat ng grupong ito'y mga mapagkunwari na,” sabi, “maaabutan mo sila rito na naninigarilyo, umiinom, ginagawa ang pareho rin sa ginagawa natin, at,” sabi, “tinatawag ang kanilang sarili na mga Cristiano. Wala nang ganoon.”

118 Tumayo ang isang lasenggong ito't ang sabi, “Sandali lang! May isa akong kakilala.”

Sabi, “Sino naman 'yun?”

Sabi, “Ang asawa ko.” Kita n'yo? Naging maalat ang babae na 'yun. Napapansin at napapansin 'yun mismo nung lalaki sa tuwina.

Sabi nung kausap, “Sa tingin ko kung gigipitin siya . . .”

Sabi nung asawa, “Hindi, Cristiano pa rin siya; patutunayan ko sa inyo.” Sabi, “Sasabihin ko sa inyo kung anong gagawin natin; umuwi tayo sa bahay, at ipapakita ko sa inyo kung Cristiano ba siyang talaga o hindi.” Sabi, “Pumunta tayo sa bahay, at ngayon, siyanga’t ipakita natin na lasing na lasing tayo. Aakto tayo na parang lasing na lasing tayo.” Kumatok siya sa may pinto, pumasok na pasuray-suray na pabangga-bangga sa mga gamit at—at. . . “Bakit nakapaganito ang upuan?” at lahat na. At pinaupo sila nung babae sa upuan at (’yung mga bisita nito, alam n’yo na)—at sinisikap na talagang malugod ang pagtanggap sa kanila. Sabi “Gusto kong ipaghanda mo kami ng makakaing hapunan.” At kaya kanilang. . . Lumabas ang babae’t naghanda. Sabi, “Gusto namin ng hamon at itlog.” Alam ng lalaking mayroon sila nun, kaya nagpahanda sila ng hamon at itlog. Pagdating niya roon sa mesa, tinitigan niya ’yung pagkain nang paganoon, dinampot ’yung plato niya, at ibinagsak ang plato na ’yun sa sahig, sabi, “Alam mo naman, na di ko gusto ’yung itlog kapag ganyan. Halina kayo mga kasama’t umalis na lang tayo rito,” parang ganoon—parang ganoon.

¹¹⁹ Pumunta sila’t naupo nang paganoon, alam n’yo. At lumabas ’yung babae; sabi niya, “Mahal, pasensya na—pasensya na’t hindi ko naiayos maigi; maghahanda na lang ako ng ilan pa para sa inyo.”

¹²⁰ “Oh, kalokohan, alam mo namang di ko gusto na ganoon ang pagkakaluto noong una pa lang,” hayan nga na umaakto-akto nang ganoon. Nagpunta sila roon, at naupo, at umaktong parang lasing sila. Narinig nila siya roon na mistula bang di na ’yun inaalintana, kumakanta sa talagang mahinang boses:

Papasanin na lamang ba ni Jesus nang mag-isa
ang krus,

Na sa buong sanlibutan ay walang kahit isa na
magpapasan?

May krus sa bawat isa sa atin,
At may krus maging para sa akin.

Itong krus na inilaan ay aking ipapasan,
Hanggang sa kamatayan ako’y pakawalan sa
aking pasan-pasan.

Tumingin ’yung isang lasing sa isa pa, sabi, “Isa nga siyang Cristiano; nasa kanya nga ito!” At naakay nung munting babaing ’yun ang kanyang asawa, pati itong mga iba pa kay Cristo noong gabing ’yun. Kita n’yo? Bakit? Kita n’yo? Maging tunay na kalugod-lugod lang kayo. Tandaan n’yo lang, alam ng Diyos ang tungkol dito.

¹²¹ Kaya, kapatid na babae, o kapatid na lalaki, sino man ito, o kapatid na lalaki, nandito nga, dahil nagtanong siya tungkol sa kanyang maybahay, magpakaalat ka lang; mauuhaw siya kung may anumang bagay sa kanya para mauhaw. Kung hindi,

tandaan mo, kung maling tao ang nakuha mo, makukuha mo 'yung tama sa Milenyum. Magpatuloy ka lang; ang lahat ng mga pagkakamali ay maitatama roon.

331. Kapatid na Branham, itinuturo mo bang hindi dapat dumalo ang Nobya sa anumang simbahan maliban na naroon ka na nangangaral, o kung hindi'y sa tabernakulo, sa madaling salita, sa tabernakulo? (Mayroong *kung hindi*, ang ibig sabihin nun ay “sa madaling salita.”)

332. Idagdag ko na rin, itinuturo mo ba na hindi na namin kailangang ipagdiwang ang—ang Linggo o mga holiday, para sa katulad ng pagtratrabaho, pangingsda, o iba pa? O . . . (Siguro Linggo ang tinutukoy dun. Mukhang Linggo sa tingin ko. O doon po sa ilalim mukhang . . . o Linggo, sa palagay ko nga, mga holiday o mga Linggo. Oo, mga Linggo, mukha bang ganoon? Mga holy day—mga holy day, Linggo at mga banal na araw.)

¹²² Hindi! Nagkakamali ka. Kita mo? Hayaan n'yong balikan ko 'yan at sasagutin lang ito habang nagpapatuloy ako.

Itinuturo mo bang hindi dapat dumalo ang Nobya sa anumang iba pang simbahan maliban na ikaw ang nangangaral—nangangaral o kung hindi, kung hindi man, ay sa tabernakulo?

¹²³ Hindi! Hindi ko itinuturo 'yan. Hindi ako naniniwala sa ganyan; hindi ako naniniwala sa ganyan. May mga ministro tayong narito na nakakalat sa buong bansa, at naniniwala akong bahagi sila ng Nobyang 'yun. Naniniwala akong ang isang lalaki o babae ay maaaring pumunta sa simbahan saanman nila ibig pumunta na itinuturo ang Salita. At naniniwala ako, na kung hindi nila itinuturo ang buong Salita, at hindi kayo makapunta sa simbahan sa anumang iba pang lugar kung saan itinuturo nila ang buong Salita, pumunta kayo kung saan itinuturo nila ang kalahati ng Salita hanggang sa makapunta kayo sa isang dako kung saan itinuturo nila ang buong Salita. Magsimba kayo kahit ano pa yang kailangan n'yong gawin. Gawin n'yo po 'yun.

Gayundin itinuturo mo bang dapat kaming—dapat kaming . . . hindi na kailangang ipangilin ang Linggo, o anumang banal na araw, o—o pagtratrabaho, o tulad ng pagtratrabaho, pangingsda ng Linggo?

¹²⁴ Naniniwala akong isang kasalanan ang mangisda, at mangaso, at magtrabaho ng Linggo kung makapunta ka naman sa simbahan. Ngayon, naniniwala akong nilalabag n'yo ang mga kautusan ng Diyos. “May utos ba sa ganoon?” Siyanga, po! Ngayon, sa Lumang Tipan ay nagkaroon tayo ng isang tipo ng araw ng Sabbath. Itong lahat. . . At hindi dumating si Jesus para ipangilin n'yo ang araw ng Sabbath. Ang dating araw ng Sabbath ay Sabado, na katapusan ng sanlinggo. Ang Linggo ay

ang ikawalong araw, o ang unang araw ng sanlinggo, kung saan nagbangon si Jesus.

¹²⁵ Hindi ako naniniwalang tama na. . . Ngayon, kung naroon kayo sa malayong dako sa isang ilang sa kung saan, at naroon kayo sa paglalakbay para mangaso, na walang simbahan sa paligid, siyanga't kagaya nun, at wala kang masisimbahan; at kung nangingisda ka, naniniwala akong ayos lang 'yung ganoon. Pero kung nasa paligid lang kayo ng lungsod, o malapit lang kayo sa kung saan na may pananambahan, dapat kayong dumalo sa simbahan sa anumang paraan, saan man.

¹²⁶ At naniniwala akong, kung sa pagtrabaho naman, naniniwala akong kung ang baka ay nasa hukay, o may kailangang gawin ng Linggo, sige lang at gawin n'yo ito, kung ito'y bagay na hindi maiiwasan, na kinakailangang gawin. Pero kung ginagawa mo lang ito, at sinasadyang hintayin hanggang mag-Linggo para gawin ito, o bahala na't basta mo na lang ginagawa, mali ka. Kita n'yo? Hindi natin dapat gawin 'yun, dapat nating igalang ang banal na araw.

¹²⁷ At ngayon, tatandaan n'yo, magsimba kayo sa kung saan, sa isang lugar. Kung. . . maaari akong—maaari akong magbanggit ng isang simbahang denominasyon, pero hindi ko gagawin, dahil ang simbahang ito, ang tanging alam ko na itinuturo nila na pinaniniwalaan ko, ay 'yung sinasabi nila na sila'y naniniwalang si Jesus Cristo ay ang Anak ng Diyos. Buweno, pinaniniwalaan ko 'yun. Pero ang lahat ng iba pa nilang turo ay. . . Naniniwala sila sa. . . na haya't ang pagpapatawad ng mga kasalanan ay sa pamamagitan daw ng tubig. Ngayon, hindi po ang Oneness ito; siyanga't ganoon din ang paniniwala nila, pero hindi sila ang tinutukoy ko. Naniniwala sila roon sa—roon sa pagbabagong-buhay sa pamamagitan ng tubig, at iba pa. At hindi ako naniniwala sa ganoon. At sila, oh, naniniwala silang kung may Makalangit na pagpapagaling ang anumang bagay ay sa diyablo raw 'yun. At naniniwala sila sa lahat ng. . . Sila lang—sila lang daw ang may kamit, na ang tanging kailangan mo na lang daw gawin ay ilagay lang ang pangalan mo sa aklat na 'yun. At kung wala ka raw dun, mapapahamak ka. Ngayon, hindi ko pinaniniwalaan ang ganoon. Pero kung wala nang iba pang simbahan na mapupuntahan (siyanga't hindi ako pupunta roon na mapanuri), pupunta ako roon na may mabuting intensyon kung bakit naroon ako, at ang pagkakaupo ko sa tabi ng isang tao, na ang Cristo na nasa puso ko'y makaimpluwensiya sa ibang tao roon. Pumunta kayo sa gitna nila, pero huwag kayong makibahagi sa kanilang di-pagsampalataya.

333. Kapatid na Branham, gusto kong matanggap ang Espiritu Santo. Gusto kong malaman kung ano ang gagawin. May pasanin ako para sa pamilya ko na maligtas. At pumirma ng pangalan niya ang kapatid na babae.

¹²⁸ Kung gusto mong matanggap ang Espiritu Santo, hayaan mong sabihin ko sa iyo, mahal kong Kapatid na babae, kung narito ka. At—at—ako. . . (Kapatid na Neville, miyembro ba ang pangalan na ito ng iglesya rito? Hayan sa may ibaba. . .?) Hindi ko—hindi ko rin sila natatandaan. Pero kung—kung narito ka, Kapatid na babaing B-o-u-g-h, kung narito ka, hayaan mong sabihin ko sa iyo. Ang sabi ng Biblia, “Mapapalad ang mga nagugutom at nauuhaw ukol sa katuwiran. . .” Pinagpala ka na sa pagnanais pa lang Dito. Kita n’yo? Ngayon, tandaan mo, hindi dahil sa iyong—iyong—iyong kamit Ito, kundi mapapalad ang nagugutom at nauuhaw para Rito, “sapagkat sila ay bubusugin.” Manatili ka lang dito.

¹²⁹ “Ano ba ang dapat kong gawin para sa pamilya ko?” Gamitin mo ang siya ring pananampalataya na ginagamit mo para sa sarili mo, para sa iyong pamilya. Ipagkatiwala mo sila sa Panginoon at manampalataya ka nang buong puso mo na maliligtas ka. Hayaan mo itong. . . Huwag mong hayaan na mapunta lang ito sa natural mong pag-iisip dito, hayaan mo itong mahulog doon sa loob, sa panloob mismong kamalayan, pagkatapos ay mapapasaiyo sila. Ibibigay sila ng Diyos sa iyo kapag mayroon ka na nito rito.

¹³⁰ Ano man ’yan na nasa puso mo rito at hinihiling mo rito, kapag nananalangin ka, sampalatayanan mong matatanggap mo ang hinihingi mo. Ngayon, hindi mo ito maaaring pag-alinlanganan. Hindi mo ito maaaring sampalatayanan at pagkatapos pag-alinlanganan ito nang sabay. Ilan ang nakakaalam nun? Hindi ka maaaring manampalataya’t mag-alinlangan nang sabay. Kinakailangan mong sampalatayanan na ang hinihiling mo, ay tinanggap mo na, haya’t sinabi Niyang ipagkakaloob ito sa iyo. Kaya manampalataya ka lang para sa pamilya mo, at mapapasa kanila ito.

334. Kapatid na Branham, papaano naman ang aming anak na lalaki na mula pa—mula pa ay wala na sa—wala pa sa pangangaral ukol sa mga Trumpeta? Naaalala mo pa ba ang pangakong ibinigay mo sa akin sa telepono tungkol sa kanya at sa Pitong Trumpeta?

¹³¹ Hindi ko na maalala ’yun. Hindi ko na maalala kung ano ’yun. Pero kung ano man ito, ipaalam mo kay Billy Paul kung ano ito. Kung ano man ang ipinangako ko, ay gagawin ko. Hindi ko na maalala. Alam mo, ako. . . Kung minsan nakakatanggap ako, siguro sa isang gabi, sumasagot ng tatlumpu, apatnapung tawag nang isahan, kita n’yo, kaya hindi ko na matandaan gabi-gabi, kung minsan kapag naroon ako, kaya hindi ko na maalala kung ano man ito.

Papaano naman ang Katoliko kong kapatid na babae at lalaki? Salamat.

¹³² Oh, ang nagtanong ay taga-roon pa sa labas ng bayan, sa dako pa ng Texas. Ako...Buweno, kapatid na babae, kung ikaw—kung ikaw ay taga-Texas at makuha mo ang teyp na ito, o kung mayroong teyp, sa palagay ko’y hindi ito magkakaroon ng teyp, pero kung mayroon... (Nagrerekord ba sila ng teyp? Nagrerekord ba kayo?) Sige, kung sila’y... Ang teyp... Sige’t sasabihin ko sa iyo kung ano. Kung iyong... Sa teyp na ito, kapag makakuha ka nito, tandaan mo, “Papaano naman ang anak naming lalaki noong... tungkol sa Pitong Trumpeta?” Hindi ko na maalala ang tungkol dun, maliban na nangako akong makikipagkita sa kanya o parang ganoon kapag ipangangaral ko na ang Pitong Trumpeta. Kung nangako ako, na makikipagkita ako sa kanya; dahil hindi pa ako nangaral ng Pitong Trumpeta, ang ipinangaral ko ay *Ang Pista Ng Mga Trumpeta*. Naunawaan n’yo naman ang tungkol dun.

¹³³ “At papaano naman ang Katoliko kong kapatid na babae at kapatid na lalaki? Salamat!” Sasabihin ko sa iyo, Gng. C-o-r-n-i-l-s-e-n... Kung narito ang ginang, makipagkita ka kay Billy Paul ngayong umaga. At—at kung wala, buweno, aking—aking—hindi ko—hindi ko makuha kung ano ito (kita mo?); ganoon lamang ’yung tanong. Hindi ko—hindi ko makuha (kita mo?), kung ano ito, dahil may ipinangako raw ako tungkol sa kanyang anak at sa mga Trumpeta at tungkol sa isang kapatid na babaing Katoliko; at hindi ko—hindi ko—haya’t wala sa isip ko ngayon para maalala. Hayan nga’t makipagkita ka lang, kay Billy.

Ito marahil... Isang kahilingan marahil ito para maipanalangin. Ibinibigay ang pangalan ng tao at sabi “sakit ng ulo at sinus.” Kaya mangyaring... Ipanalangin lang sila, sa palagay ko. Buweno.

335. Pakipaliwanag po ang pag-aasawa at diborsyo. (Nasagot ko na ito. Pitong tanong ito, walong tanong sa isang kapisang papel.) **Pakipaliwanag po ang pag-aasawa at diborsyo.**

Naipaliwanag ko na.

336. Sina Moises at—at Elias ba’y nasa mundo na ngayon? Sina Moises at Elias ba’y nasa mundo na ngayon? Nasa Amerika ba sila?

¹³⁴ Hindi! Kita n’yo? Hindi, wala sila rito; hindi sila lilitaw hanggang sa kunin na ang Iglesya, na pagkatapos ay sina Moises at Elias... Ilan ang nauunawaan na ’yun? Sige. Tingnan nga natin. Wala silang anumang pangalan na ipinirma rito, kaya naman... Sige. Kung sinuman ang sumulat sa mga tanong na ito... naniniwala akong pito ang mga ito; nilagyan ko ng... pito ang namarkahan ko. Sige!

337. Pakipaliwanag po ng pagkakaiba sa pagitan ng “Pangalan ni Jesus,” at ng “Pangalan ni Jesus.” (Sandali lang po.)

Pakipaliwanag ang pagkakaiba sa pagitan ng pangalan na “Jesus” at ng “Pangalan ni Jesus.”

¹³⁵ Buweno, magiging pareho ang mga ito kung ilalapat ang mga ito sa iisang paraan (kita n’yo?), ilalapat sa iisang Persona, ang pangalan na *Jesus*, at ang *Pangalan ni Jesus*. Ang *Pangalan ni Jesus* at ang pangalan—pangalan na *Jesus* ay kung Sino Siya. Ang *Pangalan ni Jesus* ay tumutukoy sa Persona, kaya magiging pareho ito. . . Sa tingin ko ’yun ay. . . Hindi ba’t ito ay makatwiran lang naman? Kita n’yo? Ang pangalang *Jesus* ay ang Persona Mismo, at ang *Pangalan ni Jesus* ay ang pagtukoy mo sa Personang ’yun. Kita n’yo?

¹³⁶ Halimbawa, ang pangalan ko ay *William*. Ako ’yun. Buweno. Ngayon, sasabihin n’yo. . . Nagsasalita ako. . . Ang *pangalan ni William*, kung ganoon ako ang tinutukoy n’yo. Yun ang pangalan ko. Kita n’yo? Ngayon.

338. Nagbago ba ang Pangalan ng Panginoon sa iba’t ibang dispensasyon?

¹³⁷ Oo, oo! Dati ay tinawag itong—tinawag Siyang ang AKO NGA. Tinawag Siyang Jehovah, at nagbago Siya nang makailang beses. Ang huling pagkakataon na nagbago ito ay noong nagkatawang-tao ang Diyos at gumamit ng pangalan ng tao.

¹³⁸ Jehovah, AKO NGA, at ang lahat ng ’yun, ay mga titulo ng isang Pangalan. Kita n’yo? Kung nabautismuhan kayo sa pangalan ni Jehovah, kinakailangan na sa Pangalan ni Jesus Cristo. Kung nabautismuhan kayo sa pangalan ni Jehovah-rapha, Jehovah Manasses, at Jehovah-jireh, lahat ng ’yun, kinakailangan ’yun ay Jesus Cristo. Ang AKO NGA ay si Jesus Cristo.

¹³⁹ Naaalala n’yo, nakatayo Siya roon noong araw na ’yun, at ang sabi Niya, “Sinasabi n’yong kumain kayo ng manna sa ilang. . .”

“Kumain ng manna ang aming mga magulang.”

“At namatay!” sabi Niya.

¹⁴⁰ Sabi nila, “Alam naming nababaliw ka na, dahil isa kang tao lamang at ni hindi pa lampas ng limampung taong gulang, at sinasabing nakita mo si Abraham.”

Sabi Niya, “Bago pa si Abraham ay, AKO NGA.” Kita n’yo? Siya ang AKO NGA. At ang lahat ng mga titulo’t mga pangalan na nauukol kailanman sa Diyos ay ginawang isang Pangalan na lang ng tao, ang Panginoong Jesus Cristo. Buweno.

339. Ngayon: Kung titigil ang oras kapag mabuksan na ang mga Tatak, kung ganoon. . . Kung tumigil ang oras (paumanhin po) noong mabuksan ang mga Tatak, kung ganoon ang Milenyum din ba—ang Milenyum din ba’y tapos na, o hindi pa?

141 Hindi, hindi! Hindi tumigil ang oras noong mabuksan ang mga Tatak. Mali ang pagkaunawa rito. Ang nangyari'y, nahayag ang mga hiwaga, hindi 'yung tumigil ang oras. Kita n'yo? Tingnan n'yo mismo. Masdan n'yong mabuti ngayon, at i-play n'yo ang teyp n'yo kung nakuha n'yo man ito sa isang teyp. Kita n'yo?

142 Hindi huminto kailanman ang oras hanggang sa . . . Marahil isa itong post-milenyalista o kung ano, na nagtanong ng tanong na ito. Dahil kita n'yo? Mayroon tayong isang libong taon pagkatapos na ang Iglesia'y uuwi na sa Tahanan at babalik sa lupa. Pagkatapos ay titigil na ang oras sa Bagong Langit at Bagong Lupa.

143 Ngayon, ang Milenyum ay hindi 'yung Bagong Langit at Bagong Lupa. Magkakaroon pa rin ng kasalanan pagkatapos ng Milenyum. Ang Milenyum ay tumitipo sa pagpasok ni Noe sa daong, at pagtawid, at isinama si Ham at ang iba pa papunta sa kabilang panig. At nanggaling pa nga ang kasalanan mula dun sa daong. Kita n'yo?

144 Pero si Enoc, yaong inilipat-ng-dako, ay tumitipo sa Nobya na pumaitaas, hindi 'yung mga itinawid. Kaya ang kasalanan ay nasa kabilang panig pa rin ng Milenyum, pero hindi sa panahon ng Milenyum. Kita n'yo? Sa panahon ng Milenyum ay kapayapaan. Kita n'yo? Pero aaksyunan ang kasalanan sa kabilang panig ng Milenyum, at saka na maglalaho ang oras.

145 At ngayon, ang pagbubukas ng Pitong Tatak na ibinigay ng Espiritu Santo, ang Pitong Tatak ay para ihayag lamang kung ano ang mga hindi naihayag sa mga dispensasyon sa likuran natin.

146 Ngayon, gaya noong sinubukan akong siluin ng isang kilalang teologo patungkol dun, ang sabi niya, "Kapatid na Branham, iyong . . . ibibigay sa iyo ng Diyos balang araw ang lihim ng mga Pitong Tatak na 'yun. Ang mga Tatak na 'yun ay magiging bagay na di pa natin natututunan, at ito'y magiging bagay na wala man lang sa Biblia." Hindi, hindi! Hindi magkakaganoon, dahil kung ganoon, ibubunsod nun na ito'y maging . . . Kung sasabihin ko ang ganoon sa inyo, ako'y magiging isang bulaang propeta, dahil (kita n'yo?) ang Salitang ito . . . Doon . . . Ang lahat ng—ng . . . Ang buong kapahayagan ni Jesus Cristo ay nakumpleto na sa Salitang ito. Kita n'yo? At kung ang Pitong Tatak ay tumutukoy sa pitong iglesia, dapat sana'y tapos na ito, dahil nasa Kapanahunan na tayo ng Iglesia ng Laodicea. At inihahayag lamang ng Pitong Tatak kung ano ang kanilang hindi maunawaan noon, at binuksan nito kung ano ang kanilang hindi maunawaan; ang hindi-maunawaan ni Luther; ang hindi-maunawaan ni Wesley; at ng lahat ng mga repormista, at mga Pentecostal, at hanggang sa kasalukuyang panahon.

¹⁴⁷ Ngayon, ang susunod na natitira pa ay ang paglilipat-dako na ng Iglesia, ang pagbabalik nina Moises at Elias, ang paghahari sa Milenyum sa lupa kasama ang Nobya at Nobyo nang isang libong taon, at pagkatapos ang Dako ng Paghatol, at pagkatapos ay ang isa nang ganap na paglipol sa kasalanan. Mawawala na ito kailanman sa panahong 'yun.

¹⁴⁸ Ngayon, hindi ang...Pagtigil...Hindi tinapos ng mga Tatak ang oras. Ang oras o mga panahon ay hanggang pa sa pagkatapos ng Milenyum. Hindi! Iiral pa rin ang oras hanggang sa pagkatapos ng Milenyum.

340. May kinalaman ba ang Milenyum sa isang libong taon? Hindi kaya ito isang henerasyon lang?

¹⁴⁹ Hindi! Ang isang henerasyon na itinakda sa Biblia ay apatnapung taon lang. Pero ang sabi ng Biblia, "At sila'y nabuhay at nagharing kasama ni Cristo sa loob ng isang libong taon." Ito'y magiging isang libong taon sa lupa, dahil ang isang libong taon sa lupa ay binibilang lamang na isang panahon, bilang animo'y talinghaga sa Diyos, bilang isang araw. Ang isang libong taon sa lupa ay isang araw lamang sa Diyos, sa pagbibilang ng Diyos sa oras. Ilan ang nakakaunawa na n'yan ngayon?

¹⁵⁰ Kaya, ito 'yung araw ng Sabbath kung kailan hindi na magpapakahirap ang Iglesia laban sa kasalanan. At igagapos si Satanas nang kaunting panahon, isang libong taon, dahil ang mga nasasakupan niya'y nasa impyerno nang lahat, at ang kanyang...Ang Iglesyang nasa lupa ay mga tinubos at nasa mismong Presensya na ni Cristo, kaya wala nang magagamit si Satanas. Kaya, hindi ito isang kadena, gaya nga ng sabi ko, na isang kawil-kawil na kadena, haya't isang kadena ito ng sirkumstansya; wala siyang anumang magagawa. Siya'y walang magagawa't walang pag-asa, na naghihintay pa sa muling pagbangon ng kanyang mga nasasakupan; pagkatapos ihihiwalay silang gaya ng mga tupa sa mga kambing.

341. Hindi ba't pumunta ang reyna ng Sheba kay Solomon para subukin siya—subukin siya para alamin sa kanyang sarili kung ang—kung ang pangalan ba ng Panginoon ay totoong Solomon o hindi? (Hindi ko yata nauunawaan 'yun. Sandali lang po.) **Hindi ba't pumunta ang reyna ng Sheba kay Solomon para subukin siya para alamin sa kanyang sarili kung ang pangalan ba ng Panginoon ay totoong Solomon o hindi?** (Hindi ko—hindi ko makuha-kuha ang isang ito. Haya't...Ipagpaumanhin n'yo po ako nang saglit. Hayaan n'yong basahin ko ito uli.) **Hindi ba't pumunta ang reyna ng Sheba kay Solomon para subukin siya para alamin sa kanyang sarili kung ang pangalan ba ng Panginoon ay totoong Solomon o hindi?**

151 Hindi! Hindi niya sinubukang alamin kung—kung ang pangalan ng Diyos ay Solomon. Si Solomon ay isang hari. Dumating siya, at ang sabi niya, siya—sabi niya, “Tunay na ang Diyos ay sumasa Kanyang hari at sumasa Kanyang bayan.” Kita n’yo? Dumating siya’t sinubok . . . Sinubukan niya si Solomon tungkol sa kaloob nito, dahil may mga bagay sa puso niya na talagang inihayag sa kanya ni Solomon, na nagpapakitang siya ay hari ng Diyos sa lupa.

152 Naaalala n’yo roon sa, sa paniwala ko, doon sa—sa—sa . . . Sa pinanggalingan niya, doon sa lupain ng—ng—ng—ng Sheba kung saan siya nanggaling, may mga taong napapadaan dun, alam n’yo, at—at nagbabalita ng tungkol sa mga dakilang bagay na nangyayari, na mayroon daw silang isang Diyos sa dakong ’yun na pinahiran ang kanilang hari, at ang . . . kung papaanong ang hari na ’yun ay pinahiran ng Diyos. Hindi ako naniniwalang inisip niyang ang pangalan ni Solomon, o ang pangalan ng Diyos ay Solomon, dahil kung ganoon, magiging isang pagano na naman siya. Kita n’yo? Kaya naman, siya—siya marahil ay naisip din ang ganoon. Na sa puso niya maaaring naisip niyang ang Diyos ay si Solomon, si Solomon ay ang Diyos, dahil isa siyang pagano sa simula. Pero noong inihayag ni Solomon sa kanya ang lihim na nasa kanyang puso, sa pamamagitan ng isang—isang kaloob ng espirituwal na pagkilala; na ang tawag, noon, ay karunungan. Napagkilala niya ’yun. Napagkilala niyang ang Diyos ay kasama ni Solomon, dahil noon . . . Mayroon silang . . . Nalaman niya . . . Kung dumating siya na ganoon ang nasa isipan niya . . .

153 Kung ’yung—kung ’yung tao rito, ’yung nagtatanong, ay ang tanong niya’y ganito, “Alam ba niya noon na tunay na si Solomon . . . ang pangalan ng Panginoon ay talagang Solomon?” Kita n’yo, si Solomon ay hindi ang Panginoon; nakapamalita siya sa pamamagitan ng mga tao, dahil si Jehovah ang sinasamba ng mga taong ito, at naroon ’yung dakilang kaban, at ang dakilang tipan, ang—ang kaban na kinalalagyan ng mga utos ng Panginoon. At binanggit nila sa kanya ang tungkol sa Bundok ng Sinai at ang iba’t ibang lugar na pinuntahan nila. At pagkatapos nun, nakikita niyang ang Diyos—ang Diyos ng tipan na ’yun ay nasa lalaking ito, dahil mayroon siyang—mayroon siyang espirituwal na pagkilala na sa Diyos lamang. Kita n’yo? Kaya napagkilala niya na—na ang Diyos ay nakay Solomon. Pero ngayon, maaaring ganoon ang basa nito kung ’yun ang itinatanong ng nagtanong. Pero, “Alam ba niyang ang pangalan ng Panginoon ay talagang Solomon?” Marahil ay hindi nila ito naisulat sa paraang iniisip nila. Kita n’yo? Kaya sa tingin ko ang gusto sana nilang sabihin—sabihin ay ganito: “Na ang Panginoon ay nakay Solomon.” Oo, tunay nga. Mangyari nga na kung ’yun ang tanong, tunay nga! Kilala niya ang Diyos, dahil sinabi niya ang ganoong pangungusap. At hindi siya sasamba sa iba pang

diyos. At naniniwala akong ang sabi niya—ang sabi niya siya’y laging . . . Nakita niya kung bakit . . . Wala nang natirang hininga sa kanya; wala nang natirang pangunguwestiyon sa kanya. Sadyang inihayag ni Solomon ang buong bagay, at napagkilala niyang ang Diyos ay kasama ni Solomon.

342. Kami—kami’y ikinasal nang dalawampu’t isang taon na ang nakararaan ng huwes. Ito—ito ba’y mali?

¹⁵⁴ Oo, mali na ginawa n’yo ’yun. Ang pagkakasal ay dapat lang na nasa bahay ng Diyos. Pero dahil kasal na kayo, heto ’yung kung kailan talaga kayo ikinasal: ikinasal na kayo noong nagsumpaan na kayo sa isa’t isa, noong nagpangakuan na kayo sa isa’t isa na kayo’y . . . na tatanggapin n’yo ang isa’t isa. Ang huwes nga’y maaaring makapagbigay sa inyo ng lisensya, usapang legal naman ’yun, ng pagsasama bilang mag-asawang lalaki’t babae at hindi bilang kinakasamang lalaki’t babae lang. Pero kapag nangako ka na sa babaing ito, at itong . . . nangako ka sa lalaking ’yun na mamumuhay ka nang tapat sa kanya, at tatanggapin mo siya bilang asawa mong lalaki, kasal na kayo sa puntong ’yun. Naalala n’yo, ipinaliwanag ko na ’yun noong nakaraang linggo, sa pagkakaalala ko. Kita n’yo? Kapag nangako kayo sa babae. Kita n’yo?

¹⁵⁵ Maging sa lumang—sa lumang Biblia, kapag ang isang lalaki’y nangako ng kasal sa isang dalaga, at (alam n’yo na ang mga batas ukol dun. Aba, pareho nga mismo ito sa pangangalunya. Tunay nga!) haya’t kapag nangako ang lalaki, ’yun na ’yun.

¹⁵⁶ Itinanong ’yung tanong na ’yun noong isang araw, “Ang pagpapawalang-bisa—pagpapawalang-bisa—ang isang pagpapawalang-bisa ba ng kasal ay kapareho rin ng diborsyo?” Kita n’yo? Kapag ititanong n’yo sa akin ang ganoong mga tanong, mga kaibigan, hindi n’yo alam kung anong bunsod nun sa akin. Marami akong mga kaibigan na nakaupo rito na ikinasal nang dalawa o tatlong beses. Napag-uunawa n’yo ba na ang kausap ko rito’y ang sarili kong anak, si Billy Paul? Pagbibigyan ko ba si Billy Paul? Hinding-hindi! Nagpakasal si Billy Paul sa isang bata pang babae, at lumapit, at sinabi, “Daddy, magpakasal na ako.”

¹⁵⁷ Hinuhugasan ko ang kotse ko noon; sabi ko, “Tuntog mo ang ulo mo sa pader,” nagpatuloy lang ako sa paghuhugas ng kotse ko nang ganoon.

Sabi niya, “Magpakasal ako.”

Sabi ko, “Oh, sige lang,” nagpatuloy lang ako nang ganoon. Bumaling siya’t sinabi ’yun sa kanyang nanay, at tinawanan lang siya ng kanyang nanay. Alam n’yo ang ginawa niya? Nagtanan kasama ang isang kabataan na nasa paaralang sekondarya pa lang at nagpakasal. Pinawalang-bisa namin ang kasal, ang ama nung batang babae at ako mismo. Pinawalang-bisa namin ang

kasal, pero kasal pa rin siya. Anak ko siya na nakaupo rito at nakikinig sa akin ngayon. Ngayon, ganoon nga mismo.

158 Nilapitan niya ako na kasama na ang babaing kinakasama niya ngayon, ang manugang ko. Ang munti kong apo. . .Sabi niya, “Daddy maaari mo ba akong ikasal?”

159 Sabi ko, “Hindi maaari kahit sa anumang paraan.” Anak ko ’yun mismo. Sa palagay n’yo hindi ako nasasaktan dun hanggang sa kaibuturan ko samantalang kinarga ko siya sa mga bisig ko at ginawa ang lahat ng makakaya ko, at naging parehong tatay at nanay ako sa kanya? Sa palagay n’yo hindi ako pinapatay nun na sabihin ’yun? Pero ’yun nga ang Katotohanan. Tunay nga! Ang anak ko’y nakaupo rito’t nakikinig at. . . Ang manugang ko at ang munti kong apo’y nakaupo mismo rito ngayon. . . Pero ipinaalam ko sa kanya na mali ito (kita n’yo?), dahil kailangan kong sabihin. May tungkulin ako sa Salitang ’yun.

160 At ang sinasabi ko, ikinasal ba kayo ng isang mahistrado? Dapat ay ikinasal kayo sa simbahan, ng ministro. At ’yun ang disentang bagay na gawin ng isang Cristiano. Pero dahil nagkapangakuan na kayo, at taimtim na nangako, at kasal na nang dalawampu’t isang taon na ang nakararaan, sa palagay ko’y ayos lang ito.

Sasabihin n’yo, “Buweno ako. . .”

161 Ang tanong marahil ay maaaring ganito, “Dapat ba akong pumunta’t magpakasal muli?” Kung gusto mo. Huwag kang mag-isip ng anuman na hahadlang sa pananampalataya mo, dahil kung mayroong anuman diyan, hindi ka na makakaabante pa nang mas malayo kaysa riyang mismo; dahil huminto ka na mismo riyang. Kapag sumapit na ’yan sa tandang pananong, diyan ka na magtatapos, diyan mismo. Pero ngayon, para sa akin ay magiging ayos lang ito.

162 Ang tao na nagbautismo sa akin sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo haya’t dumating sa punto na pinaalis ako ng simbahan, dahil ayaw kong sumang-ayon sa kanya tungkol sa mga babaing mangangaral. Hindi ’yun nagbunsod sa akin para magpabautismong muli. Kita n’yo? Tunay na hindi. Kita n’yo? Ayos na ’yun.

163 Pero alalahanin n’yo mismo, nakakasakit ang mga bagay na ito sa akin. Mayroon akong matalik na mga kaibigan na nakaupo rito, mga lalaki’t mga babae na kayang magdala ng kanilang. . . mag-alay ng kanilang. . .kahit bunutin pa ang kanilang mga mata’t ibigay lang sa akin kung hihilingin ko ito sa kanila (siyanga, po!), at sila’y ikinasal na nang dalawang beses, minsan pa nga’y tatlong beses, na nakaupo rito mismo ngayon. At ang sarili kong anak, ang sarili kong apo, ang ap-. . .at ang manugang ko na minamahal ko. . .Tingnan n’yo si Billy, kung papaanong tumayo ako sa tabi niya, at kung papaanong tumayo

siya sa tabi ko, pero ang sabihin ang katotohanan o katotohanan, ito nga'y katotohanan ng katotohanan.

¹⁶⁴ Mayroon akong . . . Maaari akong lumabas dito ngayon at tawagan ang ilan sa mga Assemblies of God o ilan sa mga tao na ito at sabihin sa kanila, "Aking . . . Ako'y . . . maling-mali, hindi na ako mananatili sa Salitang 'yun, mananatili na lang ako kasama n'yo." Malamang ay mabilisan akong magiging isang napakatanyag na tao na may kaloob ng Diyos. Haya't ang ilagay ko ang lahat ng impluwensiya ko sa isa sa mga organisasyong ito, malamang ay magkaroon ako ng malaking pangalan sa kalagitnaan nila. Pero di ko alintana ang pangalan ko sa kalagitnaan nila. Mahal ko sila, 'yun ang katotohanan. Pero kailangan kong maging matapat. Ako—ako—ako'y magiging ipokrito kung ginawa ko 'yun.

¹⁶⁵ At ako'y magiging isang ipokrito kung tatayo ako rito sa kadahilanang ang sarili kong anak na nakaupo rito ay naipangako na sa isang babae, at sinabi ko . . . Kahit na—kahit na di siya kailanman nabasahan ng seremonya, kahit na kinasama man niya 'yung babae, at sumiping na sa kanya, sa babae, o kung anumang, noong bitiwang niya ang pangako na 'yun, naikasal na siya, si Billy Paul o kahit hindi si Billy Paul. Ganoon nga mismo ang katotohanan! Naikasal na siya noong nangako siya. Kahit ako 'yun, pareho lang.

¹⁶⁶ Kinakailangan nating maging tapat. Kung hindi ko kayang maging tapat sa anak ko, hindi ako maaaring maging tapat sa inyo. Kung hindi ako tapat sa inyo, hindi ako magiging tapat sa Diyos. At gusto kong paniwalaan n'yong ang sinasabi ko sa inyo ay ang taos at tapat kong paniniwala. Huwag na kayong gumawa ng anumang ibang bagay mula rito, sabihin n'yo lang ito sa paraan ng pagkakasabi ko rito (kita n'yo?), dahil sasabihin ko sa inyo ang Katotohanan.

¹⁶⁷ Ngayon, hindi ako madalas na nakikipag-usap sa inyong lahat nang ganoon, dahil kayo'y mga anak ko, 'yan ang tawag ko sa inyo. Ipinanganak ko kayo kay Cristo sa pamamagitan ng Ebanghelyo. At habang magkakasama tayo rito, sa sarili lamang nating grupo na nakaupo rito, akin—akin ngang natatabasan kayo nang kaunti. Pero gusto kong sabihin sa inyo: pero kapag lalapit kayo sa akin at magtatanong ng kahit ano, sasagot ako sa inyo sa abot ng nalalaman ko kung paano! Kung ito'y nasa Salita, di ko alintana kung hatulan ako nito, marami akong mga buhol-buhol na dapat na maayos pa sa akin. Mismo!

¹⁶⁸ Pero kapag nagtanong kayo sa akin ng anumang bagay, sasagot ako sa inyo. Haya't kung may isasagot ako sa inyo na anumang, Katotohanan lang ang isasagot ko sa inyo. Noon pa man ay sinisikap ko nang mamuhay sa ganoong paraan. Ganoon ko gustong mabuhay at ganoon ko gustong mamatay, ang maging tapat sa kahit kanino.

169 Nilapitan ako ng isang munting batang babae di pa katagalan; wala rito ngayon 'yung ginang. Si Tom Simpson, marami sa inyo ang kilala siya. Mabait na tao si Tom; wala sa mga kamag-anak niya ang narito. Sa tingin ko'y bumalik na silang lahat, maliban kung nandito pa si Fred. Ako. . . Si Fred Sothmann, hindi ko alam kung narito pa siya o wala na, pero sa tingin ko—sa tingin ko'y narito pa sila. Hayan nga't si Tom Simpson, sila . . . dumayo pa sila mula Canada kasama—kasama ni Fred. At sila. . . Kilala n'yo si Kapatid na Fred, ang ating katiwala.

170 At si Kapatid na Tom, kilala siya ng marami sa inyo rito. At isang mabuting tao si Tom; isa siyang kanais-nais na lalaki; at ganoon din naman si Gng. Simpson. At nakikinig lang ang kapatid na babae na 'yun sa kung anong sinasabi ko sa kanya, siya'y makalalakad na ring muli. At nakaupo siya sa silyang de gulong na 'yun na baldado na. Makalalakad siya kung gagawin lamang niya ang bagay na sinabing gawin. At antabayanan n'yo lang at tingnan kung hindi ba't totoo 'yun. Kita n'yo? Ngayon. Pero kailangan niyang gawin kung ano ang sinabi sa kanya na gawin kung inaasahan niyang magawa 'yun.

171 At ang isa sa malilit niyang anak na babae, malalambing na munting batang babae. . . ako. . . Noong napakaliliit pa nila, kinakandong ko sila't nakikipaglaro sa kanila. Napakalalaki na nila ngayon; halos ang edad nila'y, sampu, labindalawang taong gulang na. At mangyari nga, na nilapitan ako ng isa sa kanila't nagsabi, "Kapatid na Branham, nanaginip po ako." At ikinuwento niya sa akin 'yung panaginip. At sabi niya, "Ano pong ibig sabihin nun?"

Sabi ko, "Hindi ko alam, Iha. Mananalangin ako, at kung ibibigay ito ng Panginoon sa akin, ipaaalam ko sa iyo."

172 Sabi niya, "Sige!" Ilang araw bumalik siya, sabi, "Nakuha n'yo na po ba 'yung panaginip?"

Sabi ko, "Wala, Iha, hindi pa; hindi pa Niya ito inihayag sa akin."

173 Makalipas ng halos isang linggo o dalawa ay bumalik siya, sabi, "Kapatid na Branham, ano na pong balita tungkol dun sa panaginip?"

Sabi ko, "Hindi ko alam." Buweno, para ngang bigo siya. Aking. . .

174 Tandaan n'yo, kapag hihiling kayo sa akin ng anuman para sabihin sa inyo, at hindi ko 'yun makuha mula sa Panginoon, ako man ay bigo rin. Pero hindi ako magiging mapagkunwari, o isang sinungaling, magsasabi ako sa inyo ng totoo. Kung sasabihin Niya sa akin, sasabihin at sasabihin ko sa inyo; kung hindi Niya sasabihin, hindi ako magsasabi ng anuman. Ganoon lang ang magagawa ko. At gusto kong paniwalaan n'yo ako sa ganoong paraan.

175 At ngayon, iniisip ko nga na alam ko kung anong ibig sabihin nung panaginip sa isip ko, pero sa paanong paraan ko nalaman. Kailangan ko kasing makita 'yun muli. At nang walang isa man sa inyo ang maituturo ang inyong daliri anumang oras o anumang lugar, kundi anuman ang sinasabi ko sa inyo sa tuwina na interpretasyon ng isang panaginip sa Pangalan ng Panginoon ay wala nang iba't eksaktong 'yun na 'yun. Siyanga, po! Hindi ako kailanman nagbanggit sa inyo ng kahit ano sa Pangalan ng Panginoon kundi 'yung kung ano mismo ang nangyari, nang ganoon at ganoong paraan mismo, dahil ako'y—ako... Siya kasi 'yun. At pagkatapos hindi ko na responsibilidad, Siya na; Kanyang responsibilidad na.

176 Sabi ko, “Tingnan mo Trudy, paano kung papunta tayo sa Arizona. At papaano kung—kung dumating ako't sabihin sa'yo na sa pagpunta n'yo roon, 'GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ang maliit mong kapatid na lalaki ay magkakaroon ng...?’ Si munting Johnny, 'yung palagi kong binibiro na bukas lagi ang kanyang tiyan.” Sabi ko, “Papaano kung masagasaan siya sa lansangan? At sasabihin ko, 'Alam mo ba kung anong mangyayari? Masasagasaan siya sa lansangan.' At lalapit ka sa akin, at—at sasabihin mo, 'Kapatid na Branham...’ 'Dalian n'yo, dalhin n'yo siya kay Kapatid na Branham,' ang ibig kong sabihin. At maghahanap-hanap kayo, at makikita n'yo akong nakatayo sa may hagdan, na kausap ang isang lalaking nakaputing terno. At pagkatapos ipapatong ko lang ang mga kamay ko kay munting Johnny; mabubuhay siyang muli't makakatakbo-takbo na.”

Ngayon, ang sabi, “Pagkatapos pumunta kayo sa Kanluran, at malalaman mo na lang, isang araw maririnig mo ang iyong nanay na sumisigaw, ang iyong tatay na sumisigaw, at pagkatingin, haya't nasagasaan na si munting Johnny. Anong gagawin mo?” Kita n'yo? Pinaniniwalaan n'yo ako. Kita n'yo? Gusto kong magkaroon kayo ng tiwala sa akin. Hindi ko sasabihin sa inyo ang anumang bagay na nanghuhula-hula lang; sasabihin ko sa inyo ang katotohanan, o kung hindi'y hindi ko sasabihin sa inyo ang anuman. Tapos sabi ko, “Pagkatapos pupuntahan mo ako't sasabihin, 'Oh, si munting Johnny...’ O, lalapit sa iyong nanay, 'Oh, nasagasaan si munting Johnny. Patay na siya! Patay na siya!’”

177 “Dumating ang doktor, iminumulat ang kanyang mga mata, sinusuri ang puso niya, ang paghinga niya. 'Patay na siya. Dalhin n'yo na siya sa morges.’”

“Anong gagawin mo? Sasabihin mo, 'Sandali lang! Sandali lang! Ikarga n'yo siya sa mga bisig ko; magsimula tayong maglakad.’” Amen!

“Saan ka pupunta, Trudy?”

“Hindi ko alam.”

“Anong nasa isip mo?” Nasa mga bisig mo ang muntong mong patay na kapatid. Patuloy ka mismong maglalakad sa kalsada. Sasabihin ng mga tao, ‘Baliw ba ang babaing ’yun?’ Hindi, po!” Pinanghahawakan niya ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Anong mangyari?

178 “Dali-dali, sasabihin mo sa iyong tatay at nanay, ‘Sandali, hahanapin natin si Kapatid na Branham. Nakatayo siya sa may hagdan na kausap ang isang lalaking nakaputing terno. Doon nga siya tatayo. Antabayanan n’yo ang mangyari.’ Haya’t wala nga ni isa mang alinlangan sa isipan mo. Lalapit doon at sasabihin, ‘Kapatid na Branham, alam mo kung anong sinabi mo sa akin?’”

“Oo, Trudy. ‘Johnny, gumising ka!’” Lulundag at nakakapaglakad na sa kalsada.

179 “Pero paano kung sinasabi ko sa iyo ang ilang mga bagay na ipinapalagay ko lang na tama, at sasabihin ko sa iyo sa ganoong paraan, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, at hindi naman tama, at hindi ito maganap, hindi ito mangyari; kung ganoon halos ikamamatay mo ang sukdulang takot para sa munting bata. Hindi mo na mawari kung dadalhin mo pa ba siya o hindi.”

180 Ipinadala ako ng Diyos dito para tulungan kayo, at gusto kong maging isang tulong sa inyo. At kahit na makasugat ito, makasakit o kung ano man, kailangan ko pa rin itong sabihin.

181 Pero ngayon sa kaso ng pag-aasawa at diborsyo, isinusumamo ko sa inyo gaya ng isang kapatid, tumahimik muna kayo hanggang sa makapakinig kayo mula sa akin. Sang-ayon ba kayo? Ipagpatuloy n’yo lang kung paano kayo namumuhay. (Masyado ko nang ginugugol ang inyong oras sa bagay na ’yan.)

182 “Ikinasal kami dalawampu’t isang taon na ang nakalipas (oo) . . . sa huwes.” Minamahal na kapatid na babae, minamahal na kapatid na lalaki, sinabi sa akin minsan ng isang tagapagbenta na pumasok daw siya sa isang simbahan (isa siyang Cristiano) doon sa Connecticut o kung saan man sa dako roon, napakalaking simbahan mismo, pumasok siya para manalangin. Hindi ito . . . Isa siyang Pentecostal, pero pumasok siya roon para manalangin. At ang sabi noong nakapasok na siya roon at lumuhod na sa loob ng simbahan para manalangin . . . ang kuwento niya’y bumibiyahang pagod, medyo sabik na sabik nang makauwi, isa siyang tagabenta, at nagbebenta siya ng mga bagay-bagay, at ang sabi’y siya . . . sa mga pabrika. At nagpunta siya roon para—para mag-asikaso ng benta o kung ano, at pagkatapos dumaan siya sa simbahan, sa isip-isip niya, “Makapunta nga . . . Sa tingin ko’y papasok ako’t manalangin.” Nakabukas ang pinto; ang sabi’y pumasok daw siya. Wala siyang narinig na may tao roon, kaya lumuhod siya’t nagsimulang manalangin. Pagkatapos na siya’y makapanalangin doon, nanatili siya nang halos isang oras, sabi,

aktuwal na narinig daw niya ang ilang pintuan na kumalabog o kung ano; sa isip-isip niya isang katiwala marahil o kung ano man ng simbahan. Sabi, pagkaraan ng ilang saglit napansin niya, hetong dumarating. . . May naulinigan siya na nag-uusap. Dahan-dahan siyang nagpunta roon at nag-usisa, at tumingintingin siya sa paligid para alamin kung 'yung katiwala ba 'yun. Haya't isang lalaki at isang babae na nakatayo sa harapan ng altar na magkahawak ng kamay, sabi, "Tinatanggap kita, mahal, upang maging legal kong kasal na asawang babae." Kita n'yo?

Sabi ng babae, "Tinatanggap kita, mahal, upang maging legal kong kasal na asawang lalaki."

"Aba," sabi niya, "kakaibang bagay ito," sabi, nitong Pentecostal, sabi niya, "ikinakasal ang lalaki't babaing ito nang walang mangangaral." Kita n'yo? At kaya naupo lang siya't naghintay; at pagkatapos nilang magpangakuan na mamumuhay sila nang tapat sa isa't isa, na kamatayan lang ang makapaghihiwalay sa kanila, nagyakapan sila sa isa't isa, hinagkan ang isa't isa, tapos bumaling na't naglakad papalabas na nakangiti. Sabi niya, "Sandali lang po!" Sabi niya, "Medyo nagtataka lang po ako; hindi ako taga-rito." Sabi, "Kayo ba'y nagpapakasal?"

Sabi, "Oo!"

"Na walang mangangaral?"

Sabi ng lalaki, "Hindi!" Sabi, "Apatnapung taon na kaming kasal." Sabi niya, "Ikinasal kami rito sa altar na ito apatnapung taon na ang nakalipas, at taon-taon bumabalik kami at inuulit ang aming sumpaang." Magandang ideya 'yun. Kita n'yo?

¹⁸³ Pero pagdating sa pagkakasal, kapag nangako ka sa babae, tapos tinatanggap niya ang salita mo; tinatanggap mo naman ang salita niya; at tatanggapin ng Diyos ang salita n'yong pareho. Kita n'yo? Pero huwag lamang kayong mangangako nang mas mababa. . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.]

343. Kapag ginupitan nila ito sa . . . Ang mahaba bang—ang mahaba bang buhok kapag ginupitan nila ito sa harapan?
(Ngayon, sandali, hayaan n'yong kunin ko itong maigi.)
Ang mahaba bang buhok kapag kanilang . . .

¹⁸⁴ Buweno, ako—ako. . . Siguro ganito ang ibig nilang sabihin: "Mahabang buhok pa ba ito kapag ginugupitan nila ito sa harapan?" Hindi na mahaba, dahil ginupitan na nila ito. Kita n'yo? Para ngang tulad sa lalaki na pinutulan nang tatlong beses ang pantalon at napakaiksi pa rin. Anong sabi? Anong sabi? [May nakikipag-usap kay Kapatid na Branham—Pat.] Oh, 'yun pala ang ibig nilang sabihin. Gaya ng biro ko sa munti kong anak na babae, ang sabi niya. . . Mga "boom" 'yun ang tawag ko dun, alam n'yo na, bangs, o kung anuman 'yun, alam n'yo na, sa may harapan dito.

¹⁸⁵ Buweno, naiisip ko 'yung mga bata na ginugupitan ang buhok nila sa harapan...Kayo, marahil maaari kayong pagsabihan ng inyong nanay tungkol diyan, kita n'yo, kung gusto niyang gawin n'yo ang ganoon. Sa tingin ko ito'y magmumukhang parang—parang katulad sa isang babae na nakatingin sa salamin sa sasakyan na panglikod ang tanaw kapag lumampas na siya ng mga dalawampu't limang taong gulang at gusto niyang magpagupit sa harapan nang paganoon, nagmumukha ngang isang batang babae. Dapat tumingin ka rito sa harap kung saan ka patungo, kapatid na babae, hindi sa kung saan ka nanggaling. Kita n'yo?

¹⁸⁶ At ngayon, pero ang paggugupit ng buhok, akin—akin—akin—akin ngang sinasabi ito sa inyo. Hindi ko—ako—ako nga'y walang—walang Kasulatan para sabihin na maaari kayong gumupit nang ganoong kahaba at hindi puwedeng gawin sa isa pa. Ako—ako nga'y walang Kasulatan para dun, hindi ko—hindi ko masasabi sa inyo 'yun, kapatid na babae, o kapatid na lalaki, kung sino man ito.

¹⁸⁷ Isa lang ang masasabi ko. Sana...Ngayon, alam kong ginawa na rin ng mga anak ko 'yun, sina Rebekah at Sarah, nakita ko sila noong ginupitan nila ang kanilang buhok dito sa harapan, at tinirintas ito rito sa likod, at inayos nang paganito sa harapan, nang paganito. Hindi ko—hindi ko, ako—ako... Ngayon, hindi ko sila pinapahintulutan. Kita n'yo? Hindi, po! Para sa akin, kung maaari lang sana na di sila magpadapo ng gunting sa kanilang buhok sa anumang paraan. Mangyari nga na kapag humaba na't, nakalaylay nang paganito, at tinabasan mismo ang harap nito para di humarang sa mga mata nila, siyanga't maliliit na bata na may...Hindi ko—hindi ko masabi kung 'yun ba'y...?. . .Sa tingin ko'y hindi dapat. Kita n'yo? Ako...pero kapag may...Kung magagawa n'yo, kung ako...sa inyo na mga kapatid na babae, hahayaan ko na lamang ito kung paano ito ginawa ng Panginoon. Kita n'yo?

¹⁸⁸ At siyempre, alam ko naman na gusto ng mga babae na magmukhang maganda; kalikasan 'yun, at ganoon—ganoon naman dapat sila. Kita n'yo? Marapat lamang silang maging ganoon. At kaya, mainam naman, pero huwag lang—huwag... dahil magmumukhang ganito, siyanga't huwag kayong maging kamukha ng mundo (kita n'yo?); huwag n'yong tutularan ang mundo. Mga maling bagay...Gusto n'yo na itong gupitan, gaya nun, pero huwag na huwag n'yo ngang puputulan ang buhok n'yo. Kung nakalaylay ang mga tirintas, o—o kung ano man 'yan na nasa inyong buhok, hayaan n'yo itong mahaba. Huwag n'yo itong putulan na parang magiging kamukha ito ng mundo. Kung kayo'y mumunting mga batang babae pa lang... .

¹⁸⁹ May munting anak na babae dati ang tiyuhin ko roon sa—sa New York. Siya'y may pinakamagandang buhok. Medyo matingkad na kulay-tsoholate 'yun at nakatirintas siya...Dati-

rati ang nanay ko ay kayang... Umaabot 'yung tirintas niya hanggang dito sa ibaba sa likod ng kanyang mga tuhod. At ang munting batang babaing ito ay mayroon ding kagaya nun; ang pangalan niya ay Jacqueline. At may bahagi 'yun na sinuklay niya nang paganoon at ginupitan ito nang paganito. At ako nga'y... Nasa labinlima, labingwalo, dalawampung taon na ang nakalipas. At iniisip ko dati, bakit hindi na lang niya suklayin para mapunta 'yung buong 'yun sa likod, mas magmumukha itong maganda kaysa sa gaya nun, na nakahawi rito gaya nitong mga modernong Beatles na mayroon sila sa panahong ito, alam n'yo. At isang... Oh, siyanga, kung sa akin lang ay di ko gagawin 'yun. Ang anumang kamukha nung mga Beatles, na parang nagmula sa mundo, kaya... huwag n'yo nang gayahin 'yan. Oo!

344. Hindi magkapareho ang nakikita namin ng asawa kong lalaki sa Biblia, ang mga Katotohanan, gaya ng Katotohanang ito na ipinangangaral mo. Hindi niya maunawaan. Dapat ba akong sumama sa kanya sa mga simbahan gayong hindi ako naniniwala sa turo nila? Lubha akong nababagabag tungkol dito.

¹⁹⁰ Oo! Kung asawa ka ng asawang lalaking ito, at hindi ka naman niya kinokondena, hindi mo—hindi mo rin siya dapat kondenahin (kita mo?), dahil pinababanal ang asawang lalaki ng asawang babae. Kita n'yo? At naniniwala akong, kung dumadalo siya sa isang simbhang denominasyon o bagay na gaya nun, gusto niyang pumunta ka roon kasama niya... Nakita mo? Basta't hindi ka maging... Kita mo, wala namang anumang dun na makakasama sa iyo, dahil hindi mo naman pakikilingan ang sinasabi nila, dahil sinabi mo na rito na di ka naniniwala sa kanilang pangangaral. Kita mo? Kaya naman hindi ito makakasama sa iyo, kundi nakakapagpakita ka mismo ng respeto sa iyong asawang lalaki. Ipinapasakop mo ang sarili mo sa kanya, at maaaring sa paggawa ng ganoon, iyong—iyong... Kung nagtuturo sila't ginagawa ang mga bagay roon... Higit na mas mataas kaysa roon ang itinuro na sa iyo; maging maalat ka lang; makikita niya at lalapit siya sa Panginoon. Sa tingin ko dadako na ako sa iba. Naku, tingnan n'yo rito kung anong oras na!

345. Ang Zacarias 4 at Apocalipsis 11:3-12, ay tumutukoy ba sa iisang nilalang? Tingnan n'yo po ang Zacarias 4:12-14 at Apocalipsis 11:4. Pumirma sila ng kanilang pangalan dito, kapatid na lalaki't babae ng iglesya rito.

¹⁹¹ Tingnan natin, Zacarias 4. Oh, oo, 'yun 'yung dalawang punongkahoy ng olibo. Oo, ang dalawang punongkahoy ng olibo at ang Apocalipsis 11 naman ay... Oh, oo, hayan nga. Parehong bagay. Pareho mismo. Yun—'yun sina—sina Moises at Elias, ang dalawang punongkahoy ng olibo.

Ipanalangin po ang aming . . . Isa naman itong kahilingan para maipanalangin.

Pasensya na po, hindi ko puwedeng basahin ang isang ito sa harapan . . . Tungkol kasi ito sa relasyong pampamilya. Oo, ilagay n'yo 'yun diyang kasama ng isang ito. Hindi ko maaaring basahin ito sa publiko. Nasa pribadong panayam naman sila, kaya—kaya . . .

346. Kapatid na Branham, mali po ba na—na . . . (Ano ang sinasabi nito? Maling *ano?* nang Linggo? Magtrabaho?)
Mali po bang magtrabaho nang Linggo?

¹⁹² Katatapos ko lang na ipaliwanag 'yun. Kung nasa hukay ang isang baka, hanguin mo, pero huwag mong itulak sa hukay para lang mahango nang Linggo!

Kapatid na Branham, mangangaral ka ba rito sa susunod na Linggo?

¹⁹³ Tanong lang 'yun. Hindi, Kapatid na babae, Kapatid na lalaki, kung sino man ito. Ngayon, mga ilan lang ito na nakalapag dito. Baka nailapag—nailapag ang mga ito, o may naglagay sa mga ito sa kumpol dito.

Kapatid na lalaking . . . Sa'yo naman ito, Kapatid na Capps. “Maaari mo bang awitin ang, *We'll Never Grow Old?*” Nakuha ko marahil sa . . . Napaghalo-halo ko marahil ang ilan nito riyang.

347. Kapatid na Branham, may tao na nais malaman kung bakit hindi ka raw (n-a-b- . . .) nabanggit sa Biblia. Naniniwala akong ikaw ang Habakuk 2:1-4. (Pakihanap mo nga 'yun, Kapatid na Neville, Habakuk 2:1-4) **Ipabasa mo po ito sa kanila at pag-aralan ito, ika-3 kabanata . . . iniisip ko na ang pangalan at mga tipo ng apat na kabanata, naniniwala—naniniwala akong ikaw ito.**

¹⁹⁴ Ngayon, habang hinahanap niya 'yun, diyang sa Habakuk 2:1-4. Kapatid na lalaki o Kapatid na babae, kung sino man ang nagtanong nitong tanong na ito (wala pong pangalan), ayos lang, gusto ko—gusto kong itanong n'yo ang ganyang mga bagay. Nalalaman ko kung anong nasa puso n'yo (kita n'yo?), at pagkatapos sasagot ako sa inyo. Hindi. Kita n'yo? Hindi kailangan na nasa Biblia ang pangalan mo, kita mo. Pero, nakita mo, hangga't nasa Biblia ka, mayroong . . . Hangga't nakay Cristo ka, nasa Biblia ka; ikaw nga'y nasa Kanya, kita mo, sa Biblia. Kita mo? Hangga't nakay Cristo ka, haya't nasa kabuoan ka ng Biblia. Kita mo? Nasa ganap kang posisyon kapag nakay Cristo ka. Nauunawaan ba 'yun ng lahat?

¹⁹⁵ Nahanap mo na ba, Kapatid na Neville? Ano? Oo. Habakuk—Habakuk . . . Hindi ko pa nabasa ito. Kalalagay lang nito rito, sa palagay ko, kaninang umaga. Habakuk 2:1-4. Hayan na. Habakuk 2—Habakuk 2, at sa 1 hanggang 4:

Ako'y tatayo sa bantayan, at lalagay ako sa moog, at tatanaw at maalaman ko kung ano ang kaniyang sasalitain sa akin, at kung ano ang aking isasagot aking—aking . . . tungkol sa aking daing.

At ang PANGINOON ay sumagot sa akin, at nagsabi, Isulat mo ang pangitain, at iukit mo na malinaw sa mga tapyas na bato, upang makatakbo ang bumabasa niyaon.

Sapagka't ang pangitain ay sa panahong takda pa, at mangungusap sa pagkatapos, at hindi magbubulaan: bagaman nagluluwat, ay hintayin mo; sapagka't ako'y walang pagsalang darating, at ako ay hindi magtatagal.

Narito, ang kaniyang kaluluwa ay nagpapalalo hindi tapat sa kaniya: nguni't ang ganap ay mabubuhay sa pamamagitan ng kaniyang pananampalataya.

¹⁹⁶ Buveno, ngayon, nakikinita ko—ko ang kalugud-lugod na taong ito na nagtanong nito . . . Kita n'yo? Ito'y isang tao na nagmamahal sa akin, kung hindi'y hindi nila isusulat 'yun. Kita n'yo? Ngayon, hindi ko masasabing ang aking . . . Hindi binabanggit ng Biblia ang pangalan ko—ang pangalan ko, *William Branham*, o binabanggit ang pangalan mo kung sino man ito, pero nasa Kanya tayo ano't anuman. At ang mga ito . . .

¹⁹⁷ At ngayon, makikita n'yo ang mga pamilyar na lugar na tumutukoy, sa Biblia, na nagsasabi ng mga partikular na bagay. Kita n'yo? Ngayon, kung magmamasid kayo, nauulit mismo ang kasaysayan sa Biblia. Kita n'yo? Ngayon, bigyan lamang natin kayo ng isang Kasulatan sa ngayon. (Nakikita ko na marami sa inyo ang inililista ito.) Ngayon, sa ika-3 kabanata ng *San Mateo*, sinabi Nito, “At noong tinawag ng Diyos ang Kanyang Anak mula sa Egipto upang matupad ang sinabing, ‘Mula sa Egipto ay tatawagin Ko ang Aking Anak’ . . .” Ngayon, kung mayroon kayong isang—isang *Scotfield* o anumang ibang pangsangguniang Biblia, kung tatalunton kayo sa sanggunian doon, sa mababasa dun sa gilid ng pahina, dadalhin kayo nito pabalik sa kung saan tinawag Niya si Jacob, si Israel, mula sa Egipto. Kita n'yo? Anupa't si Jacob ang Kanyang anak na tinawag Niya palabas mula sa Egipto; gayundin na si Jesus ay Kanyang Anak na tinawag Niya mula sa Egipto. Kaya (kita n'yo?) hindi nagtatapos ang Salita ng Diyos. Kita n'yo, nakikilala natin ang ating sarili sa Biblia sa iba't ibang . . . Ilan ang nakakaalala sa mensahe ko tungkol sa pagkilala n'yo sa inyong sarili sa mga Cristianong tauhan, sa Phoenix, Arizona, kung saan ko ito ipinangaral? Oo, marami sa inyo ang mayroon nito sa teyp. Kita n'yo? *Napagkilala sa Cristianong Tauhan*. Kita n'yo? Makikilala mo ang sarili mo saan mo man ibig sa Kasulatang 'yun kung isa kang Cristiano, at kung hindi ka isang Cristiano, makikilala mo rin ang sarili mo sa Biblia. Kita n'yo?

Hayan nga na sa tingin ko ay makatulong 'yan marahil. Gusto kong pasadahan ang marami sa mga ito sa abot ng makakaya ko.

348. Kapatid na Branham, sinasabi ng ilan na tapos na raw ang habag at wala na raw maaaring maligtas pa. Ngayon, totoo ba ito? (Natutuwa akong nakuha ko ang isang ito.) Minamasdan namin at idinadalangin. . . Minamasdan namin ang mga pila para sa panalangin, at tila ang ilan ay nakakasumpong pa rin ng habag.

Ngayon, 'yun ang unang tanong, mayroon kang dalawa.

¹⁹⁸ “Tapos na ba ang habag?” Huwag n'yong kailanman iisipin 'yun! Kita n'yo? Ipagpatuloy n'yo lang na gawin ang lahat ng magagawa n'yo hanggang sa kayo'y kunin na. Kita n'yo?

¹⁹⁹ “Napapansin namin sa mga pila para sa panalangin na ang ilan ay nakakasumpong ng habag.” Oo naman! Mga kahabagan, bukas pa ang mga pintuan. Kita n'yo? Sa tingin ko nakuha mo ito sa isang dako, ang kaisipan na ito'y marahil nasa pagitan ng. . . Kita n'yo, wala na akong oras para ilagak ang bawat isa sa mga Kasulatang ito sa tama nilang dako, (kita n'yo?) ang bawat isa sa mga bagay na ito sa kani-kanilang tamang dako. Sila. . . Sa pila para sa panalangin makakasumpong ka ng habag, tiyak 'yan.

²⁰⁰ Malaman ko man na darating na si Jesus mamayang hapon, gagawin ko pa rin ang bagay na ginagawa ko ngayon mismo (kita n'yo?), magpapatuloy pa rin. Palagi ngang bukas ang habag. Kita n'yo?

²⁰¹ At ngayon, 'yung dako kung saan n'yo ito nakuha sa tingin ko, ay dun sa pagtatapos ng Pitong Kapanahunan ng Iglesya at sa Pitong Tatak na binuksan. Kita n'yo? Ang Pitong Tatak, inihayag nito kung anong magaganap. . . kung anong naganap. Ang Ikapitong Kapanahunan ng Iglesya, nasa katapusan na tayo ng Ikapitong Kapanahunan ng Iglesya. Kapag sinabi kong *ang katapusan*, hindi ibig sabihin nun na mismong oras na ito, o mismong minutong ito. Naalala n'yo, sabi ng Biblia, doon sa panahon ng—ng Panginoong Jesus, sabi ni Pablo, “Sapagkat ang panaho'y malapit na.” Naiisip n'yo ba kung gaanong katagal 'yun sa oras ng Diyos? Yun nga'y kahapon. Sa oras ko, dalawang libong taon na. Kita n'yo? Ang panaho'y malapit na. Kita n'yo? Ang tinatawag ng Diyos na *malapit na* ay hindi 'yung tinatawag nating *malapit na*. Kita n'yo?

²⁰² Kaya patuloy lang kayo na manampalataya, patuloy lang kayo na manalangin. . . Bukas pa rin ang habag ng Diyos; patuloy lang kayo na magpatianod dito nang simbilib ng makakaya mo. Ang Diyos ang magpapahinto kapag oras na para huminto. Kita n'yo?

349. Ngayon. Kapatid na Branham, totoo po bang walang dapat na mangaral kundi ikaw lang? Nakikita namin na iyong—nakikita namin na nagtatalaga ka ng mga kalalakhian. Sa

palagay namin—sa palagay namin ay di mo gagawin ang ganoon kung walang . . . kung hindi sila mangangaral.

²⁰³ Naku! Kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung sino man ang nagsabi sa inyo na wala nang dapat mangangaral kundi ako, lalabas na isa akong kaawa-awang lingkod sa Diyos kapag ganyan. Hindi! Bawat lalaki o . . . na nakakaramdam ng pagtawag ng Diyos sa kanyang buhay, sumama ka sa pagmiministryo at magsimula kang mangaral; kailangan natin sila.

²⁰⁴ May mga lalaki ng Diyos na pinahiran sa buong mundo para mangaral ng Ebanghelyo. Kita n'yo? Isa lamang akong maliit na bato sa dalampasigan sa gitna ng maraming malalaking bato. Kita n'yo? Kaya ako . . . Mas marami pa ang mas kuwalipikado't, mas karapat-dapat, na mas nakakalamang na mangaral kaysa sa akin; isa lamang akong maliit, na hamak na taong narito. Isang butil lang ako ng trigo sa isang buong kamalig. Kita n'yo? Kaya mangyari ngang . . . Alam n'yo na ang ibig kong sabihin!

²⁰⁵ Ang sinumang lalaki na tinawag ng Diyos ay kailangang ipangaral ang Ebanghelyo.

350. Papaano lalalim ang isang Cristiano sa pag-ibig ng Diyos?

²⁰⁶ Basahin ang Salita at manalangin. Basahin ang Salita ng Diyos at manalangin. Bibilisan ko na po, papasadahan ko na ang marami sa abot ng makakaya ko.

Nakapagpasa ako ng isang tanong, pero ang pagtatanong ko ay (d-i-t- . . .) di tumbok. Gusto kong malaman kung magkakaroon ka ng gawain ng pagpapagaling bago ka umalis ng bayan. Kung hindi . . . anong kailangang gawin . . . para makakuha ako ng personal na pakikipanayam sa iyo?

²⁰⁷ Ngayon, siyanga po pala, sa tingin ko ang taong ito'y pumunta sa panayam kaninang umaga. Hayan nga't, nagkaroon tayo ng gawain ng pagpapagaling; mayroon tayong gawain ng pagpapagaling.

351. Kapatid na Branham, pakipaliwanag po ang Unang Mga Taga-Corinto—Unang Mga Taga-Corinto 11—11, at kabanata 4 hanggang 6. Ang ibig sabihin po ba nito ay isang (h-i- . . .) hiwalay—hiwalay (t-a- . . .) na takip na iba pa sa buhok, o ang mahabang buhok ang tanging takip na kailangan namin?

²⁰⁸ Sige't buklatin mo nga para sa akin ang Unang Mga Taga-Corinto 11. Tingnan natin, Unang Mga Taga-Corinto 11:4. Sinasabi nito, "Kapag nananalangin . . ." Oh, buti na lang, kanyang . . . Nailagay pala nila rito. Sabi nila, "Sa pananalangin at pagpropesiya, maaari bang ang buhok namin—maaari ba naming . . ." Tingnan natin, may salungguhit silang inilagay rito.

Kapag nagpropropesiya—kapag nagpropropesiya, maaari bang ang buhok namin ay...? Hmm. Sabi mo—sabi mo: Maaari bang ang buhok namin ay may nakasuot o dapat bang nakatanggal kapag nagpropropesiya kami?

²⁰⁹ Kung may—may peluka ka, maaari, pero ako—aking...o kapag ang isusuot n'yo ay itong mga pelukang Beatle, o kung ano, mangyari ngang...Kung magiging disente ang magiging itsura ko, marahil magsusuot ako ng isa mismo, pero itong... hindi isang pelukang Beatle, kundi isang—isang peluka.

²¹⁰ Pero ayos lang 'yan. Kung wala ka nang buhok at gusto mong magsuot. Kung magagawa mo, ayos lang naman. Siyanga, po! Kung ang isang babae'y, hindi pa sapat ang haba ng kanyang buhok, tapos gusto niya ng panghaliling buhok dito, sasabihin ko, isuot mo, Kapatid na babae.

²¹¹ Kung ang isang lalaki nga'y nagkakaroon ng malubhang sipon at mga bagay-bagay, at gusto niya ng...sa kung papaanong paraan...ay maging kaaya-aya ang itsura niya sa kanyang maybahay, kung gusto niyang magsuot ng peluka, gawin lang niya. Ayos na ayos lang. Walang mali roon (wala, po!) parang ganyan din sa inyong ngipin, o artipisyal na braso, o iba pa. Kung ang kalikasan ay may—may kinuha na kung anong bagay mula sa inyo at hindi naman kalabisan hayan nga't gawin n'yo lang, ayos lang 'yan.

Pero ang sinasabi nito rito, “Maaari bang ang buhok namin ay may nakasuot o dapat bang nakatanggal kapag nananalangin o nagpropropesiya? Ano kayang ibig ipahiwatig nito?”

²¹² Sige, basahin mo, Kapatid na Neville...dun sa 4—4 hanggang 6, sige, sige.

Ang bawāt lalaking nanalangin o nagpropropesiya, . . . may takip ang ulo, ay niwawalan ng puri ang kaniyang ulo. (Ang tinutukoy dun, kung ang lalaki'y mayroong mahabang buhok. Buweno.)

Datapuwa't ang bawāt babaing nananalangin o nagpropropesiya na walang lambong ang kaniyang ulo ay niwawalan ng puri ang kaniyang ulo: . . . (Ang tinutukoy ay ang asawa niyang lalaki.) . . . sapagka't gaya rin na animo'y kung kaniyang inahitan.

Sapagka't kung ang isang babae ay walang lambong, ay pagupit naman: . . . (Kung gusto niyang pagupitan nang maiksi ang kanyang buhok, ipaahit mo nang lahat ito sa kanya. Kita n'yo? Kung hindi niya kayang magkaroon. . .) . . . nguni't kung hindi ba't kahiyahiya sa babae—kahiyahiya sa babae ang pagupit o paahit, ay maglambong siya.

²¹³ Wala akong nakikitang pagsusuot o pagtatanggal ng buhok dun, maliban na ang babae'y nagnanais...Sabi niya, kung

sinasabi niyang kailangan niya itong gupitan, kung ganoon ay ipaahit mo na lamang itong lahat sa kanya. Kita n'yo? Dahil kung hindi niya gagawin, ibunsod mo nga sa kanya na panatilihin ang kanyang buhok; dahil ang kanyang buhok ay kanyang pantakip. Pero para takpan ng lalaki ang kanyang ulo, na tumutukoy sa mahabang buhok na katulad sa isang babae, tapos tatayo sa pulpito, haya't magmumukha siyang babae roon. Kita n'yo? Kaya hindi dapat ganoon. Kita n'yo?

²¹⁴ Yun nga'y—ang ibig sabihin nun ay nagsusuot at nagtatanggal sila ng buhok... Sa tingin ko'y nagkamali 'yung nagtanong sa akala niya na ang ibig sabihin nito'y isang—isang lalaki na nagpropesiya na may takip ang kanyang ulo, pagkatapos ay tatanggalin niya ang nakatakip sa kanya. Kita n'yo? Hindi. Hindi ibig sabihin nun ay mayroon siyang mahabang buhok, ang ibig sabihin nito, kung kanyang tatakpan... Ngayon, ipagpatuloy mo pa ang pagbasa pababa nang kaunti pa, ikaw na nagtanong ng tanong na ito, at malalaman mong ang ulo ng babae ay ang kanyang asawang lalaki. Ilan ang nakakaalam nun? At ang ulo ng lalaki ay si Cristo; kaya naman, dapat na magpagupit ng kanyang buhok ang isang lalaki dahil kay Cristo, dahil ang nakay Cristo'y kapwa ang lalaki, babae, at lahat na. Siya'y parehong tatay, nanay, kapatid na babae, kapatid na lalaki, lahat na. Pero sa isang lalaki ay yaong katangiang-panlalaki lamang. Kaya naman, dapat niyang putulan 'yun dahil kay Cristo; pero sa babae ay yaong katangiang-pambabae lamang, kaya maaari siyang magkaroon ng pantakip; dahil ang kanyang asawang lalaki ay nangingibabaw sa kanya. Ang lalaki ang kanyang panginoon, ang kanyang namumuno; kaya naman, dapat magkaroon ng mahabang buhok ang babae.

²¹⁵ At pagkatapos kung sinasabi ng babae na dapat niya, na kailangan niya raw itong gupitan, kung ganoon ay ipaahit sa kanya. At ang sabi, kung kahiya-hiya o kahihiyan para sa isang babae, na dapat sana'y magmukhang maganda, at naahit ang lahat ng kanyang buhok, kung ganoon ay magkaroon siya dapat ng kanyang takip sa kanyang ulo; magkaroon siya ng mahabang buhok. Kita n'yo? Kaya ito'y... Mayroon pa ba diyen... Naipaliwanag na bang lahat? Ang ibig kong sabihin, maliwanag na po ba? Sabihin n'yo, "Amen," kung maliwanag na, kung nakuha n'yo na. Kita n'yo? [Sinababi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Buweno.

352. Kapatid na Branham (Mayroon na lamang tayong sampung minuto ngayon.)—**Kapatid na Branham, wala kaming mangangaral kung saan kami nakatira, pero mayroon lang kaming gawain ng pakikinig ng teyp kapag Linggo ng gabi. Dapat ba naming dalhin ang aming mga anak sa ibang simbahan para sa Sunday school? Sapat na po ba ang mga gawain na pakikinig ng teyp?**

²¹⁶ Buweno, depende 'yan sa magiging paglakad ng inyong mga anak. Kita n'yo? Ngayon, kung dadalhin n'yo kasi ang inyong mga anak, haya't bata pa sila; at dadalhin sila sa isang uri ng grupo roon sa labas, na pilit na ituturo sa kanila ang sari-saring bagay na di dapat nila—nila—nila malaman; siyanga't hindi ko gagawin. Kung sila—kung sila'y natututo naman nang sapat mula sa mga teyp at mga bagay-bagay. . . At iyong, halimbawa, ilalagay n'yo sila sa isang simbahang Katoliko, dadalhin sila sa simbahang Katoliko, dadalhin sila sa bagay na parang ganoon; hindi ko maipapayo ang ganoon. Kita n'yo? Kung sila. . .

²¹⁷ Pero ngayon, kung mayroon kayong mainam na maliit na simbahan sa dako roon na maaaring di sumasang-ayon sa dalawa o tatlong bagay sa inyo, at gustong pumunta ng inyong mga anak sa Sunday school, na 'yung mga tao roon ay naniniwala naman sa buong Ebanghelyo, o kung ano, buweno, mainam naman 'yun. Pero kita n'yo, pero kapag humantong kayo sa isang punto kung saan. . . Depende rin kasi 'yan sa pagtanggap ng inyong mga anak. Kita n'yo? Bantayan n'yo kung ano ang gagawin ng inyong mga anak, kung ano, kung paano ang reaksiyon nila rito.

353. Tingnan nga natin. Kung wala kang madadaluhan na simbahan, dapat ka na bang makinig na lang sa mga teyp?

Oo! Yan nga'y. . . aking—ako. . . Magiging mainam 'yan.

354. Kailangan bang magkaroon ng karanasan ang iyong mga anak na magtamo ng Espiritu Santo? Kung ang—kung—kung nakikita nila ang Mensahe sa huling panahon, natamo na ba nila ang Espiritu Santo?

²¹⁸ Bawat isa mismo'y kinakailangan na magkaroon ng karanasan! Hindi maaaring makapasok ang mga anak n'yo sa ibang kaparaanan kundi sa parehong paraan din ng pagpasok n'yo. Kita n'yo? Kinakailangan nilang maipanganak na muli. Walang mga apo sa Kaharian ng Diyos; mga anak silang lahat. Kinakailangan nilang matamo ito, kinakailangan nilang magkaroon ng isang karanasan sa Diyos upang makapasok, gaya mismo sa inyo. Ngayon umaasa akong nasagot ko na ito. Ito'y. . .

355. Mga minamahal: (Tingnan natin.) Tungkol sa Kasulatan ng Mga Taga-Efeso 4:11 hanggang 13, ang kabuoan ba ng ating (Tingnan natin.)—ang kabuoan ba ng pagpapaging sakdal ng mga banal ay makukuha sa pamamagitan ng mga teyp, o dapat bang pumaparito kami, sa dako kung saan kumikilos ang mga kaloob ng Espiritu at ang iba't ibang katungkulan ng iglesia, para tumulong na maging sakdal kami? Sumasampalataya ang aming mga puso sa buong Salita ng Panginoon.

²¹⁹ Ngayon ang taong ito'y taga-Oregon. Ngayon, minamahal kong. . . sa palagay ko kilala ko kung sino ito. Kita n'yo?

Ito'y... Oh, siyanga, kilala ko, kilala ko talaga. Ang iyong—ang iyong anak na lalaki... Kung narito 'yung tao, alam kong ikaw ay... Kung wala ka, marahil noong nakaraang Linggo pa ito. Kita n'yo? Baka noong nakaraang Linggo pa ito. Haya't pinangangasiwaan ng iyong—iyong anak ang konserbasyon, kita mo, at ito'y... siya ang namamahala... Siya'y... Sa tingin ko siya 'yung nag-anyaya sa akin para mangaso ng usang elk kasama n'yo sa Oregon, kung saan... At sa tingin ko nga. Ngayon, kilala ko ang taong ito sa pamamagitan ng liham ni... at kaya...

Hindi! Gusto nilang pumunta rito sa simbahan para sa ikasasakdal. Kita n'yo? Na ating—ating makasama ang isa't isa dito sa simbahan, pero ang pagpapaging sakdal ay dumarating sa pagitan natin at ng Diyos. Ang Dugo ni Cristo ang nagpapaging sakdal sa atin sa Espiritu Santo.

²²⁰ Ngayon, sa iglesia'y sinasabi, "...kumikilos ang mga kaloob." Ngayon, wala tayong masyadong maraming mga kaloob na kumikilos dito, pero mayroon kaming ilan nun. Mayroon kaming kaloob ng mga wika, at—at ng kaloob ng propesiya (dalawa o tatlo sa mga ito).

²²¹ Sa tingin ko ang Kapatid na Higginbotham dito, kung nasaan man siya, mayroon siyang kaloob ng pagsasalita ng mga wika. At kasama natin ang ating Kapatid na Junior Jackson, at nagsasalita siya ng mga wika. At pagkatapos mayroon pa kaming dalawa o tatlo nila na nakakapagbigay interpretasyon. Si Kapatid na Neville din dito, ang aming pastor, siya'y nagsasalita ng mga wika't kung minsan ay nagpropesiya, at dinadala ng Panginoon sa kanya...

²²² Noong isang araw lang may sinabi siya. Tinawagan niya 'yung telepono nung bahay kung nasaan ako, na nagpropesiya raw siya sa isang tao, at sinabi sa kanila na 'yung lasenggong lalaki ay... magkakaroon ng isang malaking pagbabago sa kanya ora mismo o bagay na ganoon. At 'yung lalaki'y galing na sa Alcoholics Anonymous, haya't lasenggo pa rin, at sa loob ng animnapu't walong araw ay ni hindi na siya humipo ng alkohol man lang, o gamot man para dun, o anuman. Hayun nga si Kapatid na Neville na nagpropesiya sa kanila.

²²³ Kaya kami'y... Mayroon kaming ilang kaloob na kumikilos sa kalagitnaan namin, at ikagagalak naming lubos na magkaroon ng pakikisama sa kanino man sa inyo, na may paraan, na makaparito kahit kayo'y nagtrabaho, o gustong pumunta rito at makipagbuklod sa amin, siyanga't anumang kaya naming gawin, ikinagagalak namin nang lubos ang tungkol dito. Kita n'yo? Pero ngayon ang pagsasakdal ay kay Cristo.

Ngayon, tingnan natin, mga isa o dalawa pa.

356. Kapatid na Branham, maaari po bang pakipaliwanag ang litrato na kinunan ni Kapatid na Arganbright? Unang

tanong: ang pangalawa'y tungkol sa—sa pangalawang litrato diyán sa dingding, 'yung liwanag sa palibot mo, 'yung munting kalasag, at iba pa.

²²⁴ Buweno ngayon, sasabihin ko sa iyo kung ano. Nagpirma sila ng pangalan nila, at wala sila rito ngayon. Nauunawaan natin ito. Sina Kapatid na lalaki't Kapatid na babaing Jackson ito mula sa Timog Aprika; nakabalik na sila. Kaya nauunawaan natin; naipaliwanag na natin 'yan.

357. Kailan ang iglesya na . . . Kailan ang iglesya na naging . . . na (n-a- . . .) namatay sa panahon ng kapighatian at binu- . . . ay bubuhayin muli? Maghihintay rin ba sila hanggang sa muling pagbuhay ng masasama? Mabubuhay ba silang muli sa panahon ng Milenyum?

²²⁵ Ngayon, magandang tanong 'yan. Nararapat nga ng maraming oras kaysa sa magugugol ko rito, pero para mismo masagot ko . . . Kita n'yo? Hindi ko pa . . . Di bababa sa dalawang-katlo pa lang nito ang napasadhan ko ngayong umaga't, dalawang oras na. Talagang napakarami na hindi mo na matatalakay. Kita n'yo? At gusto ko lang kumuha ng marami sa abot ng makakaya ko, bumubunot-bunot lang ako rito. Alam kong may ilan dito na talagang magaganda't dapat na mailahad, gaya ng binhi ng serpiyente para maipaliwanag, at mga bagay-bagay; pero nagmamadali na ako't papasadahan ko na ito nang mabilisan.

²²⁶ “Ang iglesya ba na nangamatay sa panahon ng kapighatian (kita n'yo?) ay makakasama sa muling pagkabuhay?” Sa ikalawang pagkabuhay, ikalawang pagkabuhay.

²²⁷ “Maghihintay rin ba sila hanggang sa muling pagbuhay ng masasama?” Sabay na ibabangon ang matutuwid at dimatutuwid.

²²⁸ “Mabubuhay ba silang muli sa Milenyum?” Hindi! Ang iba pa sa mga patay ay hindi mabubuhay hanggang sa pagtatapos ng sanlibong taon. Ngayon, napakaiksi nun, pero tiyak kong . . .

358. Anong ibig sabihin ni Pablo sa paglaya at kalayaan kay Cristo? Anong paraan ang paglaya sa kautusan?

²²⁹ Buweno, hindi kayo natatali sa batas. Sabihin na lang natin, halimbawa, heto ang kawangis na bagay; ipaliwanag ko ito sa natural na paraan, nang mabilis. Halimbawa, dito sinasabi, bumagtas ka sa lansangan, na tatlumpung milya kada oras lang ang bilis na pinapayagan. Buweno ngayon. Kung magmamaneho ako sa lansangan nang apatnapung milya kada oras, kokondenahin ako ng batas. Pero kung dadaan ako sa lansangan nang tatlumpung milya lang kada oras, siyanga't wala ako sa ilalim ng batas. Kita n'yo? Ganoon ang kalayaan kay Cristo (kita n'yo?), pareho.

230 Hindi kayo nakatali sa batas hangga't. . . Kung hindi ako nagnanakaw, nagsisinungaling, naninigarilyo, nangangalunya, alinman sa mga bagay na ito, hindi ako saklaw ng anumang batas. Kita n'yo? Malaya ako mula sa batas; nakay Cristo ako.

359. Ano po ang saloobin mo tungkol sa pagkontrol ng pagbubuntis?

231 Nakatanggap ako ng ilang tanong ukol diyan sa mga panayam kaninang umaga. Mas gusto kong personal kang—kang makausap tungkol sa mga bagay na ito (kita mo?), tungkol sa mga bagay na 'yan, dahil may mga salita't mga bagay-bagay na kailangan kong sabihin, na aking. . . mas gugustuhin kong sabihin kung 'yung mag-asawang lalaki't babae. . .

232 At may posibilidad na magawa ito sa tamang paraan. Haya't sinasabi ko na rin ito, hayan nga, para sa pangkalahatan. Napakaraming araw sa buhay ng isang babae na hindi siya maaaring mabuntis. Nauunawaan n'yo? Sige. Buweno. . .

233 Ngayon, may mga pagkakataon na ang isang—isang sanggol ay makapapatay ng babae; na kung ipapanganak niya ang sanggol haya't ikamamatay niya. Bantayan n'yo rin 'yung ganoon. Kita n'yo? Kaya maging talagang maingat lang kayo sa bagay na 'yan. Kita n'yo? Kita n'yo, pagsisilang 'yan ng buhay, dahilan 'yan kung bakit inilagay kayo rito sa lupa para gawin.

234 Kung masasaktin ang maybahay mo, at may, 'yung bata, ay ikamamatay niya, hindi ko—hindi ko—hindi ko na 'yun gagawin. Sa tingin ko'y hindi gusto ng Panginoon na gawin n'yo ito. At inyong—inyong puntahan lang ako nang personal tungkol sa ganyang mga bagay; pag-usapan ito sa pribadong panayam. Hayaan n'yong kausapin ko kayo nang personal (kita n'yo?) at nararamdaman kong. . .

235 Kita n'yo, ang bawat indibiduwal, nasasabi ko kung nagsisinungaling sila sa akin o hindi. Kita n'yo? Iba't ibang mga bagay ang sinasabi nila sa akin. Mas gusto kong makaharap kayo para mismo. . . Kita n'yo? Dahil marahil ganito 'yung pagkakalahad n'yo, hindi n'yo alam. Mangyari nga na may mga indibiduwal at mga bagay-bagay na ganoon; masasabi ko 'yun, kung nagsasabi ba sila ng katotohanan o hindi. Kita n'yo?

360. Bakit—bakit pakakawalan si Satanas nang kaunting panahon pagkatapos ng isang libong taon ng Apocalipsis 20 at 3, at Apocalipsis 20:27?

236 Bakit siya pakakawalan? Ito'y para tipunin ang kanyang mga nasasakupan sa ikalawang pagkabuhay na mag-uli, dahil kinakailangan din na tumayo ni Satanas sa—sa paghatol. Kita n'yo? Kinakailangan siyang mahatulan.

Oh naku, heto nga't isang—isang aklat na puno pala ito. Sa palagay ko'y hindi na. . . At heto pa ang isang liham na puno

rin. Pakuhanin n'yo lang ako ng ilan pa't talagang, talagang, bibilisan na natin ito ngayon.

361. Kapatid na Branham, pakipaliwanag po ng Mga Gawa 9 talata 7 at Mga Gawa 20...Mga Gawa ika-22 talata.
(Pakihanap mo nga ito para sa akin, Kapatid na Neville.)
Pakipaliwanag po ang Mga Gawa 9 talata 7.

²³⁷ Ngayon, habang hinahanap niya, titingnan ko kung may mapapasadahan pa akong isa pa nang mabilisan lang. Napapagod na ba kayo? Alam kong pagod na kayo.

Pakipaliwanag po ang hiwaga ng paglilipat-dako ng Nobya. Papaano ito magaganap at kung saan, ang lugar, na pupuntahan ng Nobya. Hindi ba't kay gagandang tanong ng mga ito? Talagang maganda. Makatatayo nga ako rito nang maghapon...

Sandali lang po, talata...Mga Gawa 9 talata 7. Salamat, Kapatid na Neville. 9 talata 7:

At ang taong kasama niya sa paglalakad ay nangatilihan na hindi makapagsalita, na naririnig ang tinig, at walang nakikitang sinoman.

²³⁸ Ngayon alam ko kung saan ang tumbok mo. Kita mo? Ngayon, doon sa kabila ang sabi'y sila...kabaligtaran naman. Ngayon, hindi ko—hindi ko alam kung anong nangyari roon. Siyanga't hindi ko masasabi sa inyo, dahil doon sa kabila ay narinig naman nila. Yung sa isa, hindi nila ito nakita, at doon sa kabila, nakita naman nila ito at hindi ito narinig. Ilan ang nakakita na nun dati sa Biblia? Nakita ko nga 'yun, at hindi ko 'yun maipaliwanag. Kita n'yo? Ako...Kinakailangang ihayag 'yun sa akin ng Panginoon. Sinabi ko—sinabi ko sa inyo kanina, na kinakailangan kong maging tapat sa inyo. Kita n'yo? Hindi ko po alam. Paumanhin. Kung di ko—kung di ko ito maipaliwanag, haya't magpapakatapat ako mismo't sasabihin sa inyo na hindi ko kayang ipaliwanag. Siyanga't hindi ko—hindi ko tatalakayin kung—kung hindi ko alam.

²³⁹ Hindi ko 'yun maipaliwanag, dahil sa isang dako'y ang sabi nito'y nakita nila ang Liwanag at hindi narinig ang Tinig, o parang ganoon; at doon sa kabila naman, ay nakita nila ang... narinig ang Tinig at hindi nakita ang Liwanag. Hindi ko ito kayang ipaliwanag. Kita n'yo? Hindi ko—hindi ko alam kung anong nangyari, at hindi ko malalaman hanggang sa ihayag ito sa akin ng Panginoon; kagaya nga na di ko basta masasabi sa inyo ang tungkol sa pag-aasawa at diborsyo. Hindi ko alam hanggang sa ihayag Niya ito sa akin.

²⁴⁰ At maging kaninang umaga, ang Panginoong Diyos, ang Lumikha ng kalangitan at lupa ay nalalaman na ito ang siyang katotohanan, kaninang umaga ay tinapos Niya ang buong bagay, sa paghahayag sa akin ang tungkol sa pag-aasawa at diborsyo.

Ganoon nga. Yun ang dahilan kung bakit sinasabi ko, hayaan n'yong mapaglakit-lakit ko itong lahat. Saliksikin . . .

241 Katulad na lang nung isa roon 'yung binhi ng serpiyente, noong iharap ito sa akin, hindi ko—hindi ko ito makita-kita, wala mismo; pero ipinagpatuloy ko lang na tugaygayin 'yun, at malalaman mo na lang. . . Mangyari nga na kinakailangan mong malayo sa sarili mo, at pagkatapos ay sisimulan na ng Espiritu Santo na buksan ito. Ngayon, mayroon kayang susubok na kumondena riyang kapag ganyan. Kita n'yo? Hindi nga.

362. Pakipaliwanag po ang hiwaga ng paglilipat-dako ng Nobya.

242 Isa po 'yung pagbabago, kita n'yo, ng mga katawan natin. Ngayon, sabihin nating *atin*. Alam n'yo ba ang ibig kong sabihin kapag sinasabi ko 'yun? Ayaw kong lumabas na walang pagpipitagan. Hindi ko ibig sabihin dun ay *atin*; hindi ko ibig sabihin ay itong iglesyang ito; ang ibig kong sabihin ay bawat mananampalataya.

243 Si Abraham noon, hinihintay niya ang isang pangakong anak, na ipinangako sa kanya. Tama ba? At naghihintay ang Iglesya para sa isang ipinangakong Anak. Ang Nobya (tama ba?), naghihintay ang Nobya para sa ipinangakong Anak.

244 Bago makarating ang pangakong anak kina Sarah at Abraham, kinailangang mabago ang kanilang mga katawan. Tama ba?

245 Napakatanda na ni Sarah para manganak. Wala na siyang ugat ng gatas sa kanyang dibdib; natuyo na ang suso niya. Hindi mayabong ang kanyang sinapupunan; baog siya. Hindi niya maaaring ipagbuntis ang sanggol; masyado nang matanda ang puso niya para kayanin ang hirap ng panganganak. Kaya anong nangyari? Ibinalik siya ng Diyos sa pagiging isang babae na nasa kanyang kabataan. At ganoon din ang ginawa Niya kay Abraham, dahil ang sabi Niya'y ang katawan nito ay para nang patay. Kita n'yo? At kinailangan Niyang baguhin ang kanilang katawan para matanggap ang ipinangakong anak.

246 At hindi natin maaaring matanggap ang ipinangakong Anak na ipinangako sa atin ngayon sa mga katawang ito na pinapanahanan natin; ang mga katawang ito'y kasalanan.

247 Ang unang kamalayan na ito ang kumukontrol sa katawang ito sa pamamagitan ng paningin, panlasa, pandama, pangamoy, at pandinig, at ibinubunsod tayo na mag-alinlangan; haya't nagdadahilan tayo at lahat na. Pero ang bagong katawan na 'yun, na nagmumula rito sa ipinanganak na muling (hindi itong unang kamalayan, lilipas kasi ito)... Ito yaong nasa loob na bagay na nabubuhay. Ang lahat po ng nakakaunawa rito'y magsabi ng, "Amen." [Sinabing kongregasyon, "Amen."—Pat.]

248 Hindi itong panlabas na nakakakita, nakakalasa, nakakadama, nakakaamoy, at nakakarinig. Hindi ito. Ito’y saklaw ng kamatayan at mamamatay, pero ang loob na bahagi mo, sa kaibuturan dito, sa loob, ’yan ’yung, tao na hindi mamamatay. Kita n’yo? At ’yan ang tao na pag-uumpisahan ng bagong buhay, mula sa bagong kapanganakan na ito; at binubuo nito ang isa pang tao sa larawan ng taong ito kung ano ka, sa palibot ng buhay na ’yan. Nakukuha n’yo po ba?

249 Kaya potensyal na narito ito, at ano ito? Ang Salitang ipinangako bago pa man maitatag ang sanlibutan. At sa palibot n’yan, ipinapaaninag lamang nito ang negatibo; ’yun ang magpapaaninag sa positibo, sa Salita. Kita n’yo? At ganoon din sa . . . O, ang paglilipat-dako sa Nobya ay magiging ganoon din. Ang Salita na nasa inyo, mabubuo ang katawan na ’yun sa palibot ng Salita, at ganoon din sa nangyari noon kay Sarah.

250 Bago pa . . . Noong ang matandang katawan na mayroon si Sarah, ang unang katawan na ’yun, kinailangan itong mabago para makapanganak. Nakukuha n’yo ba? Hindi kasi ’yun kaya nung katawan na ’yun. Hindi ito magagawa ng katawang ito, kaya kinakailangan nitong mabago sa ganoon ding paraan para matanggap ang Anak.

363. Papaano ito magaganap, at kailan ang . . .saan ang . . .saan pupunta ang Nobya?

251 Pupunta sa Kaluwalhatian, sa Langit para sa Hapunan ng Kasalan, na tumitipo mismo gaya kina Isaac at Rebekah, noong kinatagpo ni Rebekah si Isaac. Naaalala n’yo si Eliezer, na kumakatawan ngayon sa mensahe na inihatid mula kay Abraham, humayo si Eliezer para humanap ng nobya para kay Cri- . . . para kay Isaac. Natagpuan niya ang magandang si Rebekah sa kalamigan ng gabi, isang munti’t maitim ang balat na dalaga, papalabas noon na may nakapatong na banga ng tubig. At nanalangin si Eliezer, sabi, “Panginoong Diyos, bigyan Mo ako ng magandang paglalakbay ngayon at tagumpay para sa aking panginoong, Abraham.”

252 At sabi ni Abraham, “Humayo ka, huwag mo siyang kunin sa mga Filisteo; huwag mo siyang kunin.” Pumunta ka roon sa kanyang mga kamag-anakan, na ipinapakita na ang Nobya ni Cristo at si Cristo ay magkadugo, dahil si Rebekah at—at si Isaac ay magpinsan.

253 At kaya nagpunta sila roon, at lumabas itong magandang Rebekah at umigib ng tubig; at nanalangin si Eliezer; at pinainom nga ni Rebekah ng tubig ang kamelyo at kung ano pa. At pagkatapos, mapapansin n’yo na si Rebekah ay may . . . Ang huling pasya ay kinakailangan na manggaling kay Rebekah. Hiningi ni Eliezer sa tatay ang dalaga; hiningi niya sa nanay ang dalaga; at pareho silang hindi makasang-ayon. Ang gusto

nila'y manatili pa sana siya. Sabi ng sugo, "Huwag ninyo akong hadlangan sa aking tungkulin."

²⁵⁴ At kinailangan ni Rebekah na magpasya, dahil sabi ng sugo, "Siya 'yung dalaga; hayaan n'yo siyang magpasya."

²⁵⁵ At noong sandali mismo na ibaling 'yun sa kanya, kaagad-agad na nakapagpasya siya; sabi niya, "Pupunta ako." At sumakay ang dalaga sa kamelyo at naglakbay na para katagpuin ang. . . Tingnan n'yo, ang mismong kamelyo na pinainom niya ay ang kamelyong naghatid sa kanya papunta sa kanyang nobyo at sa lahat ng kanyang tagumpay. Ang mismong kamelyo, ang mismong kapangyarihan ng (ang hayop na 'yun sa Biblia ay kumakatawan sa kapangyarihan). . . At ang mismong Kapangyarihan na binibigyan natin ng tubig at papuri (Amen! Kita n'yo?), tubig, buhay, pinapupurihan, ang Salita, ay ang mismong bagay na maghahatid sa atin patungo sa Maluwalhating lupain para katagpuin ang Nobyo. Siyanga, po! Amen!

Aking hinihintay ang mabunying kaarawan ng
Milenyum na parating,
Kung kailan ang banal nating Panginoon ay
darating, na ang Nobya Niyang naghinihintay
palayong aagawin.

²⁵⁶ At alalahanin n'yo, umalis na noon si Isaac sa tolda at nakatayo roon sa bukid na nagmumuni-muni sa dapithapon. (Amen!) Noong makita niyang paparating si Rebekah. . . At hindi pa nakikita ng dalaga ang binata kailanman at hindi pa rin nakikita ng binata ang dalaga kailanman, pero 'yun nga'y pag-ibig sa unang pagkikita. Umibig ang dalaga sa binata at ang binata naman sa dalaga, at ang dalaga'y may belo pa noon. Amen! Oh, ang ganda!

²⁵⁷ At tingnan n'yo, noong makita siya nung dalaga, ang puso nito'y puno ng kagalakan. Hindi pa niya alam kung sino ang pakakasalan niya, kundi sa pamamagitan lamang ng pananampalataya. Amen! At—at alalahanin n'yo, iiwan ni Jesus ang Kaharian, at hindi natin Siya sasalubungin sa Kaluwalhatian, sasalubungin natin Siya sa alapaap, sa pagitan ng langit at lupa, kung saan ito'y pinalawak upang tubusin tayo. At sinalubong niya si Rebekah sa gitna, sa pagitan ng tahanan nito at tahanan niya. Amen! Dinala siya sa tahanan nung binata, at pinakasalan siya, at naging tagapagmana sa lahat ng pagmamay-ari ng kanyang ama. Amen! Oh, ganap, ganap na ganap talaga. Buweno.

Tanong: Pinaghihiwalay ba ng Diyos ang lalaki at ang asawang babae sa. . . ?

²⁵⁸ Mas mabuti siguro kung di ko—di ko na lang basahin ang isang ito. Kita n'yo, kita n'yo? Ito'y isang—ito'y isang. . . siguro'y magsasabi lang ako nang kaunting salita. Kita n'yo? Kilala ko

kayong lahat, pero ang mga ito—ang mga ito—ito po’y tiniteyp (kita n’yo?), kaya mas mainam siguro na di ko—di ko na basahin. Ito po’y tungkol sa . . . Yung tao na sumulat nito, alam mo kung ano ito; at mas mabuti kung ako’y—ako’y makikipagkita na lang sa’yo sa isang pribadong panayam. Kita mo? Mas mabuting hindi ko na . . . Sa palagay ko kasi’y hindi magiging mabuti kung babasahin pa ’yun. Kita n’yo? Ito’y—ito’y ayos lang naman, na ’yung tao, wala namang mali dun; nagtanong lang sila ng isang lehitimong tanong, pero sa palagay ko—sa palagay ko mas makabubuti para sa akin na siyasatin ’yun sa isang pribadong panayam. Hindi ba’t ganoon din ang tingin mo? Kung sino man . . . alam mo kung sino ito, kung sino ka man.

²⁵⁹ Oh, grabe! Oh, lampas na tayo sa ating oras, mga kapatid. Tayo—tayo na siguro’y magsara at dumako na—dumako na sa ating tanghalian. Ilang oras n’yo gustong tumayo ako . . . magpaypay rito? [May nagsasabi, “Buong araw.”—Pat.] Oh, naku, naku! Basta—basta, oo, basta, siguro’y saglit na lang. Kung sino man ang kailangan nang umalis agad, huwag n’yong hayaang masunog ang pananghalian n’yo. Pero kung inyong—kung inyong . . . At—at ako marahil ay kakain dun sa Blue Boar, o sa Pryor’s, o kung saan sa mga lugar na ’yun, at hindi naman ’yun makakaabala. Sige’t kung kailangan n’yo nang umalis, pagpalain kayo ng Diyos; nauunawaan ko. Kita n’yo? Kukuha na lang ako ng mga ilan na lang, ilalapag ko *ang mga ito* rito mismo, at ’yan na lang lahat ang sasagutin ko. Pagkatapos ako’y—ako’y, ang mga *ito*, siguro’y, gugugol ng mga labinlimang minuto pa, pagkatapos ako’y, aalis na.

364. May dalawa akong anak na babae na ikinasal sa lalaki sa d-e-a-v- . . . at naniniwala sila sa Mensaheng ito. Sila . . . o mga denominasyon po pala, (Yun pala.), at naniniwala sila sa Mensaheng ito at nanindigan para Rito, at nakatanggap ng . . . Anong dapat nilang gawin? Nakatanggap sila ng oposisyon. Anong gagawin namin?

²⁶⁰ Manatili kayong naninindigan! Walang pasubali. Ipakita n’yo ang inyong mga kulay. Ganoon lang; huwag kayong sumuko sa kanila. Hindi, po! Hindi ko sinasabing, huwag kayong pumunta sa gitna nila, sa pakikisama, o bagay na gaya nun, hangga’t maaari kayong makisama; pero kapag dumating na sa pagbabago ng pagkain, alam n’yo na, hindi maaaring makisamang kumain ang isang kalapati sa isang buwitre.

365. Kapatid na Branham, maaari mo bang pakipaliwanag ang Marcos 13:27? Ganoon din, Kapatid na Branham, paano naman ang mga tao sa Apocalipsis 20:7 at 9, anong . . . na makikipagdigma sa mga banal? Saan sila manggagaling? Magkakaroon ba ng pagtawid gaya sa—pamilya ni Noe?

²⁶¹ Apocalipsis 13 o . . . Hindi. Marcos 13:27, Kapatid na Neville. Apocalipsis 20. May Biblia ka ba riyon, Kapatid na Capps?

Apocalipsis 20, at mukhang 7 at 9. Sa tingin ko aking, habang hinahanap nila ito. . .Heto, nahanap na niya. Apocalipsis, ano na ulit 'yun? Marcos 13:27, 13:27.

At kung magkagayo'y susuguin niya ang mga anghel, at . . .titipunin ang kaniyang mga hinirang mula sa apat na hangin, at . . .at sa mga wakas ng lupa hanggang maging . . .at sa mga dulo ng langit.

. . .mga wakas ng lupa hanggang sa dulo na bahagi ng langit.

²⁶² Sinasaysay nun ang tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, ang paglilipat-dako, pag-akyat. Susuguin Niya ang Kanyang mga anghel para tumipon. Napagbulay-bulay n'yo na ba kung ano 'yung mga anghel? Huh? Mga mensahero. Kanyang titipunin sila, pagtitipun-tipunin sila (kita n'yo?), dadalhin sila, pagbibigkisin sila mula sa mga wakas ng lupa hanggang sa mga dulo ng Langit, ang Salita na, na nahayag sa lupa. Kita n'yo? Nakukuha n'yo? Binigkas na ang Salita; dito Ito'y nahayag. Kita n'yo? Sige po, Kapatid na Capps. Tingnan natin.

At kung maganap na ang isang libong taon, si Satanas ay . . .kakalagan sa kaniyang bilangguan,

²⁶³ Buweno. Katatapos ko lang ipaliwanag 'yun, hindi ba, kung papaanong pakakawalan siya sa kanyang bilangguan pagkatapos ng sanlibong taon?

Buweno, mayroon pa akong isa rito. Sandali na lang.

366. Kapatid na Branham, sa Diyos ba ito, o sa sarili ko bang kagagawan kapag ang mga bagay na nangyari, kapag (ti- . . .) tinutukso . . .? Iyon ba . . .? (Tingnan mo nga kung kaya mong intindihin. Magandang sulat, pero salat lang ako sa edukasyon. Anong sinasabi riyan? . . .? . . .Sa tingin ko hindi ko—hindi ko yata masasagot 'yan. Kapatid na Capps o hindi ko lang maintindihan . . .Sabi.) **Ito ba . . .?** (Maliban kung ito'y—ito'y . . .kung isa itong nars. Tungkol sa pagiging nars.) **Ito ba'y sa Diyos kapag titigil ako sa pagnanars, o ako ba ang may mali rito?**

²⁶⁴ Hindi ko malalaman. Mas maigi kung masisiyasat ko 'yun sa pribadong panayam. Kita n'yo?

Ngayon, ang pagiging nars ay isang lehitimong bagay, tulad ng isang nars. Sasabihin ko . . .Ngayon, 'yung tao'y di naman . . .Hindi ko nga 'yun insinantabi para hindi sagutin ang tanong na 'yun, dahil mahalaga po 'yun sa babaing 'yun gaya nga na mahalaga ang tanong mo para sa iyo o ng tanong ko para sa akin. Kita n'yo? Pero ngayon, kung ito'y isang—kung ito'y isang—isang nars, na huminto ka na sa pagiging nars dahil iniisip mong hindi ka dapat magtrabaho . . .Buweno, sa tingin ko ang pagiging nars ay dapat na may kalakip na malasakit. Kita n'yo? Dapat isipin mo na dapat makagawa ka ng isang bagay, gaya ng isang doktor.

265 Ang isang doktor na isang mabuting doktor, tutulong at tutulong tayo sa isang tao may sentimo mang pera ang taong 'yun o wala, ang isang tunay na doktor. Kita n'yo? At sa tingin ko ang isang ministro, sinuman, ang paglilingkod natin ay dapat na sa isa't isa, dahil ang layon natin ay para mapagaan kahit paano ang buhay ng isa't isa.

266 Ako. . . Noong sinabi nila sa akin na kailangan kong kumuha ng sandaang dolyar kada linggo sa simbahang ito bilang suweldo, aba, para bang—para bang napakabigat nito sa loob ko na parang ikamamatay ko. Ngayon. . . Si Gng. Wilson, alam ko, at marahil ang kanyang anak na lalaki, at sila na mga nakaupo rito, ay maaalala n'yo maraming mga taon na ang nakalipas, nangaral ako rito nang labimpitong taon na at di kailanman kumuha ng isa mang sentimo sa buong buhay ko. Bawat kusing, lahat ng kaya kong kitain, inilalagay ko mismo rito. Kita n'yo? At noong sinabi nila sa akin na kailangan ko itong tanggapin para makapunta sa mga pagtitipon na ito, para nga akong guguhu. Kita n'yo? Mangyari po, na naniniwala naman akong ayos lang ito, pero para sa akin (kita n'yo?), ayaw ko ng anuman, maski salapi, siyanga't ang tanging gusto ko ay—ay ang inyong—inyong pakikipagkaibigan at ang kabutihang-loob ng Diyos sa atin.

267 Mahal ko—mahal ko kayo (kita n'yo?), mahal ko kayo, at gusto ko kayong maitama; at gusto kong maitama ang sarili ko mismo. At gusto kong—gusto kong paniwalaan n'yo ako; naniniwala ako sa inyo. At kung lumapit kayo sa akin para magtanong, gusto kong maging tapat sa inyo. At kung magsasabi ako—ako sa inyo sa Pangalan ng Panginoon, gusto kong gawin n'yo nang eksakto kung ano ang sinabi ko sa inyo na gawin. Huwag kayong mag-iiba mula rito nang—nang kahit kaunti man, kung magkagayon sa tingin ko'y magkakasundo tayo. Kita n'yo? At pagkatapos, ang iba pang. . .

268 At kaya ngayon, kung ito'y pagiging nars. . . At sa tingin ko kung ikaw, nasa puso mo ang pagiging isang nars. . . Haya't hindi lahat ay puwedeng maging nars. Ang isang nars ay isang taong malumanay at mabait sa mga tao, at oh, sa tingin ko ang isang tunay na nars. . . Kung nagkasakit na kayo sa isang ospital, o kung ano, tapos makakakita kayo ng isang talagang mabait na nars na pupunta't sisiguraduhing kumportable kayo, o parang ganoon o iba pa. . .

269 Naoperahan ako noong nabaril ako nung isang beses; kinailangan kong madala sa hospital. May isang kalugud-lugod na nars dun, ang tawag ko sa kanya'y "Sweet Pickles," dahil palagi siyang may pipino sa bibig niya, kinakain ito. Laging naaabutan na ganoon. At ako'y mga labing-apat na taong gulang pa lang noon at nabaril ako. At 'yung nars nga'y maliit na tao, at kanyang. . . 'yung nabaril na mga binti ko, kamuntikmuntikan nang sumambulat pareho, at naglalagay siya ng isang unan *dito* at isang unan *doon*; at sa lahat ng oras ay palagi niya

akong tinutulungan. At lagi kong naiisip noon (haya't isa lamang akong batang paslit noon)—iniisip ko na siya na marahil ang mapapangasawa ko, dahil siya'y—siya'y napakabait at mabuti sa akin. Buweno ako. . . Iyon. . . Nakita n'yo, makabuluhang bagay talaga (kita n'yo?) na makagawa ng isang bagay.

367. Gusto ko pong magtanong. Una: Ang padyama ba ng babae. . . (Ngayon, sandali lang po; hayaan n'yong basahin ko ito. . .? . . . Hindi, ayos lang ito.) **Ang padyama ba ng babae ay nauukol sa kasuotang panlalaki?**

²⁷⁰ Naku, huwag n'yong sabihin sa akin na di makapagtatanong ang mga tao ng mga sapul talaga. Hindi ko po alam. Ipapaubaya ko na lang sa iyo ang pagpapasya nun. Hindi ka dapat bumabalandra sa harap ng mga tao na nakasuot ng ganon; nakakatiyak ako—ako riyon. Kaya kapag ganon ay dapat talaga, pero sa. . . sa pagtulog haya't di ko—di ko—di ko alam. Kinakailangan ko nga rin nang pangsuporta riyon.

Sinabi ko na sa inyo na magiging tapat ako kung hindi ko alam. Hindi ko ilalagay ang sa sarili kong kaisipan dito (sige), maliban na gusto n'yong malaman ang sarili kong opinyon. Kung gusto n'yo, haya't sasabihin ko sa inyo. Kita n'yo?

Ngayon alalahanin n'yo, hindi ito. . . ito—ito. . . Ito—ito nga'y maaaring mali nang isang milyong milya ang layo. Sa tingin ko'y magiging maganda kung ang suot-suot ay bestidang pantulog. Pero—pero kung kayo—pero kung kayo. . . Pero nasa sa inyo na 'yan. Ngayon, hindi ko—hindi ko masasabi 'yun sa inyo, dahil hindi ko 'yun masuportahan. Ngayon, 'yun—'yun—'yun po'y sa ganang akin, hindi sa Kanya, alalahanin n'yo. Kita n'yo?

368. Mali po ba na gupitin ang mga dulo ng buhok ng babae?

Naniniwala akong natalakay na natin 'yan mga ilang minuto pa lang ang nakararaan (kita n'yo?), 'yang tungkol diyan sa maliliit. . . Sa palagay ko'y tinatawag nila ang mga—ang mga maliliit na nakalaylay na 'yun na. . .

369. Kapatid na Branham, sa isa sa mga teyp ukol sa Pitong Kapanahunan ng Iglesya ay binanggit mo na si Judas ay inaring-ganap, pinaging banal. Ang mga ito ba'y tunay. . . (Hayan ang isang magandang tanong. . . na paliwanag. . . na karanasan, o tunay na mga karanasan ng biyaya na kanyang natanggap? Nabanggit mo rin na nasa Aklat ng Buhay ang pangalan ni Judas, at gayunman, alam naming napunta siya sa hades at napahamak. Papanang nakalagay sa Aklat ng Buhay ang pangalan ng isang tao at siya'y mapapahamak pa rin? O bakit inilalagay ng Diyos ang mga pangalan ng mga tao sa Aklat ng Buhay gayong alam na Niyang mapapahamak sila sa dulo?)

²⁷¹ Ngayon, maganda ang isang 'yan, hindi ba? Ngayon, magiging maganda po ito. Ngayon, kakailanganin ko lamang umasa sa Panginoon para sagutin ito, dahil ako'y sumusuray

lang, o sumusuri, ang ibig kong sabihin. Tingnan n'yo! Una, sa . . . ating mga simbahan, nabanggit ko na na nakalagay ang pangalan ni Judas sa Aklat ng Buhay. Totoo 'yun. Alam natin 'yun, dahil sinabi sa kanila ni Jesus noong pinahayo silang lahat (Mateo 10), para magpalayas ng mga demonyo, para ipangaral ang Ebanghelyo, tumanggap na walang bayad, magbigay na walang bayad; tapos nagsibalik sila na nangagagalak, dahil ang mga demonyo'y nagpapasakop sa kanila. Tama ba? At sinabi ni Jesus sa kanila, at tinawag Niya ang mga pangalan nila (kung sinu-sino sila, kung ilan ang isinugo); at nagsibalik sila at maging si Judas Iscariote na nagkanulo sa Kanya . . . Kita n'yo? Nagsibalik sila na nagagalak, dahil ang mga demonyo'y nagpapasakop sa kanila. Ngayon, kita n'yo, mali 'yung aksyon na 'yun doon. Kita n'yo? Hindi ka dapat magalak dahil mayroon akong kapangyarihan para makapagpaalis ng demonyo. Kita n'yo? Hindi n'yo dapat gawin ang ganoon, dapat kang magalak dahil nakatanggap ka ng sapat na biyaya para maligtas. Kita n'yo, kita n'yo? Hindi ka dapat magalak . . . Sa ganoong paraan ang mga tao . . .

²⁷² Madalas ang mga tao na may mga kaloob ay mga tao na ayaw ng mga kaloob. Kita n'yo? Sinubukang takasan ni Pablo 'yung bagay na 'yun, ganoon din si Moises. Ang mga dakilang tagapamuno na gaya nun ay nagtatangkang tumakas sa gawain; alam kasi nila kung ano ang nasa harapan nila. Ang Diyos . . .

Kita n'yo, kung kukuha kayo ng isang tao na palaging, “Oh, Panginoon, puspusin mo ako ng kapangyarihan, at hahayo ako rito at magpapalayas ng mga demonyo.” Hindi Niya kailanman gagawin 'yun. Mas alam ng Diyos ang mabuti kaysa sa magtiwala sa sinumang gaya nun. Kita n'yo? Hindi Niya kailanman gagawin 'yun.

²⁷³ Yung tao talaga na ayaw magkaroon ng anumang kinalaman dito. Nakita n'yo? Yun 'yung tao na maaaring gamitin ng Diyos at turuan siya ng isang bagay sa isang panahon. Nakita n'yo?

Kaya ang nangyari, dumating si Judas na nagagalak, lahat sila, na ang mga pangalan . . . Sabi Niya, “Huwag kayong magalak na ang mga demonyo ay nagpapasakop sa inyo, kundi magalak kayo dahil ang inyong mga pangalan ay nakasulat sa . . . sa Aklat ng Buhay.” Ngayon, kung mapapansin n'yo at tingnan n'yo rin si Daniel. Ang Bi- . . . Kita n'yo?

Sa kadahilanang ang pangalan n'yo ay nasa Aklat ng Buhay (dahil naroon 'yun sa Langit, ang pangalan n'yo ay kinilala), hindi pa rin ibig sabihin nun ay ligtas na kayo. Kita n'yo? Hindi pa kayo napagbabagong-loob, hanggang sa matanggap n'yo ang Espiritu Santo. Tandaan n'yo 'yun. Potensyal pa lang na napagbabagong-loob ka. Kita n'yo? Hindi ka pa . . .

²⁷⁴ Kung—kung hihingan n'yo ako ng isang—ng isang puno ng encina at ang ibibigay ko sa inyo ay bunga ng encina, potensyal

na mayroon ka nang isang puno ng encina, potensyal, pero hindi pa ito lumalaki. Yun ang dahilan kung bakit pinaniniwalaan ko ang tungkol sa kasiguraduhan gaya ng paniniwala ko.

Kung ako'y—kung ako'y hihiling ng isang taniman ng mais, at makikita ko roon ang mais na mga ganoon na kataas, haya't potensyal, na mayroon na akong taniman na may mga mais. Hindi pa nga lang ito lumalaki, maaaring may mangyari pa. Kita n'yo?

Ngayon, kayo'y nasa inyong daan na patungong pag-aaring ganap at pagpapaging banal hanggang sa makarating sa bautismo ng Espiritu Santo. Anupa't kung kayo'y tunay nang nabautismuhan ng Espiritu Santo, kayo'y nasa Kaharian na. Ngayon, sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, totoo ba 'yan?"

²⁷⁵ Ngayon, wala na akong oras para—para ibigay ang Kasulatan; hanapin n'yo na lang pag-uwi n'yo, dahil hindi ko alam...naisip ko. Kailangan ko pang tingnan rito sa concordance ko para makuha ito. Sinabi ni Jesus kay Pedro, na naligtas at pinaging banal. . . Nanampalataya siya kay Jesus, pinaging banal siya. San Juan 17:17, sabi ni Jesus, "Pakabanalin Mo sila, Ama, sa pamamagitan ng Katotohanan; ang Iyong Salita ay Katotohanan." At Siya at ang Salita ay iisa. Pinaging banal sila, nang potensyal, sa pamamagitan ng Katotohanan, ang Salita, ang Katotohanan. At pagkatapos, sinabi ni Jesus kay Judas, o—o, kay Pedro noong gabi ng pagkakanulo, ang sabi Niya, "Pagkatapos mong mapagbagong-loob, pagkatapos nun palakasin mo ang iyong kapatid," pagkatapos na ikaw ay mapagbagong-loob.

²⁷⁶ Sumunod ang lalaking ito sa Kanya sa loob ng tatlong taon at nakalagay ang pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero, at nagpalayas ng mga demonyo, at gumawa ng mga dakilang gawa, at nagpagaling, at gumawa ng lahat ng uri ng . . . ipinangaral ang Salita, at lahat na, at hindi pa rin napagbagong-loob. Nakikita n'yo ba ang . . . Patugaygay na kayo patungo sa pagbabagong-loob. Kita n'yo?

²⁷⁷ Ang sanggol na . . . Kapag naganap ang akto sa pagitan ng—ng itlog at ng punlay, o 'yung binhi. . . Pero kapag ang mga ito. . . Potensyal, naroon na ang sanggol kapag nangyari na ang akto. Pagkatapos ang katawan ay nabubuo na, sa pangalawang yugto; pero kailangan pang maisilang ang sanggol dito, at pagkatapos ay tatanggapin nito ang hininga ng buhay. Wala pa itong hininga ng buhay. Sasabihin n'yo, "Oh, buhay ito!" Hindi, hindi pa! Maliliit na mga nerbiyo lang 'yan na kumikislot, mga kalamnan. Kita n'yo? Hindi pa tumatanggap ng buhay 'yung sanggol hanggang sa ito'y maisilang. At maaari kang tumalon-talon at kumawag-kawag, pero hindi ka pa. . . Kita n'yo, kita n'yo? Kinakailangan mong maipanganak. Alam n'yo na ang ibig kong sabihin? Buweno.

278 Ngayon, ngayon, nabanggit niya nga rito na inalis... “Nabanggit mong ang pangalan ni Judas ay naroon sa Aklat ng Buhay, at ganoon pa man, alam natin na napunta siya sa hades at napahamak. Papaanong ang isang tao, kung ganoon, ay nakalagay ang pangalan niya sa Aklat ng Buhay at mapapahamak pa rin?” Ngayon, hayaan n’yong kunin ko pa ang isang maliit na bagay rito para sa minamahal na taong ito.

279 Ngayon pansinin, sinabi ng Biblia na noong nakita ni Daniel... Kanyang—kanyang isinulat ang unang Aklat ng Apocalipsis, ang Daniel. At mapapansin natin, sa pangitain ay nakita niya Siya na lumapit sa Matanda sa panahon na ang buhok ay maputi na gaya ng balahibo ng tupa. Ilan ang nakakaalalang nabasa ‘yun? At napansin n’yo ba, si Juan sa Apocalipsis ay lumapit din sa parehong bagay, Apocalipsis 1? Tumayo Siya roon; ang Kanyang buhok ay maputing gaya ng balahibo ng tupa, ang Kanyang paa at ang itsura nito—Matanda sa panahon. Matanda sa panahon, ‘yun nga’y, di saklaw ng oras; Yaong Walang Hanggan. At lumapit Siya... Ngayon masdan! At pumunta sa lupa ang mga banal at nangabuksan ang mga aklat, at isa pang Aklat ang nabuksan, ‘yung Aklat ng Buhay, isang aklat. Dumating sila sa paghatol, at ang... dumating Siya, at kasama Niyang dumating ang laksa-laksang makalaksa-laksa. Tama ba? Nagsilbi sa Kanya, ang Nobya, ang Reyna at Hari... .

280 Sino ang munti mong reyna sa iyong tahanan? Pinagsisilbihan ka niya ng pagkain. Tama ba? (Diyang sa huli ngayon.) Pero kagaya nga ng kanyang—ng kanyang pagsisilbi sa iyo. Ganoon ang pagsisilbi ng Nobya kay Cristo, ang Salita. “Ang tao ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang, kundi sa bawat Salita.” Kita n’yo? Ipinagsisilbi niya ang Salita sa Hari, inihahayag ang Kanyang pangakong Salita sa kapanahunan na kinabubuhayan ng Nobya. Amen! Ah, may sinabi ako noon, hindi n’yo ito nakuha, pero... .

281 Pansinin! Oh, grabe! Maganda po ang isang ‘yun. Kita n’yo? Naglilingkod sa kapanahunan, ang Salita. Ngayon pansinin n’yo! At lumapit Siya... lumapit Siya, at lumapit sa Kanya ang laksa-laksang makalaksa-laksa; at sinimulan na ang paghatol, at ang mga aklat ay binuksan; at isa pang Aklat ang nabuksan yaong Aklat ng Buhay; at hinatulan sila sa ganoon. Sino itong dumating? Ang Nobya na hindi na kinailangan pang mahatulan, malaya na Siya sa kahatulan.

282 Isa pang aklat ang nabuksan yaong Aklat ng Buhay, at ‘yung mga pangalan na naroon sa Aklat ng Buhay ay kinailangang mahatulan mula sa Aklat na ‘yun. At nag-angkin si Judas Iscariote na isa siyang mananampalataya, at nakasulat ang kanyang pangalan na kasama roon sa Aklat ng Buhay. Tama ba? Nag-angkin siya na mayroon siyang Buhay na Walang Hanggan. At ang kanyang pangalan ay inilagay sa Aklat ng Buhay. Kaya kailangan niyang... Hayan nga’t, kinailangan niyang

mahatulan kung ganoon para makita kung bakit kinondena niya ang Salita ng Buhay noong panahong na 'yun, kanyang ibinenta sa halagang tatlumpung piraso ng pilak. May iba na nagbebenta para maging Methodist, Baptist o ano pa. Ibinenta ang kanyang posisyon mula sa Aklat ng Buhay. At kanyang hahatulan. . . siya'y kinakailangan na. . . tumayo roon at mahatulan sa pamamagitan nun, ng Salita. Kita n'yo? Kaya naman kinailangan 'yung gawin ni Judas. Kita n'yo? Kinakailangang humarap si Judas sa paghatol. Ang pangalan niya'y nasa Aklat ng Buhay, pero hindi ibig sabihin nun ay ligtas na siya. Kinakailangan niyang tumayo sa paghatol.

²⁸³ Ang natutulong na birhen ay tatayo roon mismo sa ilalim ng ganoon din—ganoon din. Pansinin, sinabi ni Jesus sa San Juan 5:24, “Ang dumirinig sa Aking Salita.” Ang ibig sabihin nga'y siya na kayang tumanggap Nito; hindi siya na nakakarinig lang Nito at patuloy na nagsasabi, “Kalokohan.” Kita n'yo? “Ang tumanggap ng Aking Salita, Ang nakikingig ng Aking Salita at sumasampalataya (hindi kunwa-kunwariang nananampalataya, kundi tunay na nananampalataya) sa Kanya na nagsugo sa Akin ('yung Salita) ay *may* Buhay na walang hanggan at hindi na darating sa kahatulan; kundi” (pangnagdaan) “lumipat na mula kamatayan patungong Buhay.” Kita n'yo? Ganoon ito.

²⁸⁴ Kaya naroon ang pangalan ni Judas sa Aklat ng Buhay (tunay nga), pero siya'y hinatulan, dahil anong ginawa niya? Ibinenta niya ang pagkapanganay niya.

Ipinanganak si Esau sa isang pamilya na may pangako ng Diyos. Ang pinaka panganay na anak na lalaki ang may karapatan sa pagkapanganay. Ilan ang nakakaalam nun? Sa pamamagitan ng isang pangako ng Diyos, ang pangalan ni Esau ay nasa aklat para sa karapatan sa pagkapanganay (tama ba?), pero ipinagpalit niya 'yun sa ulam na kalabasang gubat, o mga gisantes. Mas sabik siya na punan ang kanyang tiyan, ang pinagkukunan niya ng pagkain, ipinagpalit niya ang pagkapanganay niya sa pagkain at wala na siyang natagpuang pagkakataon upang magsisi.

²⁸⁵ Ang mga tiktik na 'yun na nagpunta kasama. . . nagtungo roon para tiktikan ang lupain, naparoon sila't kinain pa nga ang mga ubas na dala-dala pabalik nina Josue at Caleb. At sa kabila nun, anong ginawa nila? Ibinenta ang kanilang pagkapanganay.

²⁸⁶ Sabi ni Jesus, o ni Pablo na nagsasalitang kinasihan ni Cristo sa ika-6 na kabanata ng Mga Hebreo: “Sapagkat hindi mangyayari na ang mga dating naliwanagan na, at mga naging kabahagi ng Espiritu Santo, at nakalaspang ng Kapangyarihan ng panahong darating; kung sila'y tatalikod, para maipanumbalik pang muli sa pagsisisi, yamang sa kanilang sarili ay kanilang ipinapako sa krus ang Anak ng Diyos, at umari sa Dugo ng tipan, na nagpabanal sa kanila, na isang di banal na bagay, at

umalipusta sa mga gawa ng biyaya . . .” Imposible na para sa taong ’yun na makabalik pa kailanman.

²⁸⁷ Sila, bawat isa maliban kina Josue at Caleb, ay nangamatay at nalipol sa ilang na ’yun, ganoon pa man ay mga mananampalataya sila, ganoon pa man ang mga pangalan nila’y nasa mga aklat.

²⁸⁸ At dito, nagsasalita si Pablo, kung dumating kailanman ang isang tao sa isang punto na ligtas na siya, at binanal na (ang Dugo ay nagpapabanal; sinasabi ng Mga Hebreo 13:12 at 13 na nagpapabanal ang Dugo), at pagkatapos pupunta mismo sa pintuan ng bautismo ng Espiritu Santo, at dahil sa karangalan o denominasyon ay tumatangging lumakad Dito, sabi, “Ang taong ’yun ay napahamak na’t hindi na kailanman maliligtas” (kita n’yo?); dahil inalipusta niya maging ang mismong mga gawa ng biyaya na tumawag sa kanya sa dakong ’yun at ipinakita ito sa kanya, at pagkatapos tatalikod, lalayo mula rito. Inaari niya ang Dugo ng tipan na doon ay napako siya . . . napako si Cristo na isang di-banal na bagay. Dahil ang Dugo na nagligtas sa kanya, at umaring-ganap sa kanya, at nagpabanal sa kanya ang magdadala sa kanya sa bautismo ng Espiritu Santo. At saka lalayo at iiwan ito . . .

²⁸⁹ Ngayon, masdan n’yo ang pagkakahalintulad. Gumugugol na ako ng maraming oras, pero tingnan n’yo! Tinalunton ni Judas Iscariote ang ganoon ding mga landas na ’yun. Inaring-ganap siya sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Panginoong Jesus at pagkatapos ay tinanggap Siya bilang kanyang personal na Tagapagligtas. Pinaging banal siya at binigyan ng kapangyarihan para magpalayas ng mga espiritu; inilagay ang pangalan niya sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Pero noong dumating na sa Pentecostes at sa bautismo ng Espiritu Santo, sa kapuspusan ng Salita, ipinakita niya ang totoo niyang mga kulay. Ganoon mismo ang ginawa ng mga tiktik sa Canaan; ganoon mismo ang ginawa ni Esau.

²⁹⁰ Ganoon mismo ang ginawa ni Satanas kay Eba sa halamanan ng Eden: “Tunay na ang Diyos ay hindi . . .”

 Pero ang sabi niya, “Sabi ng Diyos . . .”

 Sabi nito, “Oo, alam kong sinasabi nito ang *ganoon*; alam kong sinasabi nito ang *ganito*, pero tiyak . . .” Kita n’yo, ganoon pa rin hanggang dulo, at ganoon din ngayon.

²⁹¹ Tumalunton ang iglesya sa Pag-aaring ganap, kay Martin Luther; sa Pagpapaging banal, kay Wesley. Pero heto, pagdating na sa panahon ng bautismo ng Espiritu Santo, ipinakita nila ang kanilang mga kulay; ayaw nilang magkaroon ng anumang kinalaman Dito. Nazarene, Pilgrim Holiness, Church of God, lahat ng mga ’yun na naniniwala sa pagpapaging banal, hindi mo maituturo ang daliri mo rito; ito’y katotohanan. Pero pagdating na roon sa hangganang-linya, na dumating na sa

puntong 'yun para tanggapin ang Espiritu Santo para sa bagong kapanganakan, pagkatapos anong ginawa ng diyablo? Dumating at tinatangang baluktutin ito. Oh, siya'y . . . gagawin niya ang lahat ng magagawa niya sa kanyang hayag na kapangyarihan para pigilan ang mga tao roon.

²⁹² Dala-dala nila roon, at sinasabi, “Kinakailangan mong makapagsalita sa iba't ibang wika. Kinakailangan mong magkaroon ng isang sensasyon. Kinakailangan mong gawin ang *ganito*.” Kinakailangan n'yong maipanganak dito. Huwag n'yong hahayaan ang sinuman na sabihin sa inyo na ang pagpapabanal at ang Espiritu Santo ay iisa, dahil hindi! Tunay na hindi!

Pakinggan n'yo itong Nazarene dito na sumisigaw, “Hindi pareho.” Kita n'yo? Alam niyang may pagkakaiba rito, dahil tunay na ganoon nga. Si Kapatid na Capps, na magiting nating kapatid. Kita n'yo?

²⁹³ Siyanga't, ang Nazarene . . . Walang sinuman ang makapagsasabi ng salita laban sa kanila na mga mabubuting tao na relihiyoso; sila'y talagang napakababait. Church of God, Nazarene, Free Methodist, ang mga taong ito'y totoo, pero pagdating na roon sa mga gawa ng Espiritu, sinasabi nila, “Oh, oh, ang diyablo 'yan.” At anong ginagawa nila roon? Namumusong sa Espiritu Santo. Kapag ginagawa nila ang ganoon . . .

²⁹⁴ Ngayon, ano ang pamumusong? Walang kapatawaran. Tama ba? “Ang dating naliwanagan na, naging kabahagi, at nakalasp ng mga kaloob ng kalangitan.” Naka- . . . Nakalasp—nakalasp ng pagbabanal ng Diyos: nilinis na sa mga sigarilyo, at maruruming babae, at lahat ng uri ng buhay tulad nun. “At nakalasp ng mga bagay na makalangit.” Ang makita sila na papalapit sa hangganang-linya katulad ng mga tiktik na 'yun na kumain din naman ng bahagi ng mga ubas. Pero anong dapat nilang gawin? Kinailangan nilang kumalas sa kanilang denominasyon para makadako rito. Kita n'yo? Sabihin . . . Kita n'yo? “Nakalasp ng mga kaloob ng kalangitan; yamang sa kanilang sarili ay muli nilang ipinapako sa krus ang Anak ng Diyos; at ibinilang ang Dugo ng tipan na nagpabanal sa kanila na isang bagay na di banal.”

²⁹⁵ Ang pagpapaging banal ay kapag nailagay ang inyong pangalan sa aklat bilang isang mananampalataya. Ang inyong salita . . . Inyong pangalan ay isinulat sa Kanyang Dugo. Kita n'yo? Yun ang ginagawa ng pagpapaging banal; at pagkatapos hahantong lang, gayong pinagkatiwalaan na Niya kayo hanggang sa ganitong kalayo, at pagkatapos ang kahahantungan . . . Sabi nila, “Buweno, alam Niya kaya 'yun?”

²⁹⁶ Oo, alam Niya. Alam Niyang hindi mo ito gagawin sa simula pa lang. Alam Niyang hindi 'yun gagawin ni Judas. Kilala na

Niya ito mula pa sa pasimula; na siya ang anak ng kapahamakan. Pero kinakailangang matupad ang mga bagay na 'yun. Kita n'yo? Kinakailangang matupad ang Salita, ang lahat, bagamat mga tipo't mga anino. Oh, grabe! Maaari nga tayong manatili riyang sa loob ng maraming oras.

370. Kapatid na Branham, noong ipinangusap mo ang mensahe ukol sa pitumpung sanlinggo ng iglesya...pitumpung sanlinggo (Ipagpaumahanhin n'yo.) ni Daniel, naniniwala akong nabanggit mo na ang buong—ang buong huling sanlinggo o huling pitong taon ay magsisimula kapag ang Nobya ay kinuha na sa Pag-agaw.

²⁹⁷ Hindi, hindi, hindi, hindi, hindi, hindi, hindi! Namali ka roon (kita mo?), hindi ang buong pitong sanlinggo. Ang—ang sanlinggo'y nagsimula noong dumating si Jesus sa lupa. Sabi niya, "Ang Mesiyas, Prinsipe, ay darating at magpropopesiya, at sa kalagitnaan ng pitong sanlinggo, Siya'y mahihwalay." At nangaral si Jesus nang eksaktong tatlo at kalahating taon, na kalahati ng pitumpung sanlinggo, ng pitong araw, sanlinggo—mga araw ng sanlinggo. Kita n'yo? At may natitira pang tatlo at kalahating taon.

²⁹⁸ Ngayon, kapag dumating na sina Moises at Elias sa lupa, na binabanggit dun sa Apocalipsis at Zacarias... (Kapatid na Coomer 'yun sa'yo—sa'yo at 'yung tanong ni Kapatid na babaing Coomer diyan ay magkapareho.) Ngayon, noong sila... Kapag ang Zacarias 4 at Apocalipsis 11, 'yung dalawang punongkahoy ng olibo at iba pa, na sina Moises at Elias, pagdating nila sa lupa ay magpropopesiya sila nang sanlibo't dalawang daan at animnapu't apat na araw. Ano ito? Eksaktong tatlo at kalahating taon. Pareho mismo. Hindi... Kita n'yo? Kung sino man ang nagtanong nito. Talagang, talagang, maganda, ang pagkakasulat—pagkakasulat sa papel na may relihiyosong paksa pa rito na nakasaad—mga linya rito't mga bagay-bagay, at napakaganda nito. At isa itong napakainam na tanong, pero (kita mo?) hindi mo ito naunawaan, itong sinabi ko mismo. Hindi ako kailanman naniwalang ang buong pitumpung sanlinggo ay nasa dako rito. Puputulin ang Mesiyas. Ilan ang nakakaalala nun sa pangangaral ko rito? Tunay! Kita n'yo? Pitong sanlinggo.

371. Kung ganoon, para bang 'yung unang tatlo at kalahating taon ay natupad sa panahon ng pagmiministeryo (Buweno, dito'y nakuha mo ito nang tama.) ni—ni Jesus, pero ang pangungusap na, "kagitnaan ng mga sanlinggo" ay para bang inilapat lamang sa pagsira ng anticristo sa kanyang tipan sa... (Hindi, ang anticristong 'yun ay babali sa kanyang tipan sa pagtatapos ng huling tatlo at kalahating taon. Kita mo?) Gaya ng pakakaunawa ko sa teyp ng Daniel, natapos ang unang animnapu't siyam na sanlinggo noong sumakay sa asno si Jesus papasok sa Jerusalem noong A.D. 30, kaya 'yung tatlo at kalahating

taon ng Kanyang pagmiministryo ay kasama na roon sa animnapu't siyam na taon; at ang buong huling mga sanlinggo—at ang buong huling sanlinggo o pitong taon ay magaganap pa lang at mag-uumpisa sa Pag-agaw. Pakilinaw po ito para sa akin.

²⁹⁹ Alam mo, kapatid na lalaki, kapatid na babae, kung sino man ito na nagtanong ng tanong na ito. Napakaganda (kita n'yo?), pero naniniwala akong medyo nalito ka lang sa sinabi ko. Kita n'yo? Ngayon, ang . . . Noong dumating si Jesus sa Jerusalem ('yan nga'y tama mismo), 'yun ang pagtatapos ng . . . Kita n'yo? Pumasok Siya mismo mula roon at ipinakò sa krus. Kita n'yo? At Siya'y—Siya'y nagpropesiya nang kalahati ng pitumpung sanlinggo na tatlo at kalahati. Ngayon, pinutol Siya, at ang Kanyang kaluluwa ay ginawang isang hain. At ngayon, may darating pagkatapos . . . Sa mga huling araw na ito, may tatlo at kalahati pang taon na ipinangako sa—sa mga Judio. At ang . . . sa panahong ito ay 'yun na ang isang pagtitipon ng mga banal para sa Pag-agaw, ang Iglesya.

³⁰⁰ Ngayon, hindi ko matatapos ang lahat ng mga ito, Kapatid na lalaki—Kapatid na lalaki, Kapatid na babae.

372. Maaari mo po bang pakipaliwanag ang Unang Mga Taga-Corinto, kabanata 7, talata 1 at 9? (Hanapin mo nga ito, Kapatid na Navele, Unang Mga Taga-Corinto, kabanata 7, talata 1, sige.)

373. At gagawin ba ng bawat tunay na mananampalataya ang mga gawa na sinabi ni Jesus, gaya ng nakasaad sa San Juan 14:12 (Hindi 'yun dun. Hindi!): magpapagaling ng mga maysakit, magpapalayas ng mga demonyo, bubuhay ng mga patay (Sa tingin ko hindi 'yun dun sa San Juan 14, pero ayos lang. Sa Marcos 16 po ito.), o—o—o ito ba'y si Elias lamang? Kailangan bang gawin ng mananampalataya ang lahat ng 'yun . . . ukol dito . . . na talagang . . . na talagang nananampalataya? At kung isa siyang tunay na mananampalataya talaga, bubuhayin ba niya ang mga patay at gagawa ng mga dakilang himala?

³⁰¹ Ngayon, sa gitna 'yun ng mga mananampalataya. Kita mo? Hindi taglay ng bawat tao ang mga kaloob na 'yun, at hindi ibig sabihin na isang tao lang ang gagawa nun; magkakaroon ng mga grupo ng mga tao. Gaya halimbawa, paano kung—kung may isang munting batang babae tayo rito sa simbahan, o isang munting batang lalaki, o isang tao na mahal na mahal talaga natin, at lilisan ang buhay sa kanila. Magtitipon ang buong iglesya, at mananalangin sila't mag-aayuno: "Panginoon, mahabag Ka po sa batang ito." Kita n'yo? Maaaring buhayin ito ng Diyos.

³⁰² Ilan na ang nakabasa ng *Nicaea Fathers* at ang iba pa? Alam n'yo, ganoon ang ginagawa nila noon sa sinaunang iglesya.

Nagtitipon sila, alam n'yo, at ibinabangon pa nga nila ang kanilang pastor kung minsan at iba't iba pa na kagaya nun, kung nakita ng Diyos na nararapat na gawin 'yun; haya't nagagawa nila noon.

374. Kung ligtas ang iglesya kahit na hindi pa siya umaalis sa Pag-agaw, na sa paniwala ko'y itinuro mo, na kinakailangan niyang dumaan sa kapighatian para sa paglilinis. Pero papaano naman itong mga patay na, paano sila malilinis?

³⁰³ Buweno. Sila na mayroon nun...Ang Nobya nga'y di kailangan ng paglilinis; nilinis na Siya. At 'yung mga—mga—mga patay na noon, itong mga dumaan...Kita n'yo? Hindi nila kailanman tinanggap ang Liwanag na tinanggap ng mga iglesyang ito rito; nabuhay sila sa ilalim ng Pag-aaring ganap sa kanila, Pagpapaging banal, at iba pang gaya nun. Nabuhay sila sa Liwanag na mayroon sila noon, marahil sa—sa paraan na nagdusa sila, at kung ano pa na pinagdaanan nila, sa pag-uusig sa kanila. Pero ngayon, sa panahon ng pag-agaw na tulad nito (kita n'yo?), kinakailangang dumating ang isang panahon ngayon na ang nobyang ito ay (na tumanggi sa bahagi ng Ulo ng Nobya) ay kinakailangang magdusa dahil sa kanyang pagtanggap, dahil hindi naging malinaw ang Ebanghelyo sa kanila noon, gaya ng kung papaanong nilinaw na ito sa inyo ngayon. Kita n'yo? Nakikita n'yo ito nang napakalinaw. Natapos n'yo nang tugaygayin ang lahat ng mga taon na 'yun at mga halimbawa, nabuksan ang mga Tatak, inilatag ang Kapanahunan ng Iglesya, at ang lahat na gaya nun. Talagang napakalinaw na nito na di mo ito mapapalampas. Kita n'yo? At pagkatapos, kung lubos mo pa itong tatanggihan, may isang bagay lang na naghihintay, ang magdusa dahil dito.

³⁰⁴ Nahanap mo na po ba Kapatid na Neville? Kung ano ang tinutukoy nito? Akin ngang...Mas mabuting dumako na ako ngayon, dahil tanghali na masyado. Nakita n'yo? Ako'y... Siyete—siyete, nuwebe...Tingnan natin.

Nguni't kung sila'y hindi makapagpigil, ay magsipagasawa: sapagka't magaling ang magasawa kay sa manganginas ang pita.

³⁰⁵ Buweno. Yan nga'y tumutukoy mismo sa maruming pamumuhay. Sa halip na ang isang lalaki, isang binata, dalaga, o iba pa o kung sino na sila'y nagsasama na at—at alam naman nilang dapat silang maikasal, sige lang at magpakasal kayo. Sa tingin ko'y inyong—inyong nauunawaan ang ibig kong sabihin, hindi ba? Kita n'yo? Huwag kayong mamuhay ng isang maruming pamumuhay riyan, dahil hindi ito tama. Kita n'yo? Kapatid mong babae 'yan sa isang banda, kung isa kang Cristiano. Ngayon, kung sa sanlibutan ito, ito nga'y sa sanlibutan: aso sa aso. Pero itong babae na kinakasama mo,

kapatid mo ring babae 'yan. Yan ang magiging nanay ng iyong—iyong magiging mga anak. Huwag kang mamuhay ng maruming pamumuhay sa piling niya, ipakita mo na ikaw ay isang tunay na maginoong Cristiano. Mamuhay ka nang nararapat sa isang maginoong Cristiano. Kita mo? At tratuhin mo siya na parang kapatid mong babae, at kapag ikinasal na kayo, tratuhin mo pa rin siya nang ganoon.

³⁰⁶ Siguro'y sasagutin ko na ito ngayon. Hindi ako naniniwala sa maruming pamumuhay sa gitna ng mga Pentecostal, na mga taong naniniwala sa kabanalan, kahit na kasal na sila. Hindi ako naniniwala roon. Hindi, po! Ang ilan sa maruruming bagay na ito na—na lubhang kakila-kilabot. . . Napupunta ako rito kung minsan dito sa mga. . . Hindi kaninang umaga, hayan nga, hindi po. Haya't ang ibig kong sabihin may mga pagkakataon na naroon ako sa California at iba't ibang lugar na gaya nun. May mga nakikilala akong mga ministro dun, sa pamamagitan ng espirituwal na pagkilala, pakiramdam ko'y kaya ko silang padapain sa tuhod ko't bibigyan sila ng kaunting "Ebanghelyong pamamalo't pampagising." Siyanga, po! Grabe, ang makita ang isang lalaki na ipagagawa sa kanyang munting asawang babae, ang marumi, at malaswa, na isang. . . Nauunawaan n'yo na ang ibig kong sabihin. Sa tingin ko dapat kayong mahiya sa sarili n'yo bilang isang tao ng Diyos na. . . Maging isa kayong kagalang-galang na asawang lalaki; maging kagiliw-giliw. Galangin mo siya gaya ng paggalang mo sa tuwina sa kanya. Huwag n'yong bigyan ng pansin itong mga, ilan dito na mga walang-. . . mahahalay na libro, o itong mga walang katuturan na ito sa mahahalay na libro, at mga bagay-bagay na binabasa n'yo, at lahat ng kung anu-ano na ito, at lahat ng gaya nun. Alisin n'yo ang maruruming bagay na 'yan sa isipan n'yo.

³⁰⁷ Sinabi ng Biblia na huwag n'yong hayaan ang isa mang maruming pag-uusap sa kalagitnaan n'yo samantalang nag-aangkin kayo ng kabanalan. Tratuhin mo ang munting binibining 'yan na parang siya'y iyong munting sinisinta. Kung siya'y animnapung taong gulang na, maging ganoon ka pa rin. Maging mapitagan ka na kasintahang lalaki; tandaan mo, ganoon ka.

Huwag n'yong susubukan ang anuman dito sa mga makabagong bagay na ito, at alam ko kung anong sinasabi ko. . . At dapat maging asawang-lalaki ka, na isang tunay na kapatid na lalaki, isang tunay na Cristiano.

Alam kong 'yan ay parang. . . Pero ang. . . Mga anak ko kayo. May karapatan akong sabihin kung anong nais ko sa inyo. Kita n'yo? Mga anak ko kayo; mamuhay kayo nang tama.

³⁰⁸ At kayong kababaihan, mamuhay kayo sa tamang paraan sa inyong asawa. At kayong mga asawang lalaki, ipamuhay n'yo ang tama sa inyo. . . sa—sa—sa inyong mga asawa.

Maging talagang, tunay na mabuti't irespeto ang isa't isa na may. . . At sa inyong—inyong relasyon sa pamilya at iba pang gaya nun, ibunsod n'yo na maging mapitagan, at banal, at nagkakasunduan sa pagitan n'yo at sa lahat hangga't maaari. Huwag kayong mamuwersa, at sapilitan, at—at maging marumi at mahalay.

³⁰⁹ Mag-unawaan kayo, kausapin mo ang maybahay mo. Kung—kung ang isang kalikasan ay ganoon sa iyo at ibang kalikasan ang ganoon sa kanya, pag-usapan n'yo ito. Iyong—iyong sikapin din na gawin ang ganoon sa kanya, kapatid na babae. At ganoon din. . . Unawain n'yo ang isa't isa at maging—maging tunay na Cristianong ginoo at tunay na mga Cristianong binibini, at—at magkapatid na lalaki't babae sa isa't isa. Palagi n'yong tatandaan, kayo'y mga anak ng Diyos at kayo'y mula sa isang Maharlikang Pamilya. Kayo'y may maharlikang dugo; wala nang hihigit na dugo sa mundo kaysa 'yang sa inyo. At ganoon nga! At ipinapakita ng isang maharlikang dugo ang sarili nito. Ganoon nga ito, ito'y maharlika. Ang lahat ng naniniwala roon ay magsabi ng, "Amen." [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Siyanga, po! Ipakita n'yo kung ano kayo. Isa akong. . . Ako ang. . . Ako'y anak ng isang Hari, ako'y anak ng Hari. Ang maybahay ko ay isang anak na babae ng isang Hari. Papaano ko itatrato ang anak na babae ng Hari? Papaano niya itatrato ang anak na lalaki ng Hari? Nakikita n'yo na po ba ang ibig kong sabihin? Maging tunay na dalisay.

375. Magkakaroon po ba ng pagkilos ng Espiritu Santo, mga tanda, at mga kababalaghan, at mga himala na gagawin ng Nobya bago Siya umalis, o naghihintay na lamang tayo sa Kanyang pagpapakita?

³¹⁰ Kailangan ko nang magtapos sa isang 'yun, sa palagay ko, dahil sadyang napakarami pa nito na dapat pasadahan. At talagang atrasado na. Beinte minutos na lang at mag-aala una na ngayon, at mayroon akong nasa tatlumpu o apatnapu marahil dito, siguro. Sasagutin ko ito sa pinakamainam kong magagawa na oras. Ako. . . gugugulin ko lang ang susunod na tatlong minuto. Sasagutin ko ang mga ito sa abot ng magagawa ko. Kita n'yo? Hindi ko alam kung kailan ko mapapasadahan ang mga ito; gagawin ko ang lahat ng makakaya ko. Nasisiyahan ba kayo sa mga ito? Ako. . . Nakakatulong din ito sa akin. Kita n'yo?

Ang pumunta rito't damputin ang mga ito nang paganito, bago mo pa man matingnan ang mga ito (kita n'yo?), makakabunot ka ng ilan na hindi mo kayang sagutin, at—at ako'y—ako'y umaasa na ang madadampot ko. . . Alam kong may isa rito na tungkol sa binhi ng serpiyente. Gustong-gusto ko talagang 'yun ang madampot ko; gusto kong ipaliwanag 'yun. Kita n'yo? Pero sa palagay ko'y hindi ko lang mabunot-bunot, kaya kakailanganin ko nang. . . Marahil ayaw ng Panginoon na gawin ito sa ganoong paraan, pero tungkol nga 'yun sa binhi ng

serpiyente. Baka may magsabi kasi sa teyp na, “Buweno, hayan nga, nilampasan niya ’yun.” Ilan po ang kaya pang magtiis nang dalawa pang minuto para rito? Huh? Sige.

³¹¹ Ngayon sandali lang, hayaan n’yong kunin ko muna ang isang ito. Tingnan natin! “Mangyayari ba na ang—ang...?” Hindi. Ang tanong na ito rito ay ganito: “May mga himala bang gagawin ang Nobya?” Siyanga, po! Ginagawa na ito ngayon. Siyanga! Kita n’yo? Pero huwag kayong maghanap ng bagay na enggrande, o pasusunurin ang kalangitan at isasara ang kalangitan, hindi ipauulan. Para ’yun sa—sa mga Judio. Kita n’yo? Hindi ’yun tumutukoy rito sa anumang paraan; ’yun sina Moises at Elias sa mga Judio, hindi sa Iglesyang ito sa anumang paraan. Basahin n’yo ang unang tatlong kabanata ng Apocalipsis; makukuha n’yo kung ano ang Iglesya roon mismo. Ang lahat ng ’yun ay pumapatungkol sa Iglesya. At pagbalik niya kasama ang Nobya, pagbalik niya at... Basahin n’yo... Kung gusto n’yong malaman ang tungkol sa Iglesya, kung ano ang nauukol Dito, basahin n’yo ang unang tatlong kabanata ng Apocalipsis, at saka kayo dumako sa ika-19 na kabanata at umpisahan n’yong magbasa mula roon. Saka n’yo mararating ang Nobya. Ang iba pa nun ay sa mga Judio na roon.

³¹² Ngayon, ’yung tungkol sa binhi ng serpiyente. Hindi ko ’yun mahanap *dito*, dahil, nakita n’yo, talagang makapal na tumpok. Pero ang sabi nung tao, “Kung ang serpiyente—kung ang binhi ba ng serpiyente...” Kita n’yo, ang babae. “Siya’y—siya’y nagkaroon daw ng anak mula sa Panginoon, ang sabi ng babae.”

Buweno, sa tingin ko noong nakaraang Linggo, naipaliwanag ko na kung papaano natanggap ng babae ito mula sa Panginoon. Kung natanggap ba niyang talaga, kung natanggap ba niya ito mula sa Panginoon, kita n’yo, dahil kailangang manggaling ito sa Panginoon, dahil ang batas ng Diyos, ito’y—ito’y tatalima sa Diyos, mismo.

³¹³ Itinalaga Niya na dapat sumikat ang araw, at sumisikat nga ang araw. Itinalaga Niya na bumuhos ang ulan sa matuwid at sa hindi matuwid; ginagawa nga nito. At ang mga binhing itinanim sa anumang bukid, mabuti man ang mga ito o hindi, ay tutubo; binhi kasi ito. At kapag itinanim ang isang binhi, kahit na... .

At ang tanging paraan na maitatanim ng serpiyenteng ito ang binhi, haya’t siya lang ang nag-iisang hayop na kasunod ng tao. Dahil sa ebolusyon ng sangkatauhan, noong ang tao... Nililiman ng Diyos ang lupa... At sinimulan Niyang palitawin ang mga ibon, at ang... mula sa mga ibon ay tumalunton Siya sa iba’t ibang bagay pa, pagkatapos chimpanzee, at pagkatapos ng chimpanzee ay serpiyente naman.

³¹⁴ Ngayon, binago Niya ang serpiyenteng ’yun sa isang paraan (kinailangang mapangyari ’yun) na magpapalito sa henerasyong

ito, na sinusubukang makahanap ng isang buto na mukhang kung anong uri ng hayop na kalahating tao at kalahating hayop, para sabihin na diyan ang tao. . . Hindi nila matalunton mula sa chimpanzee; mangyari nga na 'yung chimpanzee ay walang katalinuhan. Walang kaluluwa ang chimpanzee; at hindi siya nakakapag-isip. Mayroon lang siyang. . . Kaya niyang—kaya niyang. . . Isang—isang ingay lang, at ang kaya lang niya. . . Ang isang kabayo, “dyee,” “haw,” o parang ganoon. Ang isang aso, “Halika rito, Fido, magpakita ka ng trick. Tumalon ka!” At magpatong-patong ng mga bloke at mga bagay na gaya nun, siyanga’t nagagawa nila 'yun sa pamamagitan ng emosyon, sa pamamagitan ng pakikinig, at mga bagay na gaya nun, kikilos-kilos; pero ang makapag-isip at makaunawa, hindi nila kaya. Hindi nila alam na sila’y hubad, hindi nila alam ang lalaki at babae, ang pagkakaiba, parang ganun. Wala silang batas ng mga ganoon. . . ? . . . Kita n’yo? Hindi nila kayang gawin ito. Tanging ang mga tao lang.

At ang susunod sa tao ay ang serpiyente. Ang sabi ng Biblia’y siya ang pinakatuso sa lahat ng mga hayop sa parang. Mas matalino, siya—siya—siya’y halos may kaluluwa. May espasyo siya para sa isang kaluluwa, pero anong ginawa niya? Nagpasakop siya kay Satanas para linlangin ang Diyos, subukin. Ilan ang nauunawaan na ito ngayon?

315 Si Satanas, ang serpiyente, ay halos may kaluluwa. Alam ng Diyos na hahanapin nila ang mga butong 'yun, at wala ni isang buto man sa isang ahas na kawangis sa tao. Siya ay. . . Sumpa 'yun sa kanya. Tumayo siya noon sa kanyang mga paa na gaya ng isang tao.

316 Pansinin n’yo, pagkatapos ang binhing 'yun, na kasunod ng binhi ng tao. . . Si Satanas mismo, ang espiritu, siyanga’t nalalaman niya na 'yun ang tanging binhi na makapagpapabuntis sa babae, mangyari nga na hindi 'yun magagawa ng chimpanzee. Pinaghalo-halo na nga nila ito at lahat na ng iba pa; hindi umubra. Anupa’t alam niya na ang binhi ng buhay na nasa chimpanzee ay hindi makararating sa punlaan ng itlog ng babae; pero alam niya na magagawa 'yun ng binhi ng serpiyente, kaya kinaugnay niya ang serpiyente.

317 At hindi alam ni Adan na maaaring magawa ang akto na ito. Kita n’yo? Ginawa si Eba na babae. Oo, darating din naman sana siya roon sa takdang panahon; pero nakita n’yo, ang soberanya ng Diyos para ipakita ang Kanyang Sarili bilang Tagapagligtas at—at iba pa, gaya ng naipaliwanag ko na nang maraming beses. Anupa’t alam ito ni Satanas, kaya naman lumapit siya sa babae sa unyo ng serpiyenteng ito, na hayop; at isang—isang hayop, at pumunta sa babae. At ang babae’y unang nabuntis kay Satanas.

318 At kung mapapansin n’yo, may dalawang akto lang na ginawa, at may tatlong anak na naisilang. Saliksikin n’yo ang

Kasulatan. Nanganak ang babae ng kambal. Ang isa sa mga 'yun ay binhi ng serpiyente; ang isa naman ay si Abel. Hinikayat ng babae ang kanyang asawa at sinabi. . . Kita n'yo? Pagkatapos ay ipinakita ng babae sa kanyang asawang lalaki kung ano ito, at pagkatapos ay kinasama ng lalaki ang babae, at isinilang nung babae ang batang ito. At gusto ko na inyong. . . para ipakita na nagbuntis siya ng kambal sa pamamagitan ng dalawang magkaibang. . . Siya'y isang. . . Isa'yung babaing birhen.

³¹⁹ Sila'y, kita n'yo, malalakas sila noon. Gaya ng tingnan n'yo rito. Pinakasalan ni Abraham ang sarili niyang kapatid na babae. Aba, kung pinakasalan ng isang lalaki ang kanyang kapatid na babae sa ngayong panahon, ang mga anak niya'y magiging mga kulang-kulang sa pag-iisip. Kita n'yo? Pero ang tao. . . At heto rin si Jacob. . . o—o si Isaac na pinakasalan si Rebekah na sarili niyang pinsan, sariling kadugong pinsan pa nga, magkadugo, kita n'yo, ang anak ng kapatid ni Abraham.

³²⁰ Pansinin n'yo, pansinin ngayon, dito, kita n'yo, mayroong. . . napakalakas ang lahi ng tao noon. Ngayon, kung mapapansin n'yo ay magkakambal na noon pa man. Naroon. . . sina Cain at Abel ay kambal, at sina Esau at Jacob ay kambal. Nagmula sina Jesus at Judas sa iisang angkan at sa iisang iglesya. At ang. . . Maging ang Espiritu Santo at ang anticristo ay magiging magkakambal, "Napakalapit na dadayain maging ang mismong Hinirang kung maaari." Nakukuha n'yo ba? Buweno.

³²¹ Ngayon para patunayan ito, gusto kong kunin n'yo ang Jude. . . sa palagay ko sa ika-17 talata, o sa ika-14 na talata ng Jude at sabi. . . Ngayon, ngayon, pansinin n'yo ito. Ngayon, magsasara na ako. Pansinin. Upang putulin ang buong bagay para itama ito, unang-una'y nagwika Siya, "Pag-aalitin Ko ang iyong binhi at ang binhi ng serpiyente." Kita n'yo? Ngayon, walang binhi ang babae. Samakatwid, kung paano siya nagkaroon ng binhing ito ay sa binhi ni Satanas. Si Cain ay anak ni Satanas. Walang binhi ang babae, kaya tinanggap niya ito sa pamamagitan ng seksuwal na pakikipagtalik. At noong ginawa niya ito, ibinigay ito sa kanya ng kaaway ng Diyos. At pagkatapos, noong bigyan naman siya ng Diyos ng isang Binhi, haya't walang seksuwal Dito sa anumang paraan. Nakukuha n'yo ba? Ang aliping babae at ang kanyang anak ay pinalayas, dahil hindi ito magiging tagapagmana kasama ang babaing malaya at ang kanyang anak.

³²² At pansinin n'yo, pagkatapos ay pinagkalooban siya ng isang Binhi na si Cristo. Hindi itlog ng babae. . . Ngayon, gustong paniwalaan ng mga Protestante na ito'y isang hemoglobin na ipinanganak ng isang birhen, haya't 'yun ang nilikhang Dugo ng Diyos kung saan nakahimlay ang binhi, pero ang sinasabi nila'y itlog daw ito ng babae. Hindi, po! Hindi makakababa ang itlog na 'yun sa tubo patungo sa sinapupunan maliban na magkaroon ng isang sensasyon. Kung ganoon ay ipinagpalagay

n'yong ang Diyos, sa pamamagitan ng isang—isang Espiritu, ay nakikipagtalik sa isang babae. Papaano 'yun mangyayari? Parehong nilikhang sangkap ito ng Diyos, kapwa ang itlog at ang binhi.

323 At Siya ang Anak ng Diyos, hindi anak ni Maria, dahil hindi Niya kailanman tinawag ito na ina. “Babae,” ang itinawag Niya sa kanya, hindi kailanman ina. Siya’y hindi Niya nanay. Yun nga’y ang Anak ng Diyos, at ang Diyos ay Iisa. Nakukuha n’yo ba?

324 Ngayon, isa pang bagay para patunayan ito’t pagtibayin ito, sakali mang may makipagdiskusyunan sa inyo, bumalik kayo rito sa Aklat ni Jude, sa tingin ko dun sa ika-17 talata (sa ika-14 o ika-17 talata), sabi niya, “Ngayon, si Enoc . . .” Gusto n’yo bang basahin ko ito? Mayroon pa bang sapat na oras? Atin—ating . . . at pagkatapos dadako na ako . . . Sige’t para malaman ko, dahil tuluy-tuloy lang dito ’yung teyp, at baka malito tayo—tayo rito ngayon. Titingnan ko lang kung ito ’yung . . . ika-14 na talata:

. . . si Enoc, na ikapito sa bilang mula kay Adan, ay hinulaan naman ang mga bagay na ito, na nagsabi, Narito, dumating ang Panginoon na kasama niya ang kaniyang mga laksalaksang banal,

325 Ngayon, bumalik tayo sa ika-5 kabanata (sa tingin ko’y dun nga) ng Genesis, at pagkatapos ay dumako rin, doon sa Aklat ng Lucas (mahanap ko ito agad) at malalaman n’yo dun sa mga talaan ng lahi, wala saanman sa Biblia . . . Kung . . . Tingnan n’yo! Kung si Noe . . . Kung si Enoc ay ikapito mula kay Adan, sabi ng Biblia, “Si Adan at pagkatapos ang kanyang anak na si Set,” dahil hindi binhi ni Adan si Cain. Ang sabi rito’y naging anak ni Adan si Set, at naging anak ni Set . . . Jared; naging anak ni Jared, pababa hanggang kay Enoc; at si Enoc ang ikapito mula kay Adan. Wala kahit saan na binabanggit diyari na isinama kailanman si Cain sa talaan ng lahi ng Diyos.

326 Ngayon, tingnan n’yo nga’t alamin kung ganoon nga ito o hindi; saliksikin n’yo ito. At heto ang Lucas at inilista muli ang mga pangalan, at tinugaygay ang mula kay Adan. Ni minsan ay di nabanggit si Cain sa kabuoan nito. At kung si Enoc (kita n’yo?) ang ikapito mula kay Adan, saan papasok si Cain? Dahil sinabi ng Biblia na, sa talaan ng lahi, na naging anak ni Adan ang kanyang anak, na si Set. At naging anak ni Set si Jared, at naging anak ni Jared si *Ganito-at-ganoon*, pababa; at hindi nabanggit si Cain kahit minsan. Kung ganoon hindi maaaring anak siya ni Adan. Kaya siguradong anak siya ng serpiyente, at hindi siya maaaring maging anak nang walang pagtatalik. Amen! Dahil kung wala, aba’y ipinanganak sana siya ng birhen, tapos lalabas pang anak siya ng Diyos. Gusto kong lusutan nila ’yan minsan.

³²⁷ Ngayon, ang siya ring Diyos na naghayag nun, ay ang siya ring Diyos na nagsabi sa akin tungkol sa inyong pag-aasawa at diborsyo. Kapag sinasabi Niya ang ganoong mga bagay, Kapatid kong lalaki, Kapatid kong babae. . . Ako'y kapatid n'yo, isang tao. Pero kapag sinabi Niya 'yun, at tumatama 'yun dito, hindi ko ito maipaliwanag sa inyo. Hindi ko na kailangan pang subukan na ipaliwanag ito, dahil hindi ko kaya. Pero hindi pa ito nagkakamali ni minsan. Bagamat, hindi ko rin ito makita mismo, hindi ko ito makita, pero nanghawakan lamang ako rito; at pagkatapos ay unti-unti Niyang inihayag ito, at pagkatapos ako nga'y talagang—talagang namangha ako. Hayun nga ito mismo, at hindi ko 'yun nakita noon. Lalampasan mismo ang inyong—inyong edukasyon, at lalampasan ang inyong mga pagrarason, at lahat ng iba pa; ganoon din na si Cain ay nilampasan.

Ngayon, kung mayroon sana tayong oras para para bumalik dito sa Genesis at simulang basahin. . . Sige't tingnan natin kung makukuha ko lamang ito at mahahanap ito rito. Hindi ko lang matiyak kung—kung mahahanap ko o hindi. Gng. Wood, naaalala mo pa ba noong ipinakita ko 'yun sa iyo noong isang araw? Ano na nga uli. . . Ika-5 kabanata ba 'yun? Sa ika-5, uh, huh. Buweno.

Ito ang aklat ng mga lahi ni Adam. Nang mga araw na lalangin ng Dios ang tao, sa wangis ng Dios ay nilalang. . . siya;

Lalake at babae silang nilalang; at sila'y binasbasan, at tinawag na Adam ang kanilang pangalan, nang araw na sila'y lalangin.

At nabuhay si Adam ng isang daang taon at tatlong pung taon, at nagkaanak ng. . . mga lalaki— at nagkaanak—nagkaanak ng isang lalaking kaniyang wangis, at—at hawig sa kaniyang sariling larawan; at kanyang tinawag ang kaniyang pangalan na. . . (Cain ba? Ha-ha-ha-ha-ha! Ano ang itinawag niya sa kanya na pangalan? Nasaan—nasaan na 'yung unang ipinanganak na siyang may karapatan sa pagkapanganay kung ganoon? Ni hindi man lang siya binanggit. Si Set ang kanyang anak.)

³²⁸ Ngayon, dadako uli tayo rito at hanapin natin kung saan sinabing. . . At binigyan si Eba ng anak, dahil pinatay ni Cain si Abel. Ngayon pansinin n'yo habang nagpapatuloy tayo. Si Adan at mga araw na nilikha. . .

At nabuhay si Adam ng isang daan at tatlong pung taon—nabuhay ng isang daan at tatlong pung taon, at nagkaanak ng isang lalaki—nagkaanak ng isang lalaking kaniyang wangis, na hawig sa kaniyang larawan; at tinawag ang kaniyang pangalan na Set:

At—at ang mga naging araw ni Adam pagkatapos . . . maipanganak si Set ay walong daan at . . . taon: at nagkaanak ng mga lalake at mga babae:

At ang lahat na araw na ikinabuhay ni Adam ay siyam na raan at—at tatlong pu at . . . taon: at siya’y namatay.

At nabuhay si Set ng isang . . . isang daan at limang taon, at naging anak si Enos: . . . (At patuloy hanggang sa ibaba, at siya ang ikapito, si Enoc ang ikapito mula kay Adan.)

Ngayon, hindi ko na naaalala kung saan sa Lucas. Namarkahan mo rin ba 'yun, diyan, Gng. Wood? Siya at ako . . . Ipinapakita ko 'yun sa kanya noong isang araw doon sa . . . Anong sabi? [Nakikipag-usap si Kapatid na babaing Wood kay Kapatid na Branham—Pat.] Naniniwala akong tama ka, Kapatid na babaing Wood. Minarkahan namin 'yun doon sa kanyang aklat, kung saan kami, o, sa kanyang Biblia, kung saan ko 'yun ipinakita. Heto 'yun, oo, talaan ng lahi. Buweno.

³²⁹ Ngayon, kung mapapansin natin dito . . . Sa ika-3 kabanata ng Lucas ay makukuha natin ang ganoon din. “. . . na ang mga anak at iba pa . . . at si Noe, na kay Lamec, na mga anak naman ni Matusalem, na anak naman ni Enoc, na anak ni Jared, na anak ni Mahalaleel, na anak ni Cainan, na anak ni Enos, na anak ni Set, na anak ni Adan, na anak ng Diyos.” Saan pumasok si Cain? Nasaan dun si Cain, ang panganay? Ang karapatan ng pagkapanganay ay kanya; saan siya nanggaling? Siya ang binhi ni Satanas, at hindi sa Diyos. Hindi rin naman kay Adan, dahil ang pangalan ng anak ni Adan ay—ay Set. Si Cain, ang binhi ng serpiyente, pinatay ang una niyang anak na isang tipo't anino rin ng serpiyente na pinatay ang isa pa niyang anak, si Jesus. At pumalit sa lugar niya si Set sa talaan ng lahi, na ang ibig ipahiwatig ay yaong pagkabuhay na mag-uli, para ang talaan ng lahi ng Diyos ay ganap na maipagpatuloy.

³³⁰ Gusto kong makita kung may makakapagposisyon sa kanya roon ngayon at sasabihin na hindi ito binhi ng serpiyente. Hindi ito kinilala sa talaan ng lahi ng Diyos, maging sa talaan ng lahi ng tao, sa talaan ng lahi ni Adan, wala roon dun sa lahat ng iba pa. Tama ba? Ilan ang naniniwala rito, magsabi ng, “Amen.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Tunay. Hindi siya; siya ang binhi ng serpiyente at hindi binhi ni Adan!

³³¹ Ang sabi ni Eba na anak daw 'yun ni Adan. Hindi ito anak ni Adan. Ang sinabi niya'y, “Nagkaanak ako mula sa Panginoon.” At kailangan nga niyang sabihin 'yun, dahil isa itong binhi. Binhi ito, pero binhi ito ng serpiyente. Kita n'yo?

³³² At kinakailangan ni Jesus dumating sa isang birhen para linisin ang seksuwal na aktong 'yun na ginawa. Inilagay si Adan dito sa lupa, pero hindi niya—hindi niya kailanman nalaman na magiging tatay siya. Nauunawaan n'yo ang ibig kong sabihin.

Alam ito ni Satanas, nauna na siya kay Eba bago pa man si Adan. At 'yan ang naging dahilan ng lahat ng ito sa ngayon. At kapatid, 'yan ang nagpagulo nang husto sa pag-aasawa't diborsyo at lahat ng bagay sa kinahantungan nito ngayon. Kalunos-lunos nga. Kita n'yo? Pero ako . . . naglaan ng daan ang Diyos, na atin ngang ipinagpapasalamat.

³³³ Iniibig n'yo ba Siya? Hindi ba't Siya'y kahanga-hanga? Ngayon, tama ba ang tungkol sa binhi ng serpiyente? Naisip kong baka may kung sino sa teyp na . . . baka isipin na takot akong talakayin ito. Kita n'yo? Baka sabihin nila, "Aba, dalawang beses niya itong nilaktawan. Talagang natatakot siyang talakayin ito." Hindi tayo ganoon. Hangga't naroon ang Panginoon, magiging maayos ang lahat.

Alam n'yo kung ano? Gaya ng sabi ko, ang agilang 'yun noong sandali na 'yun na pinanood ko, pinapakiramdam ko ang kanyang mga pakpak, alam n'yo. Sa isip-isip ko, "Hindi ka ba natatakot sa akin?" Nakalapag doon ang baril ko; sabi ko, "Puwede kitang barilin." Alam niyang hindi ko siya kayang barilin; napakalayo ko mula sa baril na 'yun. Sabi ko, "Natatakot ka ba?" Idinilat lang niya ang kanyang malalaking mata at tiningnan ako. Naroon ang isang maliit na chipmunk na naggaganito, "Cha, cha, cha, cha, cha, cha, cha; pagpipira-pirasuhin kita, pagpipira-pirasuhin ka!" Hindi niya pinapansin 'yung chipmunk, pero narindi na siya marahil sa kanya. Kaya ilang saglit pa, kumampay lang siya nang isang malaking kampanya, pumailanlang nang paganoon, at basta iniladlad lang ang mga pakpak niya. At alam niya kung paano kontrolin ang mga pagkpak na 'yun, haya't basta na lamang siyang lumipad nang diretso hanggang mawala sa paningin ko. Kita n'yo? Nakita ko na lamang siya na naging isang napakaliit na tuldok na paganoon, isang maliit na lang na tuldok.

³³⁴ Kapatid na Fred, sa tingin ko'y naipakita ko na sa iyo. Nakita ko si Kapatid na Fred diyan sa likod ngayon, nung sumigaw siya ng "Amen!" kanina. Sa tingin ko—sa tingin ko'y naipakita ko sa iyo 'yung tuldok sa itaas doon, at kay Kapatid na Wood, saan ka man naroroon, naroon 'yun sa dako roon ng kabundukan doon sa itaas, kung saan 'yun naganap. Nakita ko ang agilang 'yun. Ako . . . Napuwersa siyang bumaba sa bagyong 'yun, at nakatayo ako sa likod nitong punongkahoy.

³³⁵ Nangangaso ako ng usang elk (at mga ilang sandali pa), at Oktubre noon, at may mga niyebe't mga bagay-bagay. Naroon ang kapatid na ito rito noong nakaraang taglagas kasama namin, si Kapatid na John at ang iba pa, doon mismo sa tuktok ng Corral Peak haya't doon nga ito.

³³⁶ Tumayo ako roon, at tumayo ako sa likod nitong puno. Nagniniyebe nang kaunti at umuulan nang kaunti, at nakatayo lang ako roon. Naroon ang agilang 'yun, at napuwersa siyang

bumaba. Lumipad siya paitaas doon, talagang napakalaki, mukhang dambuhalang nilalang, isang malaking, kulay-kapeng agila. Nakaupo roon at tumitingin-tingin sa paligid, sa isip-isip ko, “Buweno. . .” Ako—ako nga’y nagtatamasa ng isang—isang maluwalhating panahon. Sumisigaw ako, “Purihin ang Panginoon! Hallelujah!” Umikot nang umikot nang umikot ako sa palumpong, na sumisigaw nang paganoon. Tumingin ako roon sa ibaba; naririnig ko ’yung matandang koyote na umaalulong. Alam n’yo na kung paano sila umalulong.

³³⁷ Noong nakaraang taon doon, noong. . . bago lang magsimulang mag-uulan, hudyat silang aalulong; isa ’yung maliit na lobo, alam n’yo. Gustong-gusto ko talagang naririnig sila.

³³⁸ Pagkatapos naririnig ko ’yung usang elk sa dako rito, ’yung “Whee hoo,” na tambuli. At sa dako rito ay sinasagot siya nung kapares niya. (Sa susunod na linggo, sa linggo pagkatapos nitong susunod, mangangaso ako, loobin ng Panginoon.) Hayan nga, kapag naririnig ko ’yun sa dako roon, oh, talagang napakamaluwalhati na makadako roon sa itaas. Oh, ako—ako nga’y. . . Yun—’yun ang katedral ko sa itaas doon kung saan ako nakikipag-usap sa Kanya, at pagkatapos bababa na rito’t makikipag-usap naman sa inyo. Kita n’yo?

³³⁹ At sa itaas doon, oh, napakaganda, talagang makakapagpahinga ka. Nakatayo nga ako roon, sa isip-isip ko, “Oh, Diyos. . .” tumingin ako, pagkatapos nga’y umulan na, at nagyelo ’yung mga punong evergreen, at lumitaw ang isang bahaghari dun mula Coral Peak hanggang doon sa Sheep Mountain, pakurba sa gawi roon, patalunton sa gawing ’yun. At naisip ko, “Oh, Diyos, hayun nga. Umm,” sa isip-isip ko, “narito Ka, Alpha at Omega, ang Simula at ang Wakas. Heto ito na bumababa’t narito, naroon. Ikaw ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman, ang Pitong Kapanahunan ng Iglesya, ang Pitong Kandelong Ginto. Hayan Ka, Diyos, kahanga-hanga Kang talaga.”

³⁴⁰ At sumisigaw lang ako, inilapag ko ang barrel ko; umikot ako sa puno na sumisigaw, “Luwalhatiin ang Diyos! Purihin ang Panginoon,” paikot-ikot sa puno nang paganoon. Nagtatamasa lang ako ng napakamaluwalhating panahon sa itaas doon nang mag-isa, ang Panginoon lang at ako, alam n’yo.

³⁴¹ At pagkaraan ng ilang saglit ay lumabas ang agilang ’yun mula roon sa kumpol ng dawagan at tiningnan lamang ako. Sa isip-isip ko, “Buweno, ayaw mo nun?” Sabi ko, “Kaibigan, sinasamba ko lamang ang siya ring Diyos na gumawa sa iyo.” Kita n’yo? Ikinurap lang niya ang kanyang napakalaking kulay-abong mga mata at tumingin sa akin, at ako’y sumisigaw nang paganoon.

342 May isang munting, pine squirrel (sinuman na nakapangaso na sa kabundukan, 'yun—'yun ang pulis ng kakahuyan), at lumundag 'yun sa ibabaw roon (isang munting hayop, hindi kalakihan para makapinsala o ano man, pero oh, napakaingay)—at lumundag dun, palundag-lundag taas-baba, alam n'yo, "Yah, yah, yah, yah, yah—yah, yah, yah, yah, yah, yah," tuluy-tuloy sa pagganoon.

343 At pinapanood siya nung agila; titingin din siya sa akin. Sa loob-loob ko, "Naku, Panginoon, buveno, bakit Mo ako pinahinto sa bagay na tulad nito?" Kita n'yo? Sabi ko, "Dahil, alam Mo, na sumasamba ako sa Iyo. May gusto Ka bang ipakita sa akin sa agilang 'yun?" Sabi ko, "Pag-aaralan ko siya, o 'yung pine squirrel kaya?" Tumayo ako roon at pinanood sila; sa loob-loob ko, "Pag-aaralan ko siya pansumandali." Sabi ko, "Isang bagay ang napansin ko sa kanya, hindi siya natatakot." Gusto ko 'yun, hindi natatakot. Tumayo siya roon, ang napakalaking ibon na 'yun; sabi ko, "Alam mo kung ano?" (Nakasandal 'yung baril ko sa isang puno.) Sabi ko, "Alam mo bang puwede kitang barilin?" Aba'y alam niya na hindi mangyayari 'yun; alam niya ang isang bagay: hindi ko 'yun gagawin; labis ko kasi siyang hinahangaan. Kita n'yo? Hayun siya't nakatayo roon, hindi natatakot ni katiting man.

344 At sa isip-isip ko, "Puwede kitang barilin." Ngayon, nakita ko siya; tumitingin-tingin siya sa akin nang paganoon. At abala niyang inaayos ang mga pakpak niya, alam n'yo, inilalagay sa likod. Alam n'yo na kung paano nila pinapaganoon, ang mga pakpak nila, alam n'yo. Malalaking pakpak talaga na mga *ganito* kahaba, alam n'yo, at malaki siyang ibon. Nakaupo siya roon, at tinitingnan ko siya. (Matagal-tagal na ito't bago ko pa nalaman ang mga bagay na ito; maraming taon na ang nakalipas, siguro dalawampung taon na ang nakalipas.)

345 At pinagmasdan ko siya. Pagkaraan ng ilang saglit, nakita ko siya; naisip ko, "Ano kayang—ano kayang...Hindi siya natatakot, kaya hanga ako roon. Ngayon, ano ba ang kadakidakila sa agila na 'yan?" Nakikita ko ang kahanga-hanga't, malaking, kalawit na tuka na nakausli nang paganoon, at 'yung malalaking mata, sa loob-loob ko, "Naku, kahanga-hangang ibon nga siya."

346 Ngayon, walang...Ang isang lawin, kung susubukan nitong sumunod sa kanya, magkakalasog-lasog siya. Walang makakasunod sa agila. Wala, wala! Mangangailangan ng eroplano para gawin 'yun. Siyanga, po! Walang ibon ang makakasunod sa kanya, talagang, pumapaitaas siya nang napakataas. At pagkatapos, mayroon siyang mga mata; nakakakita nga siya na abot hanggang lupa, matapos na makapailanlang siya sa taas, nakikita niya ang napakalayo.

347 Ngayon, inihalintulad ni Jehovah ang mga propeta Niya sa mga agila (kita n'yo?); iniaangat Niya sila nang paganoon. Kinakailangan espesyal ang pagkakagawa sa kanila. Tingnan natin. Itinalaga na noong una pa lang, ipinanganak para sa ganoong layunin (kita n'yo?), iaangat nang paganoon. At pagkatapos inyong . . . Anong pakinabang na makaakyat ka nga roon kung hindi mo rin naman makikita kung nasaan ka? Kita n'yo? Anong silbi na makapunta ka roon sa itaas kung hindi mo naman alam ang ginagawa mo? Kita n'yo, kita n'yo?

348 Anong silbi nang patalon-talon, paghiyaw at pagsasalita ng iba't ibang wika, kung hindi mo naman alam kung anong tungkol dito? Kita n'yo, kita n'yo? Kinakailangan mong maunawaan habang naroon ka. Kita n'yo?

349 Kaya pagkatapos, pinanonood ko siya, alam n'yo, habang palipat-lipat siya roon. Patuloy kong . . . talagang hanga ako sa kanya; napakaganda niyang ibon. At ganoon pa man, malamang ay kainin niya ang ilan sa mga karne ko ng usa at mga bagay na aking . . . Pinanonood ko siya, at pagkaraan ng ilang saglit naisip ko, “Alam mo, ano—ano kaya ang kanyang . . .”

350 Maya-maya napagod na siya. Sa tingin ko naman ay di siya napagod sa katitingin sa akin, pero sa tingin ko'y narindi siya sa maliit na chipmunk na nakaupo roon. Alam n'yo, napakarami tayo na tulad nila sa kamento sa panahong ito. Alam n'yo ba? Kita n'yo? “Cha, cha, cha! Lumipas na ang mga araw ng himala! Walang ganyang bagay na gaya ng Makalangit na pagpapagaling. Wala nang mga ganitong bagay!” Kita n'yo? Munting makalupang chipmunk na nakaupo roon sa pinagputulan ng puno. “Kinakailangan mong mapa-anib sa *ganito*. Kami—kami—kami ang . . .” Kita n'yo? Nakaupo roon na paulit-ulit ang pagdada. Oh, nanginginig-nginig pa nga siya, nanginginig siya nang husto.

351 Narindi siya sa pakikinig dito, at bigla na lang siyang tumalon nang isang mataas, at malaking talon, at talagang naalog ang sangang 'yun kung saan siya nakaupo, nang paganoon. Umalog 'yung sanga, nang paganoon, at pumailanlang na siya. Kita n'yo, ikinampay niya 'yung mga pakpak niya't humawi sa mga kakahuyan dun. At noong gawin niya, napansin ko siya. Kita n'yo? Hindi siya takot, dahil ramdam niya ang kampany ng mga pakpak na bigay sa kanya ng Diyos. Alam niyang kaya ng mga pakpak na 'yun na dalhin siya palayo mula sa anumang uri ng panganib. Kita n'yo?

352 At kaya, ganoon ang gusto nating maramdaman. Ito ang Salita, at Yaong sumulat ng Salita ay ang mga Pakpak ko. Hindi ako takot sa Salita; dadalhin ka Nito para makaalpas hanggang dulo sa anumang uri ng problemang mayroon. Isa 'yung Tabak na hahawi sa daan Nito nang dire-diretso hanggang sa dulo. Huwag kayong mag-aalala tungkol dito kailanman. Kita n'yo?

353 Napansin ko siya sa oras na 'yun. Hindi siya kumampay, iniladlad lang niya ang mga pakpak niya. Kita n'yo? At 'yun, sa tuwing ihip ang hangin, pumapailanlang siya mismo, papataas nang papataas.

Tumayo ako roon, at hinalukipkip ang mga bisig ko, at pinagmasdan ko siya hanggang sa maging isa na lamang siyang maliit na tuldok na halos hindi ko na siya makita. At sa loob-loob ko, "Diyos, 'yun na ito." Hindi tatakbo't aanib *dito*, at tatakbo't aanib *doon*, at gawin ang *ganito*, *ganoon*, o ang *iba pa*; ilaladlad at ilaladlad mo lang ang mga pakpak mo (kita n'yo?); batid kung papaano mo ilaladlad ang mga pakpak ng pananampalataya mo patungo sa Salita ng Diyos, at papailanlang palayo mula sa lahat ng mga walang kabuluhang dada rito at dada roon. Oo! "Ang kalangitan at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking Salita ay hindi kailanman mabibigo."

354 Ngayon, mayroon akong mga dalawampu n'yo uli mamayang hapon. Ngayon, kayo na sasalang. . . na nasa mga panayam para mamayang hapon, sige't, makipagkita kayo kay Billy, dahil sa tingin ko susubukan nilang magsimula nang medyo maaga-aga para matapos ko silang lahat. Kung magagawa ko, gusto kong matapos ang bawat isa sa kanila sa abot ng kaya kong matapos. At ginawa ko ito, hindi dahil. . .haya't hindi ito alam ni Billy, kita n'yo, pero ang isip ko'y labis na hapo na pagkatapos ng mga dalawampung pangitain doon kaninang umaga, kita n'yo, hanggang sa ito. . . o kung ano man ito. Para bang dinadala ka nito sa isang. . . At sabi ni Billy, "Bakit hindi ka muna lumabas at marahil magpahinga nang kaunti. . . Magpahinga ka, lumabas ka, at sagutin ang ilan sa mga tanong doon."

At sabi ko, "May pagmemensahe si Kapatid na Neville."

Sabi, "Pupunta ako't sasabihin sa kanya." Nagpunta nga siya.

Sabi ni Kapatid na Neville, "Pumunta po kayo!" Kaya naman, tumayo ako at pumunta rito. At ang ilan sa kanila ay nakaantabay para sa mamayang hapon na ito. Pasensya na po kung pinatagal ko kayo rito hanggang ala una, pero ako'y. . . palagay ko kailangan kong umalis sa makalawa, para bumalik muli sa Arizona.

355 Tandaan n'yo, loobin ng Panginoon, sa susunod na pagbalik ko, gusto kong mangaral tungkol sa, sa inyo, tungkol sa. . . ipapakita ko sa inyo ang Kasulatan sa kawastuhan ng pag-aasawa at diborsyo. Ito. . . At ngayon. . . At pagkatapos, talakayin mismo ito. . . Ilalatag ito sa paraan kung paano talaga ito, pagkatapos ay makikita n'yo na ito mula sa sandali na 'yan. Kaya hanggang sa sandaling 'yun, magpakatatag kayo; pagpalain kayo ng Panginoon nang talagang sagana. Maaari ba tayong tumayo? [Isang kapatid na babae ang nagpropropesiya. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Purihin ang Panginoon.

I love Him, I love Him, (Iniibig n'yo ba?)
 Because He first loved me,
 And purchased my salvation
 On Calvary's tree.

356 Iniibig n'yo ba Siya? Ngayon, magkamayan tayo, habang umaawit tayong muli.

I love Him, I love Him,
 Because He first loved me,
 And purchased my salvation
 On Calvary's tree.

357 Oh, hindi ba't talagang kamangha-mangha 'yun? Oh, grabe! Gusto ni Billy na ipabatid ko, na pagkatapos ng pagbabasbas, mayroon siyang pabatid sa mga tao rito na nagnanais ng mga pribadong panayam. Kita n'yo? Gusto niyang makipagkita sa inyo sa loob lamang ng ilang minuto. Pero haya't nadarama ko ngayon, na ilaan ang kaunting sandali na ito sa pagsamba. Ang mga ito . . . Hindi nga ba't gustong-gusto n'yo Siyang sambahin sa Espiritu? Uh-huh.

And purchased my salvation
 On Calvary's tree.

358 Hindi ba't kamangha-mangha ito? Oh, iniibig ko—iniibig ko Siya. Sa puso ko'y iniibig ko Siya, kung batid ko ang puso ko. Naniniwala akong kayo rin naman. Hayan nga na tayo'y mga anak Niya. Nag-iibigan tayo sa isa't isa. Ngayon, hindi ko Siya maaaring ibigin nang hindi kayo iniibig. At kung sinasabi kong iniibig ko Siya at hindi naman kayo iniibig, sinabi ng Biblia na isa akong sinungaling. Kita n'yo? At kung ako . . . Kung nais n'yong—kung nagnanais kayong mahal in ako o mahal in ang pamilya ko . . . Kung papipiliin, alin ang gusto kong gawin n'yo, mahal in ako o mahal in n'yo ang pamilya ko; mahal in n'yo ang pamilya ko. Mas pipiliin ko na mahal in n'yo si Billy Paul kaysa mahal in n'yo ako. Kung dumating sa ganoong uri ng pagtutuos, mas gugustuhin kong gawin n'yo ito. Gusto kong makinig kayo sa akin, dahil hindi isang ministro si Billy. Pero gusto kong makinig kayo sa akin, kung anong sinasabi ko sa inyo; pero kapag . . . kung gusto n'yong mahal in ang isang tao, mahal in n'yo talaga sila, na sasabihin n'yo, "Gusto kong mahal in alinman sa inyo ni Billy," mahal in n'yo si Billy. Kita n'yo? Ganoon din ang damdamin ng Diyos sa atin. At hindi natin magagawa . . . Kung ganoon malalaman ko na hindi n'yo magagawang mahal in si Billy nang hindi n'yo ako minamahal, dahil bahagi ko siya. Kita n'yo? Kaya hindi ko maiibig ang Diyos nang hindi kayo minamahal, dahil bahagi kayo ng Diyos. At minamahal natin ang isa't isa. Oh, sa tingin ko'y napakaganda nito. Hindi ba't sa tingin n'yo ang mga awitin na ito'y gumaganda pagkatapos na magkaroon tayo ng mga bagay na ito, ng pagsagot sa mga bagay

na ito, kung saan inilagay tayo nito sa isang pasikut-sikot na kalagayan? Uhm, uhm, oh sobrang totoo.

I love Him, I love Him,
Because He first loved me,
And purchased my salvation
On Calvary's tree.
Oh, they'll come from the east and . . .



MGA TANONG AT MGA SAGOT TAG64-0830M
(Questions and Answers)

PAG-UUGALI, PAGSASAAYOS, AT DOKTRINA NG IGLESYA

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Agosto 30, 1964, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A, ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org